
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2015

# Liahona



## Paano Pinagpala ng Tagapagligtas ang Kababaihang May Pananampalataya, p. 32

**Bakit at Paano Ipagtatanggol ang Kalayaan sa Relihiyon, p. 16**

**Ang Tamang Paraan ng Paglutas sa mga Tanong, p. 38**



*"At sinabi [ni Jesus] sa kanila, Dahil sa kakauntian ng inyong pananampalataya: sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito'y lilipat; at sa inyo'y hindi may pangyayari."*

Mateo 17:20

Ang mga binhing ito ng mustasa, na lumalago sa mga supot ng buto [pods], ay ang klaseng matatagpuan sa Israel. Ang pin, na mahigit isang pulgada (3 cm) lamang ang haba, ay isinama para ipakita kung gaano kaliit ang mga butil.

# Liahona, Marso 2015



7


## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Yakap ng mga Bisig ng Kanyang Pagmamahal**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang mga Katangian ni Jesucristo—Matiisin at Matiyaga**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

16 **Tumayo Bilang mga Saksi ng Diyos**
Ni Elder Dallin H. Oaks
*Sa daigdig na humahamon sa ating mga pangunahing paniniwala, kailangan nating magkaisa na igiit ang ating karapatang ipamuhay nang malaya ang ating relihiyon.*

24 **Paghihimagsik ni Satanas**
Ni Mark A. Barrionuevo
*Ang pag-unawa sa paghihimagsik ni Satanas sa buhay bago tayo isinilang ay makakatulong para makita natin nang malinaw ang papel ng mga tuntunin, pamantayan, at batas sa plano ng Ama sa Langit.*

28 **Kumapit Sa Gabay na Bakal**
Ni Elder Ulisses Soares
*Paano tayo kakapit nang mahigpit sa gabay na bakal nang hindi bumibitaw, kahit sa gitna ng abu-abong kadiliman?*

32 **Ang Paggalang ng Tagapagligtas sa Kababaihan**
Nina Robert at Marie Lund

38 **Kapag Nagkaroon ng mga Pag-aalinlangan at mga Tanong**
Ni Adam C. Olson
*Hindi pag-aalinlangan tungkol sa ebanghelyo ang problema—ang* ginagawa *natin tungkol dito ang mahalaga.*

## MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2014**

10 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pag-uusap tungkol sa Mahihirap na Paksa**
Ni Sheree Lyn Clarke

13 **Pagninilay Lolo, Ama**
Ni Aaron L. West


14 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Bawat Pagsubok ay Maaaring Magpalakas ng Pananampalataya**
Ni Giorgia Murgia

42 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Nakatayo sa Bato**
Ni Elder Orson F. Whitney


**SA PABALAT**
Harap: *Rabboni,* ni Michael Malm. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni David Stoker. Pabalat sa loob sa likod: Paglalarawan ni Cody Bell.

MGA YOUNG ADULT





**46 Ang Natutuhan Namin mula sa Aming mga Magulang**
*Paano magtrabaho, manalangin, at umasa sa Ama sa Langit—ilan lamang sa mga aral na natututuhan ng mga young adult mula sa kanilang mga magulang.*

**50 Isang Bagong Destinasyon**
Ni Amancay Kotecka-Miño
*Dahil sa aking patotoo, nauunawaan ko na ngayon na hindi ako nag-iisa, saanmang destinasyon ako mapunta sa buhay.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Nakakapagpahinga ba kayong mabuti tuwing Linggo ng umaga?***

MGA KABATAAN


**52 Lakas na Higit pa sa Ating Taglay**
Ni Elder David A. Bednar
*Ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay tumutulong sa mga taong gustong magpakabuti at maglingkod nang mas tapat.*

**56 Huwag Husgahan Kung Sino ang Handa**
Ni Randall L. Ridd
*Hindi ninyo masasabi kung sino ang handang tumanggap ng ebanghelyo.*

**58 Magkaroon ng Lakas-ng-Loob na Ibahagi ang Ebanghelyo**
*Tatlong paraan na malalabanan natin ang takot na magbahagi ng ebanghelyo.*

**60 Alalahanin na Sila ang Magpapasiya**
*Ang tagumpay sa pagbabahagi ng ebanghelyo ay depende sa ginagawa* ninyo*—hindi sa ginagawa ng iba.*

**62 Mag-imbita at Mag-follow Up**





MGA BATA





**66 Pagsasabi ng mga Sekreto**
Ni David Dickson
*May ilang lihim na napakahalagang itago.*

**68 Kailan Ako Dapat Magkuwento?**
Ni Jan Pinborough
*Paano ko malalaman kung dapat kong itago o ikuwento ang lihim?*

**69 Natatanging Saksi: Bakit tayo dapat makinig sa pangkalahatang kumperensya?**
Ni Elder Robert D. Hales

**70 Paghahanda para sa Paskua**

**72 Dagliang Pagkaunawa**
Ni Richard M. Romney
*Basahin kung paano ipinadama ni Magnolia sa kanyang bagong kaibigang si Mia na kabilang ito sa Primary.*

**74 Oras para sa Banal na Kasulatan: Ang Kuwento Tungkol sa Taong Matalino at sa Taong Mangmang**
Ni Jean Bingham

**76 Pahinang Kukulayan**

**77 Mga Banal na Kasulatan sa Ilalim ng mga Bituin**
Ni Bonnie L. Oscarson

**78 Para sa Malililit na Bata: Pagtulog nang Maaga sa Araw ng Sabado at Pagngiti sa Araw ng Linggo**
Ni Miche Barbosa

**MARSO 2015 TOMO 18 BLG. 3**
**LIAHONA 12563 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Lisa C. López
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
March 2015 Vol. 18 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Kapag Nagkaroon ng mga Pag-aalinlangan at Tanong,"** pahina 38: Matapos basahin ang artikulo, isiping talakayin bilang pamilya ang pagkakaiba ng mga tanong at pag-aalinlangan. Basahin ang mga salaysay tungkol sa mga tao sa mga banal na kasulatan na nagkaroon ng mga tanong at kung ano ang ginawa nila tungkol sa mga ito (halimbawa, 1 Nephi 11; Eter 2:19–3:16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:10–19; o ang mga reperensya sa ilalim ng endnote 1 sa artikulo).

Maaari ninyong hilingin sa ilang miyembro ng pamilya na banggitin ang ilang tanong nila. Pagkatapos ay gamitin ang mga banal na kasulatan, lds.org/topics, o mga personal na karanasan para mahanap ang mga sagot. Ang pagpapaibayo ng integridad at katapatan sa tahanan ay makakatulong sa mga miyembro ng pamilya na magtanong nang walang pangamba anuman ang maisip nila.

**"Paghahanda para sa Paskua,"** pahina 70: Bago mag-family home evening, maaari ninyong isulat sa mga piraso ng papel ang ilang hamon sa araw-araw. Halimbawa, "Nagalit ka nang ayaw kang pahiramin ng kapatid mo ng laruan," o "Napansin mo isang gabi na mukhang malungkot ang tatay mo pag-uwi niya mula sa trabaho." Hilingin sa inyong mga anak na maghalinhinan sa pagpili ng isang papel, pagbasa sa sitwasyon, at pagmungkahi kung paano nila matutularan ang Tagapagligtas sa sitwasyong iyon. Simulan ang aktibidad sa Paskua na nasa artikulong ito at anyayahan ang bawat anak ninyo na tanggapin ang hamon na alamin ang tungkol kay Jesucristo at sundan ang Kanyang halimbawa sa loob ng pitong araw.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *16, 77*
***Araw ng Sabbath,*** *78*
***Biyaya,*** *52*
***Gawaing misyonero,*** *50, 52, 56, 58, 60, 62*
***Jesucristo,*** *4, 7, 32, 52, 70, 74*
***Kababaihan,*** *32*
***Kalayaan,*** *24, 60*
***Kalayaan,*** *16*
***Kapanatagan, pag-alo,*** *4, 14*
***Pag-aaral ng banal na kasulatan,*** *43, 77, 74*
***Pagbabalik-loob,*** *50*
***Pagbabayad-sala,*** *4, 52, 70*
***Paghahayag,*** *38, 69, 80*
***Pagiging magulang,*** *10, 46*
***Pagkakaibigan,*** *66, 72*
***Paglilingkod,*** *44, 72*
***Pagmamahal, pag-ibig,*** *44*
***Pagsisisi,*** *28, 50*
***Pagsubok, mga,*** *14, 42*
***Pagsunod,*** *16, 24, 28, 38, 45*
***Pamana,*** *13*
***Pamilya,*** *10, 14, 46*
***Panalangin,*** *16, 42*
***Pananampalataya,*** *14, 32, 38*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *45, 69*
***Panunumbalik,*** *80*
***Pasensya, tiyaga,*** *7*
***Paskua,*** *32, 70*
***Patotoo,*** *38, 50, 74, 77*
***Propeta, mga,*** *45, 80*
***Sekreto mga,*** *66, 68*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# YAKAP NG mga Bisig ng Kanyang Pagmamahal

Tulad ng marami, ako ay madalas mabigyang-inspirasyon ng magagandang gawang-sining at musika. Isa sa gayong mga pagkakataon ay noong nasa harapan ako ng isang painting na napakahusay na iginuhit ng Danish artist na si Frans Schwarz na may pamagat na *The Agony in the Garden*.[1]

Makikita sa napakagandang painting na ito ang Tagapagligtas na nakaluhod sa Halamanan ng Getsemani. Habang nananalangin Siya, isang anghel ang tumayo sa Kanyang tabi, niyakap Siya ng mga bisig ng pagmamahal, nagbigay ng kapanatagan, makalangit na tulong, at suporta.

Habang iniisip ang ipinintang larawang ito, mas lalong napuspos ang aking puso't isipan ng hindi mailarawang pagmamahal at pasasalamat. Nadama ko, nang bahagya, kung ano ang pakiramdam ng naroon habang sinisimulan ng Tagapagligtas ang Kanyang dakilang gawain sa mortalidad sa pag-ako Niya sa mga kasalanan ng sanlibutan. Namangha ako sa walang hanggang pagmamahal at awa ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Napuspos ako ng malaking pasasalamat para sa ginawa ng walang-salang Anak para sa buong sangkatauhan at sa akin.

## Ang Sakripisyo ng Anak ng Diyos

Sa ganitong panahon bawat taon, inaalala at iniisip natin ang pagsasakripisyo ni Jesucristo para sa buong sangkatauhan.

Ang ginawa ng Tagapagligtas mula sa Getsemani hanggang sa Golgota para sa ating kapakanan ay hindi ko kayang maunawaan. Inako Niya mismo ang bigat ng ating mga kasalanan at nagbayad ng isang walang-hanggan at walang katapusang pangtubos hindi lamang para sa paglabag ni Adan kundi maging para sa mga kasalanan at paglabag ng bilyun-bilyong tao na nabuhay. Ang walang-hanggan at sagradong sakripisyong ito ang dahilan upang, "maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, [ay] manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu" (D at T 19:18).

Siya ay nagdusa para sa akin.

Siya ay nagdusa para sa inyo.

Napupuspos ang aking kaluluwa ng pasasalamat kapag pinagninilayan ko ang mahalagang kahulugan ng sakripisyong ito. Napakumbaba ako nang malaman ko na lahat ng taong tatanggap sa kaloob na ito at itutuon ang kanilang mga puso sa Kanya ay patatawarin at malilinis sa kanilang mga kasalanan, napakaitim man ng kanilang dungis o napakabigat man ng kanilang pasanin.

Maaari tayong muling maging walang bahid-dungis at dalisay. Matutubos tayo ng walang hanggang sakripisyo ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas.

## Sino ang Magpapanatag sa Atin?

Bagama't walang sinuman sa atin ang daranas kailanman ng tindi ng pagdurusa ng ating Panginoon,



THE AGONY IN THE GARDEN, NI FRANS SCHWARZ

bawat isa sa atin ay magkakaroon ng madidilim at mapapait na sandali—mga panahon na tila ang ating kalungkutan at pagdadalamhati ay higit pa sa kaya nating makayanan. May panahon na walang awa tayong ilulugmok ng bigat at tindi ng ating mga kasalanan.

Magkagayunman, kung iaangat natin ang ating puso sa Panginoon sa mga panahong iyon, tiyak na malalaman at mauunawaan Niya. Siya na mahabaging nagdusa para sa atin sa halamanan at sa krus ay hindi tayo iiwang namimighati ngayon. Palalakasin, hihikayatin, at pagpapalain Niya tayo. Yayakapin Niya tayo sa mga bisig ng Kanyang pagmamahal.

Siya ay magiging higit pa sa anghel sa atin.

Siya ay magdadala sa atin ng kapanatagan, paggaling, pag-asa, at kapatawaran.

Sapagkat Siya ang ating Manunubos.

Ang ating Tagapagligtas.

Ang ating maawaing Tagapagligtas at ating mapagpalang Diyos. ■

**TALA**

1. Ang pari na nagsalita sa libing ni Frans Schwarz ay nagsabing "ang kanyang sining ay kaloob ng langit at tila mas marapat kaysa sa maraming sermon" (Emmilie Buchanan-Whitlock, "History of Artists' Lives Gives Greater Context for Exhibit," *Deseret News,* Set. 29, 2013, deseretnews.com).

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

Bago kayo magturo, hangarin ang patnubay ng Espiritu upang matulungan kayo na maunawaan ang mga partikular na pangangailangan ng mga tinuturuan ninyo. Sa pagbabahagi ninyo ng mensahe ni Pangulong Uchtdorf, patotohanan ang Tagapagligtas at ang Kanyang mapagtubos na sakripisyo. Isiping itanong sa mga tinuturuan ninyo kung ano ang kahulugan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa kanila at kung paano nila nadama ang kapanatagan ng Panginoon sa kanilang "madidilim at mapapait na sandali."

## Tagumpay sa pamamagitan ni Jesucristo

**Hindi ibinigay ang pangalan**

Naging problema ko ang katakawan sa pagkain. Ang paulit-ulit kong katakawan ay nauwi sa matinding pagkabalisa, pagkainis, at kabiguan. Nanghina ako nang husto nang tangkain kong labanan ang problema ko.

Matagal kong nakaligtaan ang katotohanan na hindi lamang tayo inililigtas ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas kundi tinutubos din tayo at ginagawang sakdal, at angkop din ito sa nakagawian kong katakawan sa pagkain.




Nagpasiya akong isuko ang sarili ko sa aking Tagapagligtas. Nagdasal ako. Taos-puso kong inamin ang aking kahinaan at pangangailangan sa biyaya, at hiniling ko sa Ama sa Langit na tulungan ako sa darating na araw. Noong gabing iyon nadama ko ang pagtiyak ng isang mapagmahal na Ama na mayroon Siyang di-masukat na hangaring tulungan ang Kanyang anak at di-mapagdududahang kapangyarihang isagawa ang Kanyang kalooban.

Simula nang gabing iyon, nabawasan na ang hilig ko sa pagkain. Alam ko na si Jesucristo ang dahilan kaya ako nagtagumpay. Tulad ni Pablo, natutuhan ko na "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Cristo na] nagpapalakas sa akin" (Mga Taga Filipos 4:13). At sinisikap kong huwag kalimutan kailanman ang isa pang aral mula kay Pablo: "Salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo" (I Mga Taga Corinto 15:57).

MGA BATA

## Papanatagin Ka ng Tagapagligtas

Tanungin ang isang kapamilya o kaibigan tungkol sa isang pagkakataon na pinanatag siya ng Tagapagligtas. Subukang mag-isip ng isang pagkakataon na pinanatag ka ng Tagapagligtas. Maaari mong idrowing ang iyong naranasan tungkol dito at isabit ito sa tabi ng kama mo para maalala mo na laging naririyan si Jesucristo para panatagin ka.



MGA PAGLALARAWAN NI ELENA KALISTRATOVA/ISTOCK/THINKSTOCK; GURCAN OZKAN/ISTOCK/THINKSTOCK; POLYUDOVA_YULIA/ISTOCK/THINKSTOCK

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano mapag-iibayo ng pag-unawa sa buhay at mga tungkulin ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at mapagpapala ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Ang mga Katangian ni Jesucristo: Matiisin at Matiyaga

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga katangian ng Tagapagligtas.*

Ang pagtitiyaga kadalasan ay napagkakamalang pagtahimik at kawalan ng kibo, pero sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang pagtitiyaga ay hindi pagsuko nang walang ginagawa, ni pagkabigong kumilos dahil natatakot tayo. Ang pagtitiyaga ay aktibong paghihintay at pagtitiis. Ibig sabihin ay pananatili sa isang bagay . . . kahit maantala ang mga hangarin ng ating puso. Ang pagtitiyaga ay hindi lamang pagtitiis; iyon ay pagtitiis nang husto!"

Sa buhay bago tayo isinilang, naghanda ng plano ang ating Ama sa Langit para sa atin—na Kanyang mga espiritung anak—at tayo ay naghiyawan sa kagalakan sa pagkakataong pumarito sa lupa (tingnan sa Job 38:7). Kapag pinili nating iayon ang ating kalooban sa Kanyang kalooban habang nabubuhay tayo sa lupa, "gagawin



[Niya tayong] kasangkapan sa [Kanyang] mga kamay tungo sa kaligtasan ng maraming tao" (Alma 17:11).

Sabi pa ni Pangulong Uchtdorf, "Ang pagtitiyaga ay pagtanggap sa isang bagay na hindi mababago at pagharap dito nang may tapang, gilas, at pananampalataya. Ito ay pagiging 'handang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa [atin], maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama' [Mosias 3:19]. Sa huli, ang pagtitiyaga ay pagiging 'matibay at matatag, at hindi matitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon' [1 Nephi 2:10] bawat oras ng bawat araw, kahit mahirap gawin iyon."[1]

## Isipin Ito

Mula sa salaysay sa Lucas 8, paano ginantimpalaan ang mga taon ng pagtitiyaga ng babaeng ito at ang kanya ring pananampalataya kay Jesucristo?

## Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Awit 40:1; Mga Taga Galacia 5:22–23; II Ni Pedro 1:6; Alma 17:11

**TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Patuloy na Magtiyaga," *Liahona,* Mayo 2010, 57, 59.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## Mula sa mga Banal na Kasulatan

Sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na sa ating buhay sa lupa, dapat tayong "maging matiisin sa mga paghihirap, sapagkat [tayo ay] magdaranas ng marami." Pagkatapos ay binigyan tayo ng Diyos ng nakapapanatag na pangakong ito, "Tiisin ang mga ito, sapagkat, masdan, ako ay makakasama mo, maging [hanggang] sa katapusan ng iyong mga araw" (D at T 24:8).

Ang sumusunod na kuwento sa Biblia ay isang halimbawa ng pagtitiyaga at pananampalataya.

"At isang babae na may labingdalawang taon nang inaagasan . . . ay . . . hinipo ang laylayan ng . . . damit [ni Cristo] at pagdaka'y naampat [huminto] ang kaniyang agas.

"At Datapuwa't sinabi ni Jesus, . . . May humipo sa akin, sapagka't naramdaman ko na may umalis na bisa sa akin.

"At nang makita ng babae na siya'y hindi nalingid, ay lumapit siya na nangangatal, at nagpatirapa sa harapan niya na isinasaysay sa harapan ng buong bayan ang dahil[an] kung bakit siya'y hinipo niya, at kung paanong gumaling siya kapagdaka.

"At sinabi niya sa kaniya, Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa" (Lucas 8:43–48).

Tulad niya, makasusumpong tayo ng mga pagpapala at kapanatagan, at maging ng pagpapagaling, kapag humingi tayo ng tulong kay Jesucristo—na ang Pagbabayad-sala ay makapagpapagaling sa atin.

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2014

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

**MGA TAMPOK NA DOKTRINA**



## Pangangalaga sa mga Maralita at Nangangailangan


"Isang mamamahayag ang minsang nagtanong kay Mother Teresa ng Calcutta tungkol sa kanyang walang-kahihinatnang pagsagip sa mga dukha sa lungsod na iyon. Sinabi niya na, batay sa estadistika, wala talaga siyang naisasagawa. Ang pambihirang maliit na babaeng ito ay tumugon na ang kanyang gawain ay dahil sa pagmamahal, hindi dahil sa estadistika. . . . Sinabi niya na maaari niyang sundin ang utos na mahalin ang Diyos at ang kanyang kapwa sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga taong *kaya* niyang tulungan sa anumang paraan. . . . [Naliwanagan,] nagtapos ang mamamahayag [sa pagsasabing] ang Kristiyanismo ay malinawag na *hindi* gawaing ukol sa estadistika. . . .

"Kaya, paano natin 'magagawa ang ating makakaya?' . . .

"... Pinupuri ko si Pangulong Thomas Spencer Monson. . . . Ang larawan niya na itatangi ko hanggang kamatayan ay noong papauwi siya sakay ng eroplano mula sa noon ay bagsak nang ekonomiya ng East Germany na nakasuot ng tsinelas na pambahay dahil ipinamigay niya hindi lamang ang kanyang ekstrang amerikana at polo kundi ang sapatos niya mismo."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hindi Ba't Tayong Lahat ay mga Pulubi?" *Liahona,* Nob. 2014, 40, 41, 42.**

**PANGAKO NG PROPETA**



## Mga Pagpapala ng Langit

"Marahil sa [mga panahon ng paghihirap] ay naitatanong natin sa ating sarili, 'Talaga bang kailangan nating sundin ang *lahat* ng mga utos ng Diyos?'

"Simple lang ang sagot ko sa tanong na ito:

"Palagay ko may alam ang Diyos na hindi natin alam—mga bagay na hindi natin kayang maunawaan! Ang ating Ama sa Langit ay walang-hanggang nilalang na ang karanasan, karunungan at katalinuhan ay tunay na higit kaysa sa atin. [Tingnan sa Isaias 55:9.] . . .

"Bahagi ng hamon sa atin, palagay ko, ay iniisip natin na lahat ng biyaya ng Diyos ay nakalagak sa isang malaking ulap sa langit, at hindi ito ibibigay sa atin maliban sa mahigpit na pagsunod sa mga itinakda Niyang gawin natin. Ngunit hindi ganyan ang mga kautusan. Sa katunayan, ang Ama sa Langit ay palaging nagbubuhos sa atin ng mga pagpapala. Ang ating takot, pagdududa, at kasalanan, ay parang payong na sinasangga ang pagbagsak ng mga pagpapalang ito sa atin.

"Ang Kanyang mga utos ay ang magiliw na mga tagubilin at banal na tulong para isara ang payong upang matanggap natin ang pagbuhos ng mga pagpapala ng langit."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo," *Liahona,* Nob. 2014, 121–22.**

# Punan ang Patlang

1. "Kapag _________ natin ang mga maling pasiya, malaki man o maliit, na hindi nakaayon sa ipinanumbalik na ebanghelyo, nawawala ang mga pagpapala at proteksyong kailangan natin." (Quentin L. Cook, "Pumili nang May Katalinuhan," 48.)
2. "Sa mga pamantayan ng mundo, ang pagsunod sa propeta ay maaaring hindi gusto ng lahat, salungat sa pulitika, o hindi tanggap ng lipunan. Ngunit ang pagsunod sa propeta ay laging _________." (Carol F. McConkie, "Mamuhay Ayon sa mga Salita ng mga Propeta," 78–79.)
3. "Ang ibaba ang mga pamantayan ng Panginoon sa antas ng maling pag-uugali ng lipunan ay _________." (Lynn G. Robbins, "Saan Kayo Nakatuon?" 10.)
4. "Mayroong lubos na _________ sa mundo na lalo pang humahamak at nagpapawalang-saysay sa iba pa. Sa hinaharap, '[luluhod] ang lahat ng tuhod' at '[ipahahayag] ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon' (Mga Taga Filipos 2:10–11)." (David A. Bednar, "Magsiparito Kayo, at Inyong Makikita," 110.)

# Isang Toolbox para sa Inyong Tahanan

Suriin ang "personal na paggamit ninyo ng bawat kasangkapan; pagkatapos ay hangarin ang patnubay ng Panginoon para malaman kung paano ninyo higit na mapapakinabangan ang bawat isa sa mga ito." —Elder Richard G. Scott, "Unahin Ninyong Manampalataya," 93.


1. Panalangin
2. Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan
3. Family Home Evening
4. Pagdalo sa Templo



ANG *MABUTING SAMARITANO*, NI WALTER RANE; LARAWAN NG TOOLBOX NA KUHA NI SCOTT DAVIS

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org.**

Mga sagot: 1. pinangatwiranan; 2. tama; 3. pag-aapostasiya; 4. katotohanan



# PAG-UUSAP TUNGKOL SA MAHIHIRAP NA PAKSA

**Ni Sheree Lyn Clarke**
Clinical psychologist, LDS Family Services

*Kapag nahaharap ang inyong mga anak sa mga hamon, mahalagang kausapin sila sa paraan na mapapalakas ang inyong ugnayan sa kanila.*

Bilang magulang, alam ninyong mahalaga ang mga hamon at pagsubok sa pag-unlad ng inyong mga anak, pero masakit pa rin na makita na nahihirapan ang inyong mga anak. Ang mga paghihirap na ito, gayunman, ay maaaring maging isang pagkakataon para sa inyo na lalong mapatibay ang ugnayan ninyo sa inyong mga anak kapag pinag-ibayo ninyo ang isang kapaligirang may pagmamahalan sa tahanan. Hinikayat ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang mga magulang na magkaroon ng gayong kapaligiran: "Ang aking pakiusap—at sana ay mas mahusay ko itong maipahayag—ay iligtas ang mga anak. Napakarami sa kanila ang dumaranas ng pighati at takot, ng kalungkutan at kawalang-pag-asa. Kailangan ng mga anak ng liwanag. Kailangan nila ng kaligayahan. Kailangan nila ng pagmamahal at pangangalaga."[1]

Napakaraming mahihirap na bagay ang maaaring maranasan ng inyong mga anak, tulad halimbawa ng pananakot o bullying, masamang pananalita, pandaraya sa paaralan, pagkaakit sa kaparehong kasarian, maling pagkain, depresyon, at kaisipang magpakamatay. Bilang magulang na Banal sa mga Huling Araw, alam ninyong kayo "ay may banal na tungkuling palakihin ang [inyong] mga anak sa pagmamahal at kabutihan,"[2] ngunit paano ninyo gagawin iyan kapag may problema ang inyong mga anak, maging ito man ay sa sarili nilang buhay o sa buhay ng kanilang mga kaibigan? Narito ang ilang paraan:

**Magtanong ng mga bagay na nag-aanyaya ng pag-uusap.** Maaari ninyong itanong ang ganito: "Parang may problema ka. Gusto mo bang pag-usapan natin iyan?" Ang tanong na ito ay hindi lamang nagpapakita na napansin ninyo na may problema ang inyong anak, kundi nagbubukas din ito ng pinto para maikuwento ng inyong anak ang marami (o kaunting) bagay ayon sa pasiya niya.

Matapos magkuwento ang inyong anak ng mga bagay-bagay tungkol sa problema, ang dapat ninyong isagot ay: "Salamat at naikuwento mo iyan sa akin, at pinagkatiwalaan mo ako sa bagay na ito. Naiisip ko lang kung ano kaya ang pakiramdam niyon. Ano ang maitutulong ko?"

Ang ganitong uri ng magiliw na tugon ay malamang na lalo pang humantong sa patuloy na pag-uusap. Mahalagang madama ng inyong mga anak ang inyong katapatan. Makatutulong din ang isang yakap o mapagmahal na tingin upang maipadama ang tunay at taos-pusong pagmamalasakit.

**Makinig upang Makaunawa.** Sinabi ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang panahon para makinig ay kapag kinakailangan ng isang tao na mapakinggan siya. Natural na sa mga anak ang sabik na magbahagi ng kanilang mga karanasan. . . . Kung sinisikap nilang ikuwento ang kanilang pagdadalamhati, maaari ba nating pakinggan nang lubos ang nakabibiglang pangyayari nang hindi tayo mismo ang nabibigla? Maaari ba tayong makinig nang hindi sila sinasansala at hinuhusgahan na humahantong sa agad na pagtatapos ng pag-uusap? Nananatiling bukas ang pag-uusap kapag tiniyak natin na tayo ay naniniwala sa kanila at nauunawaan ang kanilang damdamin. Hindi dapat isipin ng matatanda na hindi nangyari ang pangyayaring ito dahil hindi ito ang gusto nilang mangyari."[3]

**Magpakita ng paggalang.** Ang



mga banal na kasulatan ay nagbibigay ng magagandang patnubay kung paano lumikha ng kapaligiran na may pagmamahalan at paggalang. Pansinin ang ilang mahahalagang salita sa Doktrina at mga Tipan 121:41–42: *paghihikayat* (hindi pamimilit), *mahabang pagtitiis* (hindi agaran at pwersahang pagpapasunod o kawalan ng pagtitiyaga), *kahinahunan* (hindi malakas, hindi agresibo at matinding pag-uusap), *kaamuan* (hindi palalo o dominante ang pagtugon), *kabaitan* (hindi malupit na pagmamanipula), at *hindi pakunwaring pag-ibig* (tunay at tapat na pagpapakita ng pagmamahal). Kapag lumalalim ang ating pagbabalik-loob, "ang paraan ng pakikitungo natin sa iba ay nadaragdagan ng pasensya, kabaitan, magiliw na pagtanggap, at hangaring maging mabuting impluwensya sa kanilang buhay."[4]

**Iwasan ang pamimintas.** Sinisikap ng mga magulang na Banal sa mga Huling Araw na tularan ang Tagapagligtas sa kanilang buhay. Ang pakikipag-usap Niya ay puno ng pagmamahal, habag, at tunay na pagmamalasakit. Kahit nakagawa ng mabibigat na kasalanan ang mga tao, Siya ay nanawagan ng pagsisisi ngunit hindi nanghusga (tingnan sa Juan 8:3–11). Iwasang pintasan ang inyong mga anak, na maaaring humantong sa kawalan ng pagpapahalaga at tiwala sa sarili; sa halip, hanapin at pagtuunan ang mabuting katangian ng bawat anak.

**Kontrolin ang inyong galit.** "Siyang makupad sa pagkagalit ay maigi kay sa makapangyarihan" (Mga Kawikaan 16:32), at "[ang] diwa ng pagtatalo . . . [ay] sa diyablo, na siyang ama

ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit" (3 Nephi 11:29). Ang galit ay nagtataboy sa Espiritu at may kakayahang wasakin ang madaling maapektuhang ugnayan ng magulang at anak. Sa pangkalahatang kumperensya, sinabi ni Pangulong Hinckley, "Nagsusumamo ako sa inyo na magtimpi ng inyong galit, ngumiti, para mawala ang galit; magsalita nang may pagmamahal at kapayapaan, pasasalamat at paggalang. Kung gagawin ninyo ito, wala kayong pagsisisihan sa buhay. Mapangangalagaan ang pagsasama ninyong mag-asawa at ng pamilya. Higit kayong liligaya."[5]

**Patibayin ang ugnayan.** Lahat ng mungkahing ito ay maaaring makatulong, ngunit kung hindi ninyo maalala ito kapag kayo ay nasa kalagitnaan ng mahirap na pakikipag-usap sa inyong anak, itanong lang sa inyong sarili, "Paano ko magagamit ang sitwasyong ito sa aking anak bilang pagkakataon na mapatibay ang aming ugnayan?" Pagkatapos ay pakinggan at sundin ang inspirasyong matatanggap ninyo.

**Magsikap pa.** Ang pagiging magulang ay maaaring napakahirap, subalit kayo ay magtatagumpay kung patuloy kayong magsisikap. Si Pangulong Howard W. Hunter (1907–95) ay naghikayat sa atin: "Ang isang matagumpay na magulang ay isang taong nagmahal, nagsakripisyo, at nagmalasakit, nagturo, at naglingkod sa mga pangangailangan ng anak. Kung nagawa na ninyo ang lahat ng ito at ang inyong anak ay suwail o matigas ang ulo o makamundo pa rin, magkagayunman, nagampanan pa rin ninyo ang inyong tungkulin bilang magulang."[6] ■

*Ang awtor ay naninirahan sa South Africa.*


**MGA TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Save the Children," *Ensign,* Nob. 1994, 54.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
3. Russell M. Nelson, "Listen to Learn," *Ensign,* Mayo 1991, 22.
4. Marvin J. Ashton, "The Tongue Can Be a Sharp Sword," *Ensign,* Mayo 1992, 20.
5. Gordon B. Hinckley, "Huwag Madaling Magalit," *Liahona,* Nob. 2007, 66.
6. Howard W. Hunter, "Parents' Concern for Children," *Ensign,* Nob. 1983, 65.




## PAKIKIPAG-USAP SA MGA TINEDYER

Ang pag-uusap tungkol sa mga hamon ay mahirap na ngunit maaaring maging mas mahirap kapag ang kausap na ay mga tinedyer, na nahihirapang gumawa ng kanilang sariling identidad—nang walang impluwensya ng kanilang mga magulang. Ang mga tinedyer ay dumaranas ng maraming problema sa pag-aaral, emosyon, at pakikihalubilo. Ang kanilang paniniwala at pinahahalagahan kung minsan ay inuusisa ng kanilang mga kaibigan at kabarkada. Maaaring kaagad naaapektuhan ang ugnayan nila ng kanilang mga magulang sa yugtong ito ng kanilang paglaki, at karaniwan na sa mga tinedyer ang makadama ng kalituhan, pag-iisa, pagkabalisa, kawalang-katiyakan, panghihina, kalumbayan, at pati na depresyon.

Ang mga magulang na nakauunawa at nakahihiwatig sa mga hamong ito sa paglaki ay mas matutulungan ang kanilang mga tinedyer sa panahong kailangang-kailangan nila ang kanilang mga magulang.

# LOLO, AMA

**Ni Aaron L. West**
Church Publishing Services



*Ilarawan sa isipan ang 3,000 missionary na nakatipon sa isang malaking silid. Dalawang libo siyam na raan siyamnapu't siyam sa kanila ang tuwang-tuwang nag-uusap at nakatingin sa iisang lugar sa silid. Ang ilan ay nakatingkayad. Ang ilan ay lumulundag para makatingin nang mabilis sa uluhan ng mga nakatingkayad. Ang ilan ay nakatayo sa naitutuping mga silya. Isang missionary ang nakaupo sa isang naitutuping silya, nakatukod ang mga siko sa kanyang mga tuhod, magkadaop ang mga palad, at nakayuko.*

Maaaring hindi gayon mismo ang nangyari, pero gayon ang pagkaalala ko. Gayon ang pakiramdam ko. Ako ang missionary na iyon.

Habang nakikinita ninyo ang tagpo, maaari ninyong isipin na nalulumbay ako o nalulungkot. Ang totoo, isa iyon sa pinakamaliligayang sandali sa buhay ko—isang sandali na ikinagagalak kong gunitain nang maraming beses simula noon.

Nasa missionary training center ako sa Provo, Utah, at naghahandang maglingkod bilang full-time missionary sa Ecuador Quito Mission. Dumating si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na siyang Unang Tagapayo noon sa Unang Panguluhan, para magsalita sa lahat ng missionary sa MTC.

Pagkatapos ng pulong nagsimula na ang pagkakaingay. Napansin ko na hindi pumila sa may pintuan ang mga tao, kaya tinanong ko ang isa pang elder kung ano ang nangyayari.

"Narito sa MTC ang apong lalaki ni Pangulong Hinckley," sabi niya, "at kabababa lang ng pulpito ni Pangulong Hinckley para yakapin siya!"

Sa paliwanag na iyon, tumuntong na sa silya niya ang elder para mas makakita, at napabulalas ng, "Wow! Masarap kayang maging lolo si Pangulong Hinckley?"

Minahal ko at iginalang si Pangulong Hinckley, at nabigyang-inspirasyon ako ng kanyang mensahe sa araw na iyon. Ngunit sa sandaling iyon may pumasok sa isip ko na nagtulak sa aking umupo sa silya sa halip na tumayo sa ibabaw nito. Sa gitna ng lahat ng saya at kasiglahang iyon, tahimik akong nakaupo at nag-iisip, "Sigurado akong masarap maging lolo si Pangulong Hinckley. Pero hindi ko ipagpapalit ang Lolo Felt o Lolo West ko sa kanya." Nag-angat ako ng ulo at nadama ko ang matinding pasasalamat habang iniisip ko ang aking pamana, ang aking pamilya.

Pagkatapos ay may isa pang pumasok sa isip ko, na mas matindi kaysa sa una: "Bukod dito, ako ay anak ng Diyos." Alam ko na ako, na apo ng isang dentista at superbisor sa pabrika, ay mahalaga ring tulad ng apo ng isang propeta. Bakit? Kaming dalawa ay may iisang Ama sa Langit.

Naglakad kalaunan ang 2,999 pang missionary papunta sa pintuan ng malaking silid na iyon. Sumama ako sa kanila, na mas handang maglingkod sa Panginoon kaysa sa nakaraang ilang minuto bago iyon. ■

PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# BAWAT PAGSUBOK AY MAAARING MAGPALAKAS NG PANANAMPALATAYA

**Ni Giorgia Murgia**

*Bilang pitong-taong-gulang na bata, nang malaman kong nasawi sa isang aksidente si Itay, nagdasal ako na magkaroon ng himala.*

Noong bata pa ako, isa sa mga paborito kong gawin sa maghapon ay hintayin si Itay sa pag-uwi galing sa trabaho. Nakatanaw ako sa bintana at nakikita siyang dumarating, at binibilang ko ang bawat hakbang niya palapit sa bahay, nasasabik sa dala niyang pasalubong. Hindi ko inisip na hindi na mangyayari iyon.

Isang araw noong ako ay pitong taong gulang, sa tahanan ng aking ama, may dumating na isang malungkot na lalaki at sinabi sa amin na nasawi sa aksidente si Itay.

Nang araw na iyon tahimik ako. Tiningnan ko ang aking apat-na-taong-gulang na kapatid na lalaki at ang aking ina, na napakabata pa at naiwang mag-isa, at hindi ako umiyak. Hindi ko inisip na totoo iyon, kaya nagpunta ako sa bintana at tumitig sa kalye. Nagsimula akong makadama ng mabigat na damdamin, bigat na nagpasikip ng aking paghinga, at nagpahirap sa aking kalooban.

Hindi pa natatagalan pagkamatay ni Itay, nagpunta ako sa aking silid na nag-iisa nang magdadapit-hapon na at, tulad ng itinuro sa akin, ay nanalangin ako sa aking Ama sa Langit. Nagsumamo ako sa Kanya na ipakita muli sa akin ang mahal kong ama, para lang mayakap siya. Sa aking puso natitiyak ko na maibibigay sa akin ng Ama sa Langit ang himalang ito.

Nang araw na iyon hindi ko nakita o nayakap si Itay, ngunit higit pa ang natanggap ko. Para bang nadama ko ang mga kamay ng Tagapagligtas sa aking mga balikat. Ang Kanyang presensya ay halos naroon nang alisin Niya ang bigat na nasa aking dibdib.

Ngayon, mahigit 20 taon na ang nakalipas, ang kapanatagang iyon ay dama ko pa rin. Kung minsan nakadarama ako ng lungkot ngunit hindi kailanman kahungkagan sa pagkamatay ni Itay. Naaalala ko



### ANG TAGAPAGLIGTAS AY MAKAPAGPAPAGALING AT MAKAPAGPAPALAKAS

"Dahil sa Kanyang walang-katapusan at walang-hanggang sakripisyo (tingnan sa Alma 34:14), ganap ang pagdamay [ng Tagapagligtas] at maiuunat Niya sa atin ang Kanyang bisig ng awa. Maaabot, maaantig, matutulungan, mapapagaling, at mapapalakas Niya tayo nang higit kaysa makakaya natin at matutulungan Niya tayong gawin ang hinding-hindi natin makakayang gawing mag-isa. . . .

"Ang kakaibang mga pasanin sa buhay ng bawat isa sa atin ay tumutulong sa atin na umasa sa kabutihan, awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas (tingnan sa 2 Nephi 2:8). Pinatototohanan at ipinapangako ko na tutulungan tayo ng Tagapagligtas na mabata ang ating mga pasanin nang may kagaanan (tingnan sa Mosias 24:15)."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan,"** ***Liahona,*** **Mayo 2014, 90.**



***Ngayon, mahigit 20 taon na ang nakalipas, ang kapanatagang ibinigay sa akin ng Tagapagligtas ay dama ko pa rin. Maraming beses na dumating ang Espiritu upang panatagin ako, tulungan ako, at ipakita sa akin ang daan.***

ang maraming beses na pagdating ng Espiritu upang panatagin ako, tulungan ako, at ipakita ang daan upang masundan ko ang mga yapak ng Tagapagligtas. Nadama ko ang Kanyang presensya sa aking buhay dahil sa unang pagsubok na iyon, na tumulong sa akin na makita ang mga pagsubok sa araw-araw na may pananaw sa kawalang-hanggan. Alam ko na dahil sa ebanghelyo sa ating buhay nadarama natin ang hindi nakikitang paghaplos ng kamay ng Tagapagligtas.

Ikinasal ako sa templo, at ngayon kaming mag-asawa ay may tatlong anak na babae, na nagdudulot ng saya sa aming tahanan. Kapag nakikita ko sila, nagagalak ako sa kapayapaan at kaalaman na bawat kalungkutan, pagsubok at hamon sa kanilang buhay ay maghahatid ng mas malaking pananampalataya, bagong patotoo, at kamangha-manghang mga himala. Nagagalak ako sa lubos na katiyakan na kapag kinakailangan nila ang isang bagay na hindi namin maibibigay na mag-asawa, sila ay poprotektahan, papanatagin, at ililigtas, tulad ko. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Sardinia, Italy.*


**PAGKATUTO MULA SA MGA PAGSUBOK**

Bagama't mahalagang manalangin na mapalakas at matulungan sa mga pagsubok, mahalaga rin na manalangin na matuto mula sa mga pagsubok. Maaari kayong manalangin na magkaroon ng "mga matang ikakikita, at mga pakinig na ikaririnig" (Deuteronomio 29:4) ang magiliw na awa at biyaya ng Panginoon sa inyong buhay (tingnan sa Eter 6:12).

Isiping isulat sa inyong journal ang ilan sa mga aral na natutuhan ninyo at ilan sa mga katibayan ng pagmamahal ng Ama sa Langit na naranasan ninyo sa mahirap na panahon sa inyong buhay.

PAGLALARAWAN NI JAMES JOHNSON





**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# TUMAYO BILANG mga Saksi NG DIYOS

*Bilang "asin ng lupa," kailangang panatilihin nating mga Banal sa mga Huling Araw ang ating impluwensya sa pamamagitan ng pamumuhay ng ating relihiyon at pagpapahayag na tayo ay mga saksi ng Diyos.*

Nabubuhay tayo sa mundo kung saan marami ang nagtatatwa sa pag-iral ng Diyos o sa kahalagahan ng Kanyang mga kautusan. Makatulong sana ang aking sasabihin para mas magampanan ninyo ang inyong tungkulin na maging saksi ng Diyos at kumilos ayon sa katotohanan at kabutihan.

**I.**

Magsisimula ako sa unang tatlo nating Mga Saligan ng Pananampalataya:

"Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

"Naniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa paglabag ni Adan.

"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1–3).

Itinuro din ng isang dakilang propeta sa Aklat ni Mormon ang mga katotohanang ito:

"Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kapwa sa langit at sa lupa; maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; maniwalang hindi nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon.

"At muli, maniwala na kayo ay kinakailangang magsisi ng inyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito, at magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos; at humingi nang taos sa puso nang kayo ay kanyang patawarin" (Mosias 4:9–10).

Sa kabilang banda, marami ngayon ang nagtatatwa o nagdududa sa pag-iral ng Diyos at iginigiit nila na lahat ng tuntunin ng pag-uugali ay gawa-gawa ng tao at maaaring tanggapin o tanggihan kung gusto nila.

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

Bakit ako nagsasalita tungkol sa mga pangunahing katotohanang ito tulad ng pag-iral ng Diyos at na totoong may lubos na tama at mali na umiimpluwensya sa ating pag-uugali? Kung minsan ang mga bagay na kailangang-kailangan nating maituro ang siya pang binabalewala natin. Maaari nating makaligtaan ang mga pangunahing katotohanan dahil akala natin ay nauunawaan ito ng lahat, ngunit hindi naman. Kailangan nating bigyang-diin ang mahahalagang katotohanang pinagbabatayan ng ating mga paniniwala. At kabilang nga rito ang pag-iral ng Diyos at ang pagiging walang hanggan ng mga katotohanan at ng tama at mali na nilinaw sa Kanyang mga turo at Kanyang mga kautusan.

## II.

Ang pagtatatwa sa Diyos o paghamak sa Kanyang papel sa kapakanan ng tao na nagsimula noong Renaissance ay laganap na ngayon. Ang pagpuri sa pangangatwrian ng tao ay may mabubuti at masasamang epekto. Ang likha ng siyensya ay nakagawa ng napakaraming pagbabago sa ating buhay, ngunit ang pagtanggi sa banal na awtoridad bilang pinakabatayan ng tama at mali ng mga taong inihalili ang siyensya sa Diyos ay nagbunsod sa maraming relihiyoso na itanong ito: "Bakit ang kagustuhan ng sinuman sa matatalinong pilosopo ng liberal na tradisyon [o maging ang kagustuhan ng anumang sangay ng Korte Suprema ng Estados Unidos] . . . ang mas pinagbabatayan ng mga desisyon ukol sa moralidad sa halip na pagbatayan ang kagustuhan ng Diyos"?[1]

Ang mga gumamit ng pangangatwiran ng tao kapalit ng impluwensya ng Diyos sa kanilang buhay ay hinamak ang kanilang sarili at pinababa ang uri ng sibilisasyon bunga nito.

Nagpapasalamat akong malaman na may dalawang pamamaraan ng pagtatamo ng karunungan—ang pamamaraan ng siyensya at ang espirituwal na pamamaraan, na nagsisimula sa pananampalataya sa Diyos at nakasalig sa mga banal na kasulatan, inspiradong turo, at personal na paghahayag. Walang sadyang pagtatalunan sa pagitan ng kaalamang natamo gamit ang magkaibang pamamaraang ito dahil alam ng Diyos, ang ating makapangyarihang Amang Walang Hanggan, ang lahat ng katotohanan at hinihikayat tayong matuto gamit ang dalawang pamamaraang ito.

Ang mga propesiya sa mga huling araw ay nagbabadya ng malaking oposisyon sa inspiradong katotohanan at pagkilos. Ang ilan sa mga propesiyang ito ay tungkol sa anti-Cristo, at ang iba ay tungkol sa makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan.

### *Anti-Cristo*

Ginamit ni Apostol Juan ang salitang anti-Cristo para ilarawan ang taong "tumatanggi sa Ama at sa Anak" (1 Juan 2:22). Ngayon ang mga taong nagtatatwa sa pag-iral ng Diyos ay tinatawag na mga ateista. Binabatikos ng ilan sa kanila ang pananampalataya ng mga taong nananalig sa mga bagay na hindi maaaring patunayan, kahit hindi naman nila mapabulaanan ang pag-iral ng Diyos.

Handa tayo para sa gayong mga pagtatatwa sa Diyos dahil sa salaysay sa Aklat ni Mormon tungkol sa isang lalaking nagngangalang Korihor. Sa mga katagang nagpapagunita sa mga isinulat ng mga ateista sa ating panahon, itinuro ni Korihor, na dalawang beses tinawag na "Anti-Cristo" (Alma 30:6, 12):

"Hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo nakikita; anupa't hindi ninyo maaaring malaman na magkakaroon ng isang Cristo.

"Umaasa kayo at sinasabing nakikita ninyo ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan. Subalit masdan, ito ay likha ng isang isipang matinding nababalisa; at ang kaguluhang ito sa inyong mga isipan ay dumating dahil sa mga kaugalian ng inyong mga ama, na umakay sa inyo palayo tungo sa isang paniniwala [sa] mga bagay na hindi naman gayon" (Alma 30:15–16).

Sinabi rin ni Korihor "na hindi maaaring magsagawa ng pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng tao." Ang paglalarawan niya sa ibubunga ng kanyang pagtanggi sa konsepto ng kasalanan at sa isang Tagapagligtas ay katulad na katulad ng paniniwala ng marami sa ating panahon: "Ang bawat tao ay namumuhay sa buhay na ito alinsunod sa pangangasiwa ng nilikha; anupa't ang bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang likas na talino, at . . . bawat tao ay nagagapi alinsunod sa kanyang lakas; at *ang ano mang gawin ng tao ay hindi pagkakasala"* (Alma 30:17; idinagdag ang pagbibigay-diin).

### *Moralidad na Depende sa Tao*

Ang tawag natin ngayon sa pilosopiya ni Korihor ay moralidad na depende sa tao. Ganito ang paglalarawan ng dalawang mapagmasid sa pilosopiyang ito: "Pagdating sa mga problema sa moralidad walang tama o maling sagot na para sa lahat, walang angkop o di-angkop na mga paghatol, at walang makatwiran o matalinong paraan para matukoy kung ano ang mabuti at masama na aangkop sa lahat ng panahon, sa lahat ng lugar, at sa lahat ng tao."[2]

Ito ang paniniwalang gamit ng marami sa popular na media at sa pagtugon sa panghihimok ng barkada. "Kumawala sa mga lumang patakaran. Gawin kung ano sa pakiramdam mo ang mabuti para sa iyo. Walang pananagutan ang mga nahuling lumabag kung hindi ito sakop ng ipinatutupad na mga batas ng tao o hindi sang-ayon dito ang publiko." Ang pinagmumulan ng gayong mga ideya



"Ang pagkamakatao ay ginagawang diyos ang tao, ang pinakadakilang nilalang, at ang matalinong pag-iisip ng tao ang tagahatol sa lahat ng totoo, mabuti, at maganda."

ay ang palagay na walang Diyos o, kung mayroon man, wala Siyang ibinigay na mga kautusan na angkop sa atin ngayon.

***Sekular na Pagkamakatao***

Napakalakas ng impluwensya ng pagtanggi sa isang Diyos na hindi mapatunayan at pagtatatwa sa tama at mali sa mga taong mas mataas ang pinag-aralan. Ang sekular na pagkamakatao, isang bahagi ng pagkamakatao na malamang na tinawag nang gayon dahil sa malaking pagkakatulad nito sa sekularismo, ay sadya o di-sadyang naipapahayag sa mga turo ng mga guro sa maraming kolehiyo at unibersidad.

Para sa mga relihiyosong tao, ang hindi katanggap-tanggap na elemento sa iba't ibang pilosopiya ng mga taong makatao ay ang pagtanggi nila sa pag-iral ng Diyos at ang pagtatatwa nila sa mga tiyak na panuntunan ng moralidad na nakabatay sa Kanyang mga kautusan. Sa gayon, tinanggihan sa 1973 Humanist Manifesto ang "tradisyonal na mga pamantayan ng moralidad" at ang "tradisyonal na mahihigpit o diktador na mga relihiyon na higit na nagpapahalaga sa paghahayag, Diyos, ritwal, o doktrina kaysa mga pangangailangan at karanasan ng tao." Sabi pa roon, "Wala tayong matutuklasang banal na layunin . . . para sa mga tao. . . . Responsibilidad nating mga tao ang anumang kinahinatnan o kahihinatnan natin. Walang diyos na magliligtas sa atin; kailangan nating iligtas ang ating sarili."[3]

Mangyari pa, ang mga tumatangkilik sa pagkamakatao, na tinatawag na mga taong makatao, ay nakagawa ng maraming magagandang kontribusyon. Halimbawa, sinuportahan nila ang demokrasya, mga karapatang-pantao, edukasyon at materyal na pag-unlad. Hangga't kasama sa mga pag-unlad na ito ang mga nananalig, ang inaalala lang natin sa mga taong makatao ay ang kanilang pagtanggi sa banal na awtoridad at mga pinahahalagahan.

Tulad ng isinulat ng dating BYU philosophy professor na si Chauncey Riddle, "Ang



**Sinabihan si Nephi sa paghahayag na mayroon lamang "dalawang simbahan": "ang simbahan ng Kordero ng Diyos" at "ang simbahan ng diyablo."**

pagkamakatao ay ginagawang diyos ang tao, ang pinakadakilang nilalang, at ang matalinong pag-iisip ng tao ang tagahatol sa lahat ng totoo, mabuti, at maganda." Ipinaalala rin niya sa atin na ang pagkamakatao ay "nagtatamasa ng magandang ulat mula sa mga mamamahayag dahil karamihan sa mga manunulat, tagapaglathala, iskolar at mga tao sa media ay mga taong makatao."[4]

Ang marami na nagtatatwa o nagdududa sa pag-iral ng Diyos ay malamang na hindi maniwala sa pilosopiya na ang moralidad ay depende sa tao. Ang tingin nila sa sarili nila ay may ilan silang panlabas na mga pamantayan ng tama at mali, bagaman ang tiyak na mga pamantayan na hindi nakabatay sa paniniwala sa Diyos ay mahirap ipaliwanag. Ang sekular na mga taong makatao, na pormal na tumatanggi sa "tradisyonal na moralidad ng relihiyon" at nagsasabing umaasa sila sa "mga bagay na pinatunayan ng siyensya,"[5] ay tila katuparan ng propesiya sa Aklat ni Mormon tungkol sa mga taong "nabubuhay [na]ng walang dini-Diyos sa daigdig" (Mosias 27:31).

### *Ang Makapangyarihan at Karumal-dumal na Simbahan at ang Iba pang "mga Simbahan"*

Inilarawan sa mga propesiya sa Aklat ni Mormon ang "makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan sa buong mundo, na ang diyablo ang nagtatag" (1 Nephi 14:17). Ang "simbahan" ay ipinropesiya na magkakaroon ng "kapangyarihan . . . sa buong mundo, sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao" (1 Nephi 14:11). Tinawag na "pinakakarumal-dumal sa lahat ng ibang simbahan," sinabi rin na ang simbahang ito ay kumikilos "[para purihin] ng sanlibutan" sa pagdadala ng "mga banal ng Diyos . . . tungo sa pagkabihag" (1 Nephi 13:5, 9).

Dahil wala pang sekta ng relihiyon—Kristiyano man o di-Kristiyano—na nagkaroon ng "kapangyarihan" sa lahat ng bansa ng mundo o ng kakayahang dalhin ang lahat ng banal ng Diyos sa "pagkabihag," kailangang maging mas laganap at kalat ang makapangyarihan at karumal-dumal na simbahang ito kaysa sa iisang "simbahan," ayon sa pagkaunawa natin sa katagang iyan ngayon. Maaari itong maging anumang pilosopiya o organisasyon na kumokontra sa paniniwala sa Diyos. At ang "pagkabihag" na hangad ng "simbahang" ito na kalagyan ng mga banal ay hindi magiging pisikal na pagkakulong kundi pagkabihag sa mga maling ideya.

Sinabihan si Nephi sa paghahayag na mayroon lamang "dalawang simbahan": "ang simbahan ng Kordero ng Diyos" at

"ang simbahan ng diyablo" (1 Nephi 14:10; tingnan din sa 13:4–6). Ang paglalarawang ito ay nagpapahiwatig ng kaibhan sa pagitan ng mga taong naniniwala sa Diyos at naghahangad na paglingkuran Siya alinsunod sa kanilang lubos na pagkaunawa at ng mga taong hindi naniniwalang may Diyos (tingnan sa 1 Nephi 14:10).

Ginamit din sa iba pang mga turo sa Aklat ni Mormon ang salitang *simbahan* bilang tanda ng paniniwala o kawalan ng paniniwala sa Diyos. Ipinropesiya sa mga huling kabanata ng 2 Nephi na sa mga huling araw ang mga Gentil ay magtatayo ng "maraming simbahan" na "itinatanggi . . . ang kapangyarihan at ang mga himala ng Diyos, at ipinangangaral sa kanilang sarili ang sarili nilang karunungan at kaalaman, upang makakuha sila ng yaman" (2 Nephi 26:20). Nagsasabi sila ng "mga simbahang naitayo, at hindi sa Panginoon" (2 Nephi 28:3), na "magtuturo . . . sa pamamagitan ng sarili nilang kaalaman," at "[itatatwa] ang kapangyarihan ng Diyos" (2 Nephi 28:4, 5). "[Sasabihin] nila sa mga tao: Makinig sa amin, at pakinggan ninyo ang aming tuntunin; sapagkat masdan wala nang Diyos ngayon" (2 Nephi 28:5).

Sa ministeryo ng Tagapagligtas sa mga Nephita, nagbabala Siya laban sa isang simbahan na hindi "nakatayo sa aking ebanghelyo, [kundi] nakatayo sa mga gawa ng tao, o sa mga gawa ng diyablo" (3 Nephi 27:11; tingnan din ang turo tungkol sa "malaki at maluwang na gusali" sa 1 Nephi 8:26–33; 11:35; at 12:18). Ang mga babalang ito ay hindi limitado sa mga organisasyong pang-relihiyon. Sa mga kalagayan ng ating panahon, kabilang dito ang napakaraming sekular na pilosopiya at aktibidad.

**III.**

Maraming tao na naniniwala sa Diyos at sa umiiral na tama at mali dahil sa Kanyang mga kautusan ang dumaranas ng panlilibak at pangungutya mula sa mga turo ng mundo at pagtatatwa sa Diyos na nagaganap sa maraming organisasyon, kabilang na ang mga institusyong pang-edukasyon at media. Ang ipinropesiyang mga hamong iyon ay kinakaharap ng lumiliit na bilang ng mga taong may takot sa Diyos, na tulad natin ay naniniwala sa Diyos at sa tama at mali na umiiral dahil sa Kanyang mga kautusan. Inuulit lamang nito ang umiral noong panahon ng Tagapagligtas.

Kahit tayo sa "magkabikabila ay nangagigipit," tayo ay "hindi nangawawalan ng pag-asa" (II Mga Taga Corinto 4:8). Alam natin na kailangan ang "pagsalungat sa lahat ng bagay" para tayo espirituwal na umunlad (2 Nephi 2:11). Alam din natin na, "minarapat ng Panginoon na pahirapan ang kanyang mga tao; oo, sinusubukan niya ang kanilang tiyaga at kanilang pananampalataya" (Mosias 23:21). Ngunit itinuturo din sa mga banal na kasulatan na ililigtas Niya ang mga nagtitiwala sa Kanya (tingnan sa 1 Samuel 17:37, 45–46; Awit 34:22; Mga Kawikaan 3:5–6; Alma 36:27; 38:5).

Magmumungkahi ako ngayon ng tatlong uri ng mga bagay na magagawa natin bilang tugon sa mga kalagayan ngayon, simula sa pinakamadali. Lahat ng ito ay tumutugon sa isang dakilang turo sa Aklat ni Mormon na dapat tayong "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan" (Mosias 18:9).

***Igalang ang Pangalan at Impluwensya ng Diyos***

Tinuruan tayong "maniwala kay Cristo, at hindi siya itatwa" (2 Nephi 25:29); na "isaalang-alang [si Cristo] sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (D at T 6:36); at "[mangusap] tungkol kay Cristo," "[magalak] kay Cristo", at "[mangaral] tungkol kay Cristo" (2 Nephi 25:26). Ang dalawang paraan na magagawa natin ito ay sa ating mga pansariling panalangin at personal na pagbati.

Sa ating pansarili at pampamilyang panalangin, dapat nating hilingin sa Diyos na tulungan tayo at ang ating mga kapitbahay at lider na makilala ang Diyos na ating Lumikha at malaman ang tama at mali ayon sa nakasaad sa Kanyang mga kautusan. Dapat nating gawin ito para sa ikabubuti ng Kanyang mga anak sa lahat ng dako.

Kailangan din nating labanan mismo ang kalakaran ngayon na iwasang banggitin ang anumang tungkol sa relihiyon maging sa mga pribadong komunikasyon. Nitong mga nakaraang taon ang paglalakip ng mga simbolo ng relihiyon at mapitagang mga salita ng pagbati sa araw ng Pasko at mga kard ng pakikiramay ay halos nawala na. Kapag nagpapasiya tayo tungkol sa ganitong uri ng komunikasyon, hindi tayo dapat sumali sa pag-aalis ng mga sagradong paalaala sa ating mga personal na komunikasyon. Bilang mga sumasampalataya, tungkulin nating ingatan ang pangalan at impluwensya ng Diyos at ni Cristo sa ating mga pag-uusap, sa ating buhay, at sa ating kultura.

***Hayagang Kilalanin ang mga Pagpapala ng Diyos***

Suportahan ang hayagang pagkilala sa mga pagpapala ng Diyos. Hangad nitong pigilin ang nababawasang pagbanggit sa relihiyon at pagtukoy sa Diyos at sa Kanyang mga pagpapala sa ating pampublikong talakayan. Ihambing, halimbawa, ang kasalukuyang mga pampublikong dokumento at retorika ng mga lider ng pamahalaan sa Estados Unidos ngayon sa kahalintulad na mga dokumento at pananalita ng mga lider noong unang dalawang siglo ng Amerika. Sa paghahambing na iyan mapapatunayan

ninyo na sadyang inalis ang mga pagtukoy sa Diyos at ang impluwensya ng relihiyon sa pagtatatag at pangangalaga sa Amerika.

Ano ang magagawa natin tungkol dito? Una, makakapagpakita tayo ng tamang halimbawa sa ating pamilya at sa mga turo ng Simbahan sa pamamagitan ng pagpapasalamat para sa mga pagpapala ng Panginoon sa ating buhay at sa ating bansa. Upang magawa ito "sa karunungan at kaayusan" (Mosias 4:27), hindi natin dapat itanggi na ang ating mga bansa ay kinabibilangan at pinagpapala ng mga mamamayang Judio, Muslim, at iba pang kabilang sa relihiyong di-Kristiyano, gayundin ng mga ateista. Ngunit dapat nating sabihin nang tapat ang katotohanan na ang Estados Unidos, halimbawa, ay itinatag ng mga tao at pinuno na halos puro Kristiyano at nakalakip ang mga alituntunin ng kanilang relihiyon sa Konstitusyon, mga batas, at kultura ng bansa.[6]

Isang bagong sanaysay ni Brother Clayton Christensen, propesor sa Harvard Business School at dating Area Seventy, ang mariing nagpahayag na relihiyon ang pundasyon ng demokrasya at kaunlaran. Ipinaalala niya sa atin na ang demokrasya at kapitalismo ay kapwa nakasalalay nang husto sa pagsunod sa mga bagay na hindi maipatutupad at na depende ito sa mga relihiyong nagtuturo ng mga pangunahing alituntuning tulad ng "pagkakapantay-pantay ng tao, kahalagahan ng paggalang sa ari-arian ng iba, at personal na katapatan at integridad." Ang sekularismo, na nagtatangkang palitan ang relihiyong may paniniwala sa Diyos, ay walang kapangyarihan o programa na ilaan ang tinatawag ni Brother Christensen na "kailangang pundasyon ng malawakang pagsunod sa mga bagay na hindi maipatutupad."[7]

### *Ipaglaban ang Kalayaang Ipamuhay ang Relihiyon*

Ipaglaban ang kalayaang ipamuhay ang relihiyon. Mas mahirap ito dahil kailangan dito ang pagtutulungan ng mga miyembro ng iba't ibang relihiyon. Kapag ginarantiyahan ng pamahalaan ang kalayaang ipamuhay ang relihiyon, dapat nating igiit sa mga opisyal ng pamahalaan na igalang ang mga garantiyang iyon. Dalawang halimbawa lamang ng kasalukuyang problema ang bibigyang-diin ko rito.

Ang una ay ang pagdarasal sa publiko. Nangyayari ang pagdarasal kapag kinausap ng tao ang Banal na Nilalang, anuman ang kanilang konsepto tungkol sa Diyos at paano man nila Siya gustong tawagin. Anuman ang nilalaman ng isang panalangin, na nagkakaiba-iba ayon sa paniniwala ng nagdarasal, kapag inialay ang panalangin sa isang pampublikong lugar, mahalaga ito bilang patibay o simbolo ng karaniwang pag-asa at pagpipitagan ng isang grupo sa Diyos. Ito ang klase ng mga panalanging inuusal sa pagsisimula ng mga pulong ng mga mambabatas o konseho at sa mga panunumpang isinasagawa bago dinggin ang isang testimonya sa hukuman o magtalaga ng mga opisyal. Anuman ang konsepto ng isang panalangin tungkol sa Diyos at anuman ang relihiyon o wikang ginamit ng nagdarasal sa kanyang panalangin, sana'y maipakita natin ang ating paniniwala sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin, na inusal nang may katalinuhan at pagsasaalang-alang. Nararapat iyang ipaglaban.

Pangalawa, dapat ay handa tayong salungatin ang mga opisyal ng pamahalaan at mga tagapagtaguyod ng pampublikong patakaran na nagmumungkahi na ang kalayaang ipamuhay ang relihiyon ay limitado sa "kalayaang sumamba." Sa Estados Unidos, halimbawa, ang garantiya na "malayang makapamuhay" ay nagpoprotekta sa karapatang lumabas sa ating mga pribadong lugar, kabilang na ang mga simbahan, sinagoga, at moske, upang kumilos ayon sa ating mga paniniwala, at sasailalim lamang sa mga lehitimong kapangyarihan ng pamahalaan na kailangan para maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko. Ang kalayaang mamuhay ay tiyak na nagpoprotekta sa mga relihiyosong mamamayan sa pagkilos ayon sa kanilang mga paniniwala sa patakaran sa mga pampublikong debate at sa mga pagboto bilang mga mamamayan o mambabatas.

Tulad ng sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang nakaaantig na mensahe sa lupon ng mga pinunong Kristiyano sa bansa, tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay "lubos [na] . . . gugustuhing makipagtulungan . . . [upang] tiyakin ang kalayaan sa relihiyon para lahat tayo ay makapagsalita [at kumilos] tungkol sa mga bagay na malinis sa budhi ng Kristiyano hinggil sa mga usaping panlipunan ng ating panahon."[8]

Kailangan nating suportahan ang mga pagsasanib ng mga pinuno ng relihiyon at mga taong may takot sa Diyos na nagsasama-sama upang ipaglaban ang tradisyonal na kultura ng paniniwala sa Diyos at ang pasasalamat sa Kanyang mga pagpapala.

## IV.

Bilang pagtatapos, ipinahihiwatig ko sa lahat ng nagsisisampalataya saanman na may banal na tungkulin tayong maging mga saksi ng Diyos. Kailangan tayong manindigan sa ating katapatan sa relihiyon, magkaisang ipaglaban ang ating karapatan na malayang ipamuhay ang ating relihiyon, at igalang ang mahalagang papel nito sa pagtatatag at pangangalaga at pagpapaunlad ng mga bansa.



**Kailangan nating suportahan ang mga pagsasanib ng mga pinuno ng relihiyon at mga taong may takot sa Diyos na nagsasama-sama upang ipaglaban ang tradisyonal na kultura ng paniniwala sa Diyos at ang pasasalamat sa Kanyang mga pagpapala.**

Ipinapaalala ko sa aking kapwa mga Kristiyano ang matapat na turo ni Apostol Juan:

"At ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus, ay hindi sa Dios: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na" (1 Juan 4:3).


Ang kahihinatnan ng hindi natin pagkibo bilang mga saksi ng Diyos ay malinaw na naipakita sa turo ng ating Tagapagligtas tungkol sa asin na nawalan ng lasa. Kapag nahalo sa iba pang mga sangkap—tulad din natin na maaaring mahaluan ng mga pinahahalagahan ng mundo—nawawala ang kakaibang lasa nito sa pinaghalong mga sangkap. Tulad ng itinuro ng Tagapagligtas, "[Ito simula noon ay] wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao" (Mateo 5:13).

Bilang "asin ng lupa," (Mateo 5:13), tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay kailangang manatiling may impluwensya sa pamamagitan ng pamumuhay ng ating relihiyon at pagpapahayag na tayo ay mga saksi ng Diyos. Kapag ginawa natin ito, ibinibilang natin ang ating sarili sa mga taong magtatamasa ng lubos na tagumpay sa katotohanan at kabutihan, kung kailan "ang bawa't tuhod ay luluhod, at ang bawa't dila ay magpapahayag sa Dios" (Mga Taga Roma 14:11) at sa Panginoong Jesucristo, na ating sinasamba at pinaglilingkuran. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "Witnesses of God," na ibinigay sa Brigham Young University noong Pebrero 25, 2014. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa web.byui.edu/devotionalsandspeeches.*

**MGA TALA**


1. Stephen L. Carter, *The Culture of Disbelief: How American Law and Politics Trivialize Religious Devotion* (1993), 226; tingnan sa kabanata 11 sa kabuuan.
2. Francis J. Beckwith at Gregory Koukl, *Relativism: Feet Firmly Planted in Mid-Air* (1998), 12–13.
3. Sa Paul Kurtz, ed., *Humanist Manifestos I and II* (1973), 14, 15–16.
4. Chauncey Riddle, *Think Independently: How to Think in This World but Not Think with It* (2009), 120, 121.
5. Sa Kurtz, *Humanist Manifestos I at II,* 16.
6. Tingnan sa John A. Howard, *Christianity: Lifeblood of America's Free Society, 1620–1945* (2008), 51.
7. Clayton Christensen, "Religion Is the Foundation of Democracy and Prosperity," tingnan sa mormon perspectives.com/2011/02/08/religion-is-the-foundation-of-democracy-and-prosperity.
8. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Pagsasama-sama para sa Layunin ni Cristo," *Liahona,* Ago. 2012, 26.



# Paghihimagsik ni Satanas

*Ano ang tunay na layunin ng panukala ni Satanas sa kapulungan sa langit bago tayo isinilang?*

**Ni Mark A. Mathews**
Seminaries and Institutes

Noong binata pa ako, napansin ko nang mahilig mag-usisa ang ilang miyembro ng Simbahan. Kapag may nakita silang isang sitwasyon kung saan napagkasunduan na ang mga patakaran at ipinatupad ang mga bunga ng pagsuway (halimbawa, sa pagdisiplina ng Simbahan, pagdisiplina ng magulang, o pagpapatupad ng mga patakaran sa misyon o mga pamantayan ng pag-uugali sa mga paaralan ng Simbahan), madalas nilang sabihing, "Hindi ba't ganyan din ang paraan ni Satanas? Hindi ba nila pinipilit ang mga tao na maging matwid?"

Nagulat ako sa reaksyong ito noong una—paano naisip ng sinuman na ang mga gawaing inaprubahan ng Panginoon at ng Kanyang Simbahan ay maaaring bahagi ng "plano ni Satanas?" Simula noon ay natanto ko na ang mga maling pagkaunawang tulad nito tungkol sa paghihimagsik ni Satanas at sa Digmaan sa Langit ay talagang karaniwan na, at karaniwan na rin sa mga tao na magparatang na ang ilang sitwasyon ay mukhang plano ni Satanas. Sa kasamaang-palad, ang mga maling pagkaunawang ito tungkol sa doktrina ay maaaring makapinsala.

Halimbawa, ang mga maling pagkaunawang ito ay maaaring humantong sa pag-iisip ng ilang magulang na hindi nila mahihikayat ang kanilang mga anak na magsimba. Maaaring mahikayat nito ang mga miyembro ng Simbahan na suportahan ang pagiging legal ng mabibigat na kasalanan. At maaari pa ngang mahikayat ng mga maling pagkaunawang ito ang ilang miyembro ng Simbahan na mag-isip na ang paggawa at pagtupad ng mga tipan at pangakong sumunod ay tila salungat sa plano ng Diyos samantalang, sa kabaligtaran, ang gayong tipan ng pagsunod ay mahalaga sa tunay na plano ng Diyos ukol sa kaligtasan.

## Ang Nakasaad sa mga Banal na Kasulatan

Ang ilang ideya tungkol sa panukalang ginawa ni Satanas sa daigdig bago tayo isinilang ay tila nagmula sa ipinasa-pasang kuwento sa halip na magmula sa totoong paghahayag tungkol sa paksa. Dahil dito, makabubuting basahing muli ang mga banal na kasulatan upang malaman kung ano talaga ang inihayag ng Panginoon ukol sa mahalagang bagay na ito. Sa mga banal na kasulatan, ang pangunahing pinagkunan ng tungkol sa ginawang panukala ni Satanas ay sa unang mga talata ng ikaapat na kabanata ng Moises:

"At ako, ang Panginoong Diyos, ay nangusap kay Moises, sinasabing: Yaong si Satanas, na iyong pinalayas sa pangalan ng aking Bugtong na Anak, ay yaon ding nagmula sa simula, at siya ay lumapit sa aking harapan, nagsasabing—Masdan, naririto ako, isugo ninyo ako, ako ang magiging inyong anak, at aking tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan.

"Subalit, masdan, ang aking Minamahal na Anak, na aking Minamahal at Pinili mula pa sa simula, ay nagsabi sa akin—Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan.

"Dahil dito, sapagkat yaong si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, at naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, at gayon din, na aking dapat ibigay sa kanya ang aking sariling kapangyarihan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Bugtong na Anak, aking pinapangyaring siya ay mapalayas;


"At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa aking tinig" (Moises 4:1–4).

## Ang Ama ng Lahat ng Kasinungalingan

Mula sa mga talatang ito malinaw na hindi humingi ang ating Ama sa Langit ng mga boluntaryo para mag-imbento

MGA PAGLALARAWAN NG SIRUP/ISTOCK/THINKSTOCK

at maglahad ng iba't iba at alternatibong mga plano ng kaligtasan, tulad ng palagay ng ilan. Sa halip, ito ay plano ng ating Ama sa Langit, at inilahad Niya ito sa Kanyang mga espiritung anak na nagtipon sa Malaking Kapulungan sa Langit. Si Jesucristo, na "pinili mula sa simula" na maging Tagapagligtas sa planong iyon, ay mapagpakumbabang nagmungkahi na ang plano ng Ama sa Langit ang suportahan, na sinasabing "Ama, masusunod ang inyong kalooban [iyon nga, ang inyong plano]." Sa tagpong ito gumawa si Satanas ng di-katanggap-tanggap at palalong mungkahing baguhin ang plano ng Ama sa Langit upang maligtas ang buong sansinukob (tingnan sa Moises 4:1). Bago natin talakayin kung paano niya sinabi na kaya niyang gawin ito, mahalagang pansinin na si Satanas ay tinukoy sa mga talatang ito bilang "ang ama ng lahat ng kasinungalingan" (Moises 4:4). Sa isa pang pagkakataon tinawag siyang "isang sinungaling mula pa sa simula" (D at T 93:25). Napakahangal na natin kapag naniwala pa tayo na totoo ang sinabi ni Satanas na kaya niyang iligtas ang buong sansinukob.



***Si Satanas ay tinutukoy na "ama ng lahat ng kasinungalingan" (Moises 4:4). Sinabi niyang ililigtas niya tayong lahat kung susundin natin siya. Ang panukala ni Satanas ay isang kasinungalingan. Hindi ito maaaring mangyari.***

Kung nauunawaan natin ang pagkatao at kasaysayan ni Satanas, mas angkop siyang ituring na unang taong manlilinlang na nagtangkang bentahan tayo ng isang produkto na alam niyang hindi niya maibibigay kailanman. Sinabi niyang maililigtas niya tayong lahat kung siya ang susundin natin sa halip na sundin ang plano ng ating Ama sa Langit na nilikha para sa ating kaligtasan at sinang-ayunan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Ang panukala ni Satanas ay isang kasinungalingan. Hindi ito mangyayari kailanman. Hindi ito epektibong alternatibo sa perpekto nang plano ng Ama sa Langit, sa halip ito ay isang patibong upang bitagin at linlangin ang mga tao na sundin si Satanas. Sa huli, ito ay isang plano ng kapahamakan, hindi ng kaligtasan.

### Pagwasak sa Kalayaan

Higit sa lahat, hindi nilinaw sa mga talatang ito ng banal na kasulatan *kung paano* isasagawa ni Satanas ang kasinungalingang ito. Ang tanging nakasaad sa mga banal na kasulatan ay "[wa]wasakin [nito] ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3). Nagmungkahi si Pangulong J. Reuben Clark (1871–1961), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ng dalawang malaking posibilidad para sa balak gawin ni Satanas at ipinaalala sa atin na hindi maisasakatuparan ang alinman sa dalawang ito. Ipinaliwanag niya: "Ayon sa pagkaunawa ko sa banal na kasulatan, kailangan sa plano ni Satanas ang isa sa dalawang bagay: Ang piliting sumunod ang . . . tao, o dili kaya'y iligtas ang mga tao sa kanilang kasalanan. Hindi ako naniniwala na mapipilit ang isipan at kalooban ng tao. Tiyak na hindi maliligtas ang mga tao sa kanilang kasalanan" (sa Conference Report, Okt. 1949, 193; binanggit sa *Doctrines of the Gospel Student Manual* [2010], 15).

Bagama't hindi naisakatupran ang mga balaking ito, nakikita natin ang mga elemento ng bawat isa sa mga gawain at taktika ni Satanas ngayon. Halimbawa, ang pamimilit at pamumuwersa ay ginagamit ngayon ng malulupit na pinunong naghahangad ng kapangyarihan sa mga bansa at ng mga aktibista sa pulitika na naghahangad na limitahan ang kalayaan sa relihiyon at piliting tanggapin ng lipunan ang masamang pag-uugali. Isinumpa ng Panginoon lalo na ang paggamit ng "lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan" (D at T 121:37).

Gayunman, ipinaliwanag din ng Panginoon na ang kapangyarihan at impluwensya ay maaaring gamitin upang manghimok ng kabutihan sa pamamagitan ng mapagmahal na panghihikayat, matwid na pagkagalit, at angkop na mga resulta (tingnan sa D at T 121:41–43). Ang mahalagang paglilinaw na ito ay nagpapakita na ang wastong pagdidisiplina ng Simbahan at ng mga magulang, pagpapatupad ng mga patakaran at pamantayan sa mga mission at paaralan ng Simbahan, at pagtatakda ng makatwirang mga batas sa lipunan ay pawang mga gawaing sinang-ayunan ng Panginoon at hindi bahagi ng "plano ni Satanas." Ang paggalang sa kalayaan ay hindi nangangahulugang pagtanggap sa anarkiya.

Ang pangalawang posibilidad kung paano iminungkahi ni Satanas na iligtas ang lahat ay inilarawan sa LDS Bible Dictionary: "Hangad ni Lucifer at ng kanyang mga alagad na agaran at kusang maligtas ang lahat ng naging mortal, nang hindi isinasaalang-alang kung ano ang kagustuhan, kalayaan, o kusang-loob na katapatan ng bawat tao" ("War in Heaven"). Sa madaling salita, ang isa pang ibig sabihin

nito ay ipinanukala ni Satanas na iligtas tayong lahat, anuman ang ginawa natin. Wawasakin nito ang kalayaan dahil hindi na ito magagamit. Kung aalisin ang lahat ng bunga ng ating mga pasiya at pare-pareho ang gantimpalang tatanggapin ng lahat, mawawalan ng kuwenta ang ating mga pagpapasiya at mawawasak ang ating kalayaan.

Ang pakahulugang ito tungkol sa panukala ni Satanas kung paano tayo ililigtas ay nakikita rin sa marami sa kanyang mga gawain at taktika na pamilyar sa ating panahon ngayon. Si Satanas ay palaging nangangako sa mga tao na maaari silang mamuhay sa kasalanan at maliligtas pa rin o na makasusumpong sila ng kaligayahan sa kasamaan. Ang mapanghimok na mensaheng ito ng kaligtasang madaling matamo at ng makasalanang pamumuhay ay lubhang popular ngayon, tulad ng panukala ni Satanas sa Digmaan sa Langit kung saan "marami ang sumunod sa kanya" (Abraham 3:28).

Makikita natin sa mga halimbawang ito na ang paraan ni Satanas ay hindi gaanong nagbago simula pa noong bago tayo isinilang. Patuloy na nagsisinungaling si Satanas sa mga tao sa pangangako sa kanila na kung susunod sila sa kanya ay maliligtas sila, o liligaya, o anumang iba pang gusto nilang marinig. Patuloy rin siyang gumagamit ng pamumuwersa upang subukang ipilit ang kanyang di-matwid na mga pananaw at gawi sa iba. Sa gayon, "nagpatuloy ang digmaan sa mortalidad . . . iyon pa rin ang mga usaping pinaglalabanan, at ang kaligtasan pa ring iyon ang nakataya" (Bible Dictionary, "War in Heaven").

### Isang Plano ng Paghihimagsik

Sigurol ang pinakasimpleng paraan para mailarawan ang plano ni Satanas ay hindi batay sa mga haka-hakang teorya tungkol sa balak gawin ni Satanas kundi tungkol sa talagang ginawa niya at ng kanyang mga alagad dahil sa kanyang plano—walang iba kundi ang maghimagsik. Paulit-ulit na sinabi sa mga banal na kasulatan na si Satanas ay hayagang naghimagsik laban sa Diyos. Halimbawa, sinabi ng Panginoon na "si Satanas ay naghimagsik laban sa akin" (Moises 4:3); "ang anghel ng Diyos na may kapangyarihan sa harapan ng Diyos [ay] naghimagsik laban sa Bugtong na Anak" (D at T 76:25); at "siya ay naghimagsik laban sa akin, nagsasabing, Ibigay mo sa akin ang iyong karangalan, na siyang aking kapangyarihan" (D at T 29:36).

Mula sa mga talatang ito malinaw na ang panukala ni Satanas ay hindi inosenteng mungkahi na baguhin ang plano ng Diyos. Ito ay paghihimagsik, isang rebelyon, isang tangkang pag-aalsa upang agawin ang trono ng Diyos at maghari sa langit. Ang mga sumunod kay Satanas ay nagdeklara ng digmaan sa langit at naging mga kaaway ng Diyos. Ang kanilang kalayaan ay nawasak dahil hindi nila pinili ang "kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan," at sa halip ay pinili ang "pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo; sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" (2 Nephi 2:27). Dahil dito, ang "ikatlong bahagi ng hukbo ng langit ay inilayo niya sa [Diyos] dahil sa kanilang kalayaang pumili" (D at T 29:36).

Sa madaling salita, ang pinakasimpleng paraan ay ituring ang plano ni Satanas bilang isang plano ng paghihimagsik at pagsuway sa Diyos. Sa kabilang dako, ibinuod ng Diyos ang Kanyang plano sa mga salitang ito: "At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:25). Bukod pa riyan, "Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3). Sa gayon, ang plano ng Diyos ay isang plano ng pagsunod at kabutihan, samantalang ang plano ni Satanas ay pagsuway at paghihimagsik.

### Pagkilala sa Plano

Sa wastong pag-unawa sa kaibhan ng plano ng Diyos sa mga mithiin ni Satanas, mas malinaw nating mahihiwatigan kung sino ang sumusunod at sino ang hindi *talaga* sumusunod kay Satanas. Matutulungan tayo nito na iwasang paratangan ang mga nanghihikayat ng kabutihan at pagsunod na sinusunod nila ang plano ni Satanas samantalang sinusunod naman talaga nila ang plano ng Diyos. Ilalantad din nito ang mga tunay na sumusunod sa plano ni Satanas sa ngayon.

Ang mga tumututol at naghihimagsik laban sa Diyos at sa Kanyang mga propeta, ang mga naghahangad na baguhin ang plano ng Diyos, ang mga namimilit na ibaba ang mga pamantayan ng kabutihan at naghahangad na pilitin ang iba na tanggapin ang imoral na pag-uugali, at ang mga naghahangad na linlangin ang mga tao na maniwala na ang kasamaan ay kaligayahan at na makasusumpong tayo ng kaligtasan sa kasalanan, ay sumusuportang lahat sa iba't ibang elemento ng mapanghimagsik na istratehiya ni Satanas.

Nawa'y sundin natin ang tunay na plano ng Ama sa Langit, isang plano ng kaligtasan "sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo" at sa "pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

*Para makapagbigay ng feedback tungkol sa artikulong ito o anumang artikulo sa* Liahona, *mag-email sa liahona@ldschurch.org.*





**Ni Elder Ulisses Soares**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# KUMAPIT SA GABAY NA BAKAL

*Kapag nanampalataya tayo at masigasig na sumunod sa mga utos ng Panginoon, mas madali nating mapipili ang tama.*

Noong na nasa kolehiyo pa ang isang butihing miyembro ng Simbahan na kakilala ko, inimbitahan siya ng isang kaklase niya na dumalo sa party sa bahay nila isang Sabado ng gabi. Inimbitahan din pati ang mga propesor ng kaibigan ko sa kolehiyo, lalo na ang mababait sa mga estudyante. Mukha namang masaya at hindi delikadong pumunta sa party.

Pero pagdating doon ng kaibigan ko, agad niyang nakita na iba ang kapaligiran doon kaysa inaasahan niya. Nag-iinuman, naninigarilyo, nagdodroga, at gumagawa ng karima-rimarim na mga bagay ang mga estudyante sa bawat sulok ng bahay. Nabahala siya at nagpasiyang umalis, pero malayo sa tirahan niya ang pinagdausan ng party. Nakisakay lang siya sa mga kaibigan papunta roon, kaya hindi siya makaalis nang mag-isa.


Nang sandaling iyon tahimik siyang nagdasal sa Panginoon, at humingi ng tulong. Matapos magnilay-nilay, nadama niya na dapat siyang lumabas. Sinunod niya ang naramdaman niya at nanatili siya sa labas hanggang sa matapos ang party.

Habang nasa sasakyan pauwi, nagkuwentuhan ang mga kaibigan niya tungkol sa karima-rimarim na mga bagay na nangyari sa party. Naasiwa ang kaibigan ko sa sitwasyon. Halos hindi niya ito matagalan.

Nang tumanggap siya ng sakramento sa simbahan kinabukasan, nadama niya ang kapanatagan, kapayapaan, at katiyakan na tama ang desisyong ginawa niya. Natanto niya kung paano kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal at huwag bumitaw, kahit may abu-abo ng kadiliman. Malinaw niyang naunawaan ang itinuro ni Nephi sa mga kapatid nito nang sabihin nito na "sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol" (1 Nephi 15:24).

Isipin ninyo kung ano sana ang nangyari kung hindi nagpakatatag ang binatang iyon, dahil sa kahihiyan, at bumitaw sa gabay na bakal. Dahil dito at sa iba pang mga desisyon niya sa buhay, pinakasalan niya ang isang dalaga sa templo, bumuo siya ng mabuting pamilya, at naging matagumpay. Naglilingkod siya nang tapat ngayon sa Simbahan at nagsisikap na maging mabuting halimbawa sa kanyang mga anak.

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE PAYNE



Nadama ng kaibigan ko na dapat siyang umalis sa party at manatili sa labas hanggang sa matapos ito. Natanto niya kung paano kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal at huwag bumitaw, kahit may abu-abo ng kadiliman.

**Ang Likas na Tao**

Hindi madaling harapin ang tukso sa araw-araw. Tayong lahat ay lantad sa isang kapaligirang kumakalaban sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nabubuhay tayo sa isang mundong pasama nang pasama ang moralidad. Ang media at teknolohiya ay ineengganyo tayong gawin ang mga bagay na pumipinsala at sumisira ng buhay na salungat sa ating mga paniniwala at sa mga pinahahalagahan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pamimilit ng mga kaibigan na iba ang mga pinahahalagahan, o kapareho man natin ang mga pinahahalagahan ay mahina naman ang pananampalataya, ang nagtutulak sa atin na sumali sa masasamang pag-uugali. Bukod pa rito, kailangan nating paglabanan ang likas na taong umiiral sa atin.

Binigyang-kahulugan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ang likas na tao bilang "isang tao na pumapayag na mahikayat ng mga silakbo ng damdamin, pagnanasa, gana, at damdamin ng laman kaysa ng mga panghihikayat ng Banal na Espiritu. Ang taong ganito ay nakauunawa ng mga pisikal na bagay subalit hindi ng mga espirituwal na bagay. . . . Bawat tao ay nararapat na isilang na muli sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo upang matigil ang pagiging likas na tao."[1]

Madalas banggitin ni Pangulong Thomas S. Monson ang isang simpleng kasabihan na makakatulong sa atin na maiwasang matukso at manatili sa tamang direksyon: "Hindi ka magiging tama sa paggawa ng mali; hindi ka magkakamali sa paggawa ng tama."[2]

Kapag nanampalataya tayo at masigasig na sumunod sa mga utos ng Panginoon, mas madali nating mapipili ang tama.

**Ang Liwanag ni Cristo**

Itinuro ng propetang si Mormon sa kanyang mga tao:

"Samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos.

"Ngunit anumang bagay na humihikayat sa tao na gumawa ng masama, at huwag maniwala kay Cristo, at itinatatwa siya, at huwag maglingkod sa Diyos, kung magkagayon, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa diyablo; sapagkat sa ganitong pamamaraan gumagawa ang diyablo, sapagkat hindi niya hinihikayat ang sinumang tao na gumawa ng mabuti, wala, kahit isa; ni ang kanyang mga anghel; ni sila na nagpapasakop ng kanilang sarili sa kanya" (Moroni 7:16–17).

Ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit ang Liwanag ni Cristo, na "banal na lakas, kapangyarihan, o impluwensya na nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo at nagbibigay-buhay at liwanag sa lahat ng bagay."[3] Tinutulungan nito ang tao na pumili sa pagitan ng tama at mali. Ang kaloob na ito, kaakibat ang patnubay ng Espiritu Santo, ay tutulong sa ating malaman kung ang isang pasiya ay inilalagay tayo sa teritoryo ng Panginoon o sa teritoryo ng kaaway. Kung mabuti ang ating pag-uugali, tayo ay binibigyang-inspirasyon ng Diyos. Kung masama ang ating pag-uugali, tayo ay naiimpluwensyahan ng kaaway.

Ginamit ng kaibigan ko sa kolehiyo ang dalawang kaloob na ito. Ang Liwanag ni Cristo ay nakatulong sa kanya upang matukoy kung ano ang tama, at ginabayan Siya ng Espiritu Santo sa pagpili ng landas na dapat sundan. Ang dalawang kaloob na ito ay makakamtan ng mga taong kumakapit sa gabay na bakal.

**Ang Kaloob na Pagsisisi**

Isipin natin kunwari na sa kung anong dahilan ay nalinlang o nalito tayo ng tukso at nagkasala dahil dito. Ano ang dapat nating gawin? Kung tayo ay matukso at magkasala, dapat tayong makipagkasundong muli sa Diyos. Sa wikang gamit sa mga banal na kasulatan, kailangan nating magsisi.

Itinuro ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Kapag nagkasala tayo, tumatalikod tayo sa Diyos. Kapag nagsisisi tayo, muli tayong bumabaling sa Diyos.

"Ang imbitasyong magsisi ay bihirang maging tinig ng pagpaparusa at sa halip ay isang mapagmahal na pagsamong pumihit at 'muling bumaling' sa Diyos [tingnan sa Helaman 7:17]. Pag-anyaya iyon ng isang mapagmahal na Ama at ng Kanyang Bugtong na Anak na higitan pa natin ang ating sarili, taasan pa ang uri ng pamumuhay, magbago, at damhin ang kaligayahan ng pagsunod sa mga utos. Dahil mga disipulo tayo ni Cristo, nagagalak tayo sa pagpapala ng pagsisisi at sa kagalakan ng patanggap ng kapatawaran. Nagiging bahagi natin ito, hinuhubog ang ating isipan at damdamin."[4]

Ang pagsisisi ay isang napakagandang kaloob na makakamit ng lahat ng naghahangad na makabalik sa Diyos at nagtutulot sa Kanyang hubugin ang kanilang buhay.

Isinilang tayo na may binhi ng kabanalan sa ating espiritu dahil tayo ay mga anak ng Diyos. Ang binhing ito ay kailangang lumago. Lumalago ito kapag ginamit natin sa kabutihan ang ating kalayaan, kapag gumawa tayo ng mga tamang desisyon, at kapag nagpagabay tayo sa Liwanag ni Cristo at sa Espiritu Santo sa mga desisyong ginagawa natin sa buhay. Kailangan ng panahon sa prosesong ito, ngunit posibleng mahubog ang ating espiritu at buhay sa pagdaan ng bawat araw.

Dahil nakikita Niya ang ating katapatan at pagsisikap, ibibigay sa atin ng Panginoon ang hindi natin kayang matamong mag-isa. Huhubugin Niya tayo dahil nakikita Niya ang mga pagsisikap natin na punan ang ating kakulangan at daigin ang ating mga kahinaan bilang tao.

Dahil diyan, ang pagsisisi ay nagiging bahagi ng ating buhay sa araw-araw. Ang pagtanggap ng sakramento linggu-linggo—ang magpakumbaba sa harap ng Panginoon, na kinikilalang umaasa tayo sa Kanya, na hinihiling sa Kanya na patawarin at panibaguhin tayo, at nangangako na lagi Siyang aalalahanin—ay napakahalaga.

Kung minsan sa araw-araw nating pagsisikap na maging higit na katulad ni Cristo, iyon at iyon pa rin ang mga bagay na nahihirapan tayong gawin. Para tayong umaakyat sa bundok na natatakpan ng mga puno. Kung minsan hindi natin makita kung sumusulong ba tayo hanggang sa makalapit na tayo sa tuktok at makalingon mula sa matatarik na bangin. Huwag panghinaan ng loob. Kung kayo ay nagpupursigi at nagsisikap na magsisi, nasa proseso kayo ng pagsisisi.

Sinabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang . . . pagwawaksi sa masasamang pag-uugali o adiksyon ay kadalasang nangangahulugan ng pagsisikap ngayon na susundan ng bukas at ng isa pang bukas, marahil ng maraming araw, maging ng mga buwan at taon, hanggang sa magtagumpay tayo."[5]

Habang nagpapakabuti tayo, lumalawak ang pananaw natin sa buhay at nadarama nating lumalakas ang impluwensya ng Espiritu Santo sa ating kalooban. Para sa mga tunay na nagsisisi ngunit tila hindi mapanatag, patuloy na sundin ang mga kautusan. Nangangako ako sa inyo na mapapanatag kayo sa takdang panahon ng Panginoon. Matagal ang pagpapagaling.

Panatilihin natin ang walang-hanggang pananaw sa pamamagitan ng pagdaig sa likas na tao, pagpapasiya ayon sa Liwanag ni Cristo, paghahangad ng gabay ng Espiritu Santo, pagsisisi kapag nagkukulang tayo, at pagtutulot na baguhin ng ating Ama sa Langit ang ating buhay ayon sa plano Niya para sa atin. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "Becoming a Work of Art," na ibinigay sa Brigham Young University noong Nob. 5, 2013. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Likas na Tao"; scriptures.lds.org.
2. Thomas S. Monson, "In Harm's Way," *Ensign,* Mayo 1998, 48.
3. Guide to the Scriptures, "Light, Light of Christ"; scriptures.lds.org.
4. Neil L. Andersen, "Magsisi . . . Upang Mapagaling Ko Kayo," *Liahona,* Nob. 2009, 40.
5. D. Todd Christofferson, "Pagkilala sa Tulong ng Diyos sa Ating mga Pagpapala sa Araw-araw," *Liahona,* Ene. 2012, 29.



## ISANG PANGAKO SA LAHAT

"Isinagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, na naglalaan ng paraan para tayo maging malinis. . . . Ang mga taong magsisisi at tatalikod sa kasalanan ay makikita ang Kanyang maawaing bisig na nakaunat pa rin. . . . Ang bunga ng Kanyang sakripisyo ang magpapalaya sa atin mula sa mga epekto ng kasalanan upang mapawi ang panunurot ng budhi at makadama ng pag-asa."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Dahilan ng Ating Pag-asa," *Liahona,* Nob. 2014, 6, 7.**



# ANG PAGGALANG NG TAGAPAGLIGTAS SA Kababaihan

**Nina Robert at Marie Lund**

Noong ang kababaihan ay karaniwang itinuturing na mababa, inihayag sa Ebanghelyo ni Juan na pinakitunguhan ni Jesucristo ang kababaihan nang may habag at paggalang at na, gaya ng sinabi ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "ang pinakadakilang tagapagtanggol ng kababaihan at pagkababae sa mundo ay si Cristo Jesus."[1]

Ang artikulong ito ay nakatuon sa sumusunod na kababaihan sa Ebanghelyo ni Juan: (1) si Maria, na ina ni Jesus (tingnan sa Juan 2:1–11; 19:25–27); (2) ang babaeng Samaritana sa tabi ng balon (tingnan sa Juan 4:4–30, 39–42); (3) ang babaeng nangalunya (tingnan sa Juan 8:1–11); at (4) si Maria Magdalena (tingnan sa Juan 20:1–18). Bagama't ang mga karanasan sa buhay ng kababaihang ito ay magkakaiba, binigyang-diin ni Juan ang pag-unawa ng Tagapagligtas sa iba't ibang sitwasyon ng kanilang buhay, at itinala niya ang mga pagpapalang dumating sa bawat babae dahil sa pananampalataya nito kay Jesucristo.

*Sa pag-aaral tungkol sa mga pakikipag-usap ni Cristo sa kababaihan sa aklat ni Juan, mas mauunawaan natin ang ating potensyal na pakikipag-ugnayan sa Kanya.*

## Sumampalataya Muna si Maria Bago Naganap ang Unang Himalang Nasaksihan ng Publiko

Ipinakilala ni Juan si Maria sa mambabasa sa mga unang pahina ng kanyang Ebanghelyo. Ang salaysay niya tungkol sa unang himala ni Jesucristo na nasaksihan ng publiko sa kasal sa Cana ay papuri sa pananampalataya ni Maria.

Ang katungkulan ni Maria sa kasal ay mas malamang na dahil sa responsibilidad niya sa kasalan.[2] Nang ang mga panauhin ay "magkulang ng alak, ang ina ni Jesus ay nagsabi sa kaniya, Wala silang alak" (Juan 2:3). Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na nang humingi ng tulong si Maria kay Jesucristo, maaaring umasa siya nang may paggalang sa isang himala.[3]

Bilang tugon, sinabi ni Jesucristo, "Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang aking oras ay hindi pa dumarating" (Juan 2:4). Sa inspiradong pagsasalin ni Joseph Smith sa talatang ito, itinanong ng Tagapagligtas kay Maria kung ano ang nais nitong ipagawa sa Kanya at nangakong gagawin Niya ito.[4] Ang katawagang *babae* ay maaaring mabagsik at walang-galang ang dating sa makabagong mambabasa; gayunman, malamang na ginamit ito rito ng Tagapagligtas para iparating ang kabaligtarang kahulugan nito.[5] Ipinaliwanag ng isang scholar, "'Babae', o, mas magandang sabihing, 'Binibini,' ang magalang na katawagan sa Griyego, na ginagamit kahit sa pagtukoy sa mga reyna."[6] Para bang sinabi Niya sa Kanyang ina, "Mahal kong binibini, anumang iyong hingin sa akin nang may pananampalataya, ay ipagkakaloob ko sa iyo." Ipinapakita sa salaysay na interesado ang Tagapagligtas sa mga karaniwang problemang kinakaharap ng kababaihan sa araw-araw. Iginalang ni Cristo ang Kanyang ina sa pag-aalok na tulungan ito sa kanyang mga pasanin at responsibilidad.

Sa gayo'y nakatala sa salaysay ang patuloy na pananampalataya ni Maria nang utusan niya ang mga nagsisilbi na sundin si Jesucristo: "Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kanyang sabihin" (Juan 2:5). Napuno ang mga lalagyan ng tubig, at ginawang alak ng Tagapagligtas ang tubig bilang tugon sa kahilingan ni Maria na maglaan ng inumin sa mga panauhin sa kasal. Napakaganda ng aral na natututuhan natin mula kay Maria: kapag nangangailangan, lumapit at magtiwala kay Jesucristo, na maytaglay ng lahat ng kapangyarihan. Tulad ni Maria, makakaasa nang may pananampalataya ang kababaihang Banal sa mga Huling Araw kay Jesucristo kapag nabibigatan sila sa kanilang mga responsibilidad.

Hindi lamang itinuturo ng maikling salaysay na ito ang kapangyarihan ng pananampalataya ni Maria kundi



*Napakaganda ng aral na natututuhan natin mula kay Maria: kapag nangangailangan, lumapit at magtiwala kay Jesucristo, na maytaglay ng lahat ng kapangyarihan.*

LARAWAN NG PAPYRUS NI ET_ENGINEER/ISTOCK/THINKSTOCK; MGA PAGLALARAWAN NINA DILLEEN MARSH AT MICHAEL MALM



*Dahil sa kanyang pananampalataya, tumanggap ang Samaritana ng patotoo mula sa Espiritu at nagnais na patotohanan na si Jesus ang Cristo, ang ipinangakong Mesiyas.*

pinagtitibay rin ang tunay na pagkatao ni Jesucristo bilang Anak ng Diyos dahil sa Kanyang unang himala na nasaksihan ng publiko. Ang babaeng sumunod na ipinakilala ni Juan sa mambabasa ay ang Samaritana.

## Nagpakita ng Paggalang si Jesucristo sa Isang Samaritana

Ang salaysay sa Juan 4 ay nagpapatunay sa paggalang ni Jesucristo sa lahat ng babae, anuman ang kanilang bansa o relihiyon. Itinuring ng ilang Judio ang mga Samaritano na "mas marumi kaysa isang Gentil ng anumang iba pang bansa"[7] at ayaw silang makaugnayan. Hindi lamang isinantabi ni Jesucristo ang mga tradisyon ng panahon, kundi kinilala pa ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang paggalang ng Tagapagligtas sa babaeng ito: "Noong unang magpakilala ang Panginoon bilang Cristo, iyon ay sa isang [Samaritana] sa may balon ni Jacob."[8]

Matapos maglakbay sa init ng araw, tumigil si Jesucristo para magpahinga at makakuha ng tubig. Sinimulang kausapin ng Tagapagligtas ang Samaritana sa tabi ng balon sa pamamagitan ng paghingi ng inumin. Unti-unti, sa pamamagitan ng pakikipag-usap, nagkaroon ito ng patotoo tungkol sa Kanyang kabanalan. Itinala ni Juan na una nitong tinawag si Jesus na "isang Judio," pagkatapos ay "Ginoo," pagkatapos ay "propeta," at sa huli ay "ang Cristo" (tingnan sa Juan 4:9–29). Ang magalang na pagpili nito ng itatawag sa Kanya ay nagpapahiwatig na nagkaroon siya ng pananampalataya kay Jesucristo at nagbalik-loob.

Itinuro rito ng Tagapagligtas na Siya ay "tubig na buhay" (Juan 4:10) at ang mga uminom mula rito ay hindi na mauuhaw magpakailanman. Nalilitong nagtanong pa ang babae. Pagkatapos ay inihayag ni Jesucristo ang nakaraan at ang kasalukuyang makasalanang pakikipagrelasyon ng Samaritana. Bagaman maaaring napahiya siya, marahil ay nadama rin niya na si Jesucristo ay nagsalita nang may paggalang, dahil taimtim siyang tumugon, "Ginoo, napaghahalata kong ikaw ay isang propeta" (Juan 4:19). Nang mahayag na ang kanyang mga kasalanan, at wala na siyang maitago, sumampalataya ang babae kay Jesucristo nang turuan Niya ito. Ang isa sa Kanyang mga sagot ay maaaring maging susi sa pagtatamo ng kaligtasan: "Babae [o, mahal kong binibini], paniwalaan mo ako" (Juan 4:21).

Dahil sa kanyang pananampalataya, tumanggap ang Samaritana ng patotoo mula sa Espiritu at nagnais na patotohanan na si Jesus ang Cristo, ang ipinangakong Mesiyas. Iniwan ng babae ang kanyang banga ng tubig (na

sagisag ng kanyang mga makamundong ari-arian), nagtungo sa lungsod at nagpahayag, "Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang lalake, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa: mangyayari kayang ito ang Cristo?" (Juan 4:29). Sa pagiging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos, ang pananampalataya at kasigasigan ng Samaritana ay nakatulong na mapalambot ang mga puso ng iba na tanggapin si Jesucristo.

Sa pagtatampok sa karanasang ito, ipinakita ni Juan na alam ng Tagapagligtas ang ginagawa ng kababaihan at alam Niya ang mga detalye ng kanilang buhay. Bukod pa rito, iginagalang Niya ang lahat ng babae anuman ang kanilang pinagmulan. Para sa kababaihang hindi nadarama na may kaugnayan sila kay Cristo o nadarama na para silang palaboy sa sarili nilang kalipunan, ipinapakita ng salaysay na ito na alam ni Jesucristo ang mga hamon sa buhay ng bawat babae at maaari Niyang tanggapin at tulungan ang bawat babae. Binigyang-diin ng Ebanghelyo ni Juan ang puntong ito sa pagtuturo tungkol sa pagkahabag ni Cristo sa babaeng nangalunya.

### Nagpakita ng Habag si Jesucristo para sa Babaeng Nangalunya

Ikinumpara ng Juan 8 ang malupit na pakikitungo ng mga Fariseo sa babae sa magiliw na paggalang at pagkahabag ni Jesucristo sa kanya. Marahil sa pagtatangkang ipatanto at ipabawi sa mga Fariseo ang malupit na pakikitungo nila sa babae, "yumuko [ang Tagapagligtas], at sumulat ng kanyang daliri sa lupa, [na parang hindi niya sila narinig]" (Juan 8:6). Ang "pagsulat sa lupa ay isang masimbolong pagkilos na kilalang-kilala noong araw, na tanda ng pagtutol na humarap sa usapin."[9]

Gayon pa man, patuloy na ginulo ng mga eskriba at Fariseo si Jesucristo at ipinahiya ang babae. Dahil sa habag sa babae, "umunat [si Jesus ], at sa kanila'y sinabi, Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kanya. At muli siyang yumuko, at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa" (Juan 8:7–8). Habang nakatayo at lantad sa mga tao at naghihinagpis, isa-isang nag-alisan ang mga nanuligsa, at naiwang mag-isa ang babaeng nangalunya sa harapan ni Jesus.

Mabuti na lang at nanatili ang babae sa Juan 8 sa tabi ni Jesucristo sa halip na lumayo. Malamang na napasigla at napalakas siya ng ipinakitang paggalang ni Jesus sa kanya. Itinanong Niya, "Babae [o, mahal kong binibini], saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo? At sinabi niya, Wala sinoman, Panginoon. At sinabi ni Jesus, ako



*Mabuti na lang at nanatili ang babae sa Juan 8 sa tabi ni Jesucristo sa halip na lumayo. Malamang na napasigla at napalakas siya ng ipinakitang paggalang ni Jesus sa kanya.*



*Si Maria Magdalena ang unang taong piniling sumaksi at pagkatapos ay inutusang magpatotoo sa nabuhay na mag-uling Tagapagligtas. Patuloy na umaasa ang Panginoon sa kababaihan sa ating panahon na tumayo bilang Kanyang mga saksi.*



man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala" (Juan 8:10–11).[10]

Muli, pinatotohanan ng Ebanghelyo ni Juan na pinakikitunguhan ni Jesucristo ang kababaihan nang may habag at paggalang, anuman ang kanilang mga kasalanan. Yamang lahat ay nagkasala, magkakaroon tayo ng malaking pag-asa sa halimbawa ng babaeng ito na sumampalataya kay Jesucristo. Tulad nang pag-unawa ng Tagapagligtas sa babaeng ito sa magulo at nakalulungkot na sitwasyon, inalo Niya si Maria Magdalena nang makita Niya itong lumuluha sa libingan sa halamanan.

### Pinili si Maria Magdalena na Maging Saksi ng Nabuhay na Mag-uling si Cristo

Si Juan ang tanging awtor ng Ebanghelyo na tumukoy sa unang taong nakakita sa nabuhay na mag-uling Panginoon, na nagpapakita na ang magigiting at may kakayahang kababaihan ay maaaring tumanggap ng mga dakilang espirituwal na pagpapakita. Itinala ni Juan, "Nang unang araw nga ng sanglinggo ay naparoong maaga sa libingan si Maria Magdalena, samantalang madilim pa, at nakita ang bato na naalis na sa libingan" (Juan 20:1). Nang makitang naalis ang bato, tumakbo si Maria para humingi ng tulong at ipaalam sa mga Apostol na nawawala ang katawan ni Jesus. Nakita niya sina Pedro at Juan, na tumakbo sa libingan at nakita na damit-pamburol lamang ang naroon. Pagkatapos ay umalis ang dalawang Apostol, at naiwang mag-isa si Maria sa libingan sa halamanan.

Nanangis si Maria sa halamanan sa tabi ng libingan: marahil nanlambot siya sa kaiisip kung ano ang nangyari sa katawan ng Panginoon. Bagama't nagpakita ang Tagapagligtas at nakipag-usap sa kanya, hindi niya kaagad nakilala ang Tagapagligtas. Ngunit pagkatapos ay "sinabi sa kaniya ni Jesus, Maria" (Juan 20:16). May isang bagay na naging dahilan para malaman niya na ito ang kanyang Tagapagligtas. "Ang pagkakilala ay daglian. Ang kanyang pagluha ay naging dagat ng kagalakan. Siya nga; siya ay nagbangon; siya ay buhay."[11] Matapos masaksihan ang nabuhay na mag-uling Panginoon, inutusan si Maria na patotohanan sa mga Apostol na Siya ay buhay.

Kahit alinlangan ang mga disipulo noong una (tingnan sa Lucas 24:11), maaaring nagkaroon ng epekto ang pagsaksi ni Maria. Kalaunan, nagtipon ang mga disipulo upang pag-usapan ang mga nangyari sa maghapon, at malamang na pinagbubulayan nila ang patotoo ni Maria, nang si Jesus ay "tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo" (Juan 20:19).

Binigyang-diin ng karanasang ito ang mataas na pagpapahalaga ni Jesucristo sa kababaihan, dahil si Maria Magdalena ang unang taong piniling sumaksi at pagkatapos ay inutusang magpatotoo sa nabuhay na mag-uling Tagapagligtas. Patuloy na umaasa ang Panginoon sa kababaihan sa ating panahon na tumayo bilang mga saksi sa Kanya. Ipinahayag ni Elder M. Russell Ballard, "[Ang] ating dispensasyon ay mayroon ding mga bayaning babae. Di-mabilang na kababaihan mula sa bawat kontinente at antas sa lipunan ang nakagawa ng malalaking kontribusyon sa layon ni Cristo. . . . Ang tanong ko'y, 'Magiging isa ka ba sa mga babaing iyon? At kayong kalalakihan na mayhawak ng priesthood, tatalima ba kayo sa gayunding tawag?'"[12]

### Matutularan Natin ang Kanilang Halimbawa

Sa pagsampalataya kay Jesucristo, matutularan natin ang halimbawa ng kababaihang ito sa mga sulat ni Juan. Maaari tayong magtiwala na nauunawaan ng Tagapagligtas ang mga karaniwang problemang kinakaharap natin sa araw-araw at matutulungan tayong dalhin ang ating mga pasanin. Maaari nating paniwalaan na bibigyang-inspirasyon tayo ni Jesucristo sa kabila ng ating mga kasalanan. Bukod pa rito, maaari nating malaman na matutulungan tayo ni Cristo sa ating pinakamatitinding kalungkutan, pagdurusa, at dalamhati. ■

*Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*


**MGA TALA**

1. James E. Talmage, *Jesus the Christ,* ika-3 ed. (1916), 475.
2. Tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo (1965–73), 1:135.
3. Tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 145.
4. Tingnan sa Joseph Smith Translation, John 2:4 (sa Juan 2:4, footnote *a*).
5. Tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 144–145.
6. Sa J. R. Dummelow, ed., *A Commentary on the Holy Bible* (1909), 778.
7. James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 172.
8. M. Russell Ballard, "Kababaihan ng Kabutihan," *Liahona,* Dis. 2002, 34.
9. Sa Dummelow, ed., *Commentary,* 788–89.
10. Idinagdag ng Joseph Smith Translation na simula sa sandaling iyon, niluwalhati ng babae ang Diyos at naniwala na ito sa Kanya (tingnan sa Joseph Smith Translation, John 8:11).
11. Bruce R. McConkie, *The Mortal Messiah,* 4 na tomo (1979–81), 4:263.
12. M. Russell Ballard, *Liahona,* Dis. 2002, 38–39.


*RABBONI*, NI MICHAEL MALM, SA KAGANDAHANG-LOOB NG ILLUME GALLERY OF FINE ART



# KAPAG NAGKAROON NG mga Pag-aalinlangan AT mga Tanong

*Ang pagtatanong ay mahalagang bahagi ng ating walang-hanggang pag-unlad, at ang paghahanap ng mga sagot sa paraan ng Panginoon ay maglalapit sa atin sa ating Ama sa Langit.*

**Ni Adam Kotter**

Dahil sa Internet kaya pangkaraniwan na sa mga miyembro ng Simbahan ang magkaroon ng mga ideyang humahamon sa kanilang mga paniniwala. Nadarama ng ilang miyembro na ang pagtatanong ay nakakalito at iniisip nila kung katanggap-tanggap bang magtanong tungkol sa kanilang pananampalataya.

Mahalagang maunawaan na makabubuti sa atin ang magtanong. Sa katunayan, ang pagtatanong nang may pananampalataya ay mahalaga sa ating espirituwal na pag-unlad. Gayunman, ang taimtim na pagtatanong ay hindi kapareho ng pag-aalinlangan.

### Pagtatanong Bersus Pag-aalinlangan

Ano, kung gayon, ang kaibhan ng pagtatanong sa pag-aalinlangan? Ang mga tanong, kapag sinambit nang may taimtim na hangaring dagdagan ang pang-unawa at pananampalataya ng isang tao, ay kailangang mahikayat. Maraming sinauna at makabagong paghahayag na dumating bunga ng isang taimtim na tanong.[1] Ang utos sa banal na kasulatan na maghangad at magtanong upang makaunawa ay kasama sa pinakamadalas ulitin. Ang taimtim na mga tanong ay mga itinatanong na may "tunay na layunin" (Moroni 10:4) na mas maunawaan at masunod nang lubusan ang kalooban ng Panginoon.

Ang isang taong taimtim na nagtatanong ay patuloy na sumusunod habang naghahanap ng mga sagot. Sa kabilang banda, nakita ko na kapag nag-alinlangan ang mga tao sa kanilang mga paniniwala, madalas ay tumitigil sila sa pagiging tapat sa mga kautusan at tipan habang naghihintay ng mga sagot. Ang nag-aalinlangan ay karaniwang tumitigil sa pagsunod o nililimitahan ito, habang naghihintay na malutas ang mga pag-aalinlangan.

Walang mungkahi sa mga banal na kasulatan o mga turo ng mga propeta na naghihikayat ng pag-aalinlangan. Sa katunayan, ang mga banal na kasulatan ay puno ng mga turo na salungat dito. Halimbawa, hinihikayat tayo na "huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (D at T 6:36). At sa Mormon 9:27, hinihikayat tayo na "huwag mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala."

Ang isang problema sa pag-aalinlangan ay ang hangaring sumunod *lamang matapos* malutas ang kawalang-katiyakan sa kasiyahan ng nag-aalinlangan. Ito ang pag-uugaling ipinakita ni Korihor, na nagsabing, "Kung magpapakita ka sa akin ng isang palatandaan . . . sa gayon ako ay ma[ni]niwala sa katotohanan" (Alma 30:43).

Ang kapangyarihan ng pag-aalinlangan na sirain ang pananampalataya, pag-asa, at maging ang pamilya ay nababawasan kapag taimtim na sinabi ng isang tao na, "Gagawin [ko] ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, malutas man kaagad o hindi ang aking mga tanong, dahil nakipagtipan akong gawin ito." Ang kaibhan sa pagitan ng tapat na "Susundin ko ang mga kautusan *dahil* . . ." at ng nag-aalinlangang "Susundin ko ang mga kautusan *kung* . . ." ay may matindi at walang-hanggang kahalagahan.

### Ang Huwaran ng Panginoon sa Pagtanggap ng mga Sagot

Bilang network engineer, kailangan kong sundin ang mahihigpit na patakaran kung gusto kong makakonekta ang mga computer network ko sa iba pang mga network.

MGA PAGLALARAWAN NI BETH JEPSON

Kung minsan ang mga patakarang ito ay parang nakakapagod sundin, pero kapag sinunod ng bawat network engineer ang mga pamantayan, nakakalikha kami ng isang bagay na mas mabisa kaysa magagawang mag-isa ng bawat isa sa amin.

Gayundin, kung naghahanap kayo ng sagot sa isang espirituwal na tanong mula sa Pinagmumulan ng lahat ng kaalaman, kailangan ninyong sundin ang Kanyang mga patakaran para makuha ang sagot. Ang prosesong ito ay nangangailangan ng kahit hangarin man lang na maunawaan ang katotohanan at ng kahandaang sundin ang kalooban ng Diyos (tingnan sa Alma 32:27). Kung hindi, nanganganib kayong kumbinsihin ang inyong sarili na paniwalaan ang gusto ninyong paniwalaan sa halip na tanggapin ang totoong mga sagot mula sa Diyos.

Normal lang na mag-alala at mabahala kapag naharap tayo sa isang di-pamilyar na ideya, lalo na kung hinahamon nito ang isang matagal nang paniniwala. Ang mahalaga ay huwag maging dahilan ang pagkabahalang iyon para talikuran natin ang ating mga tipan habang naghahanap tayo ng mga sagot. Natutuhan ko mula sa personal na karanasan na hindi natin maaaring talikuran ang Diyos at asahan pa rin Siyang sagutin ang ating mga tanong ayon sa inaasahan natin. Kailangan ng pananampalataya para patuloy na masunod ang mga kautusan habang nilulutas natin ang ating mga pag-aalinlangan. Maaari tayong matuksong ipagpaliban o limitahan ang ating pagsunod habang hinihintay nating malutas ang ating mga problema, ngunit hindi ito ang paraan ng Diyos.

Sa praktikal na pananalita, dapat muna nating itanong sa ating sarili, "Handa ba akong gawin ang lahat para masagot ako ng Panginoon, o gusto ko lang gawin ang gusto ko?" Itinuro ng Tagapagligtas Mismo ang huwarang ito nang sabihin Niyang, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:17).

Kaya ang unang hakbang sa paglutas ng mga tanong ay manatiling "matatag at di natitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos" (Alma 1:25). Itinanong ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Paano kayo mananatiling 'matatag at di natitinag' sa oras ng pagsubok sa inyong pananampalataya? Magtuon kayo sa mismong mga bagay na nagpalakas sa inyong pananampalataya: manampalataya kay Cristo, manalangin, pagnilayan ang mga banal na kasulatan, magsisi, sundin ang mga utos, at maglingkod sa kapwa.

"Kapag naharap sa pagsubok ng pananampalataya—anuman ang gawin ninyo, huwag kayong lumayo sa Simbahan! Ang paglayo ninyo sa kaharian ng Diyos sa oras ng pagsubok sa pananampalataya ay parang pag-alis sa ligtas na kanlungan nang matanaw ninyo ang buhawi."[2]



***Ang paglayo ninyo sa kaharian ng Diyos sa oras ng pagsubok sa pananampalataya ay parang pag-alis sa ligtas na kanlungan nang matanaw ninyo ang buhawi.***

Itinuro din ni Elder Andersen na "ang pananampalataya . . . ay isang desisyon."[3] Hindi pipilitin ng Panginoon ang inyong isipan o pagsunod. Kailangan ay sadya ninyong piliing sumampalataya! Ang pasiyang iyan ay hindi sumasalungat sa katapatan ng inyong isipan; ito ay katibayan ng walang-hanggan at banal na paggalang sa inyong kalayaan.

### Nadaragdagan ang Pang-unawa sa Pagtatanong

Mali ang akala ng ilan na ang pagkakaroon ng tunay na mga problema tungkol sa kasaysayan o doktrina ng Simbahan ay katibayan na hindi sinusunod ng isang tao ang mga pamantayan ng Simbahan. Ang pagtatanong ay hindi nangangahulugan na may malaki kayong kasalanan. Ang pagtatanong ay bahagi ng buhay at kailangan para sa ating pag-unlad at dagdag na pag-unawa. Ang problema ay hindi kung magkakaroon tayo ng mga tanong kundi kung susundin natin ang mga kautusan kapag sinunod natin ang proseso ng paghahayag na humahantong sa mga sagot.

Dapat ninyong malaman na mapapalaki ni Satanas ang ating mga pag-aalinlangan o hihikayatin tayong pangatwiranan ang ating mga kasalanan. Hindi tayo papanatagin ng Espiritu Santo kapag nagkasala tayo, at maaari tayong magsisi o kaya'y balewalain ang mga pahiwatig na ito. Kapag nagkaroon ng mga pag-aalinlangan, maaaring makatulong na tapat na itanong sa inyong sarili, May ginagawa o hinahangad ba ako na taliwas sa ebanghelyo? Kung oo ang sagot ninyo, humingi ng tulong sa inyong bishop. Maaari itong makagawa ng malaking kaibhan! Ang pangangatwiran na

kaya kayo nagkasala ay dahil sa inyong mga pag-aalinlangan ay hindi kailanman mainam na kahalili ng pagsisisi.

May ilang taong natitisod din sa mga pahayag ng mga lider ng Simbahan na natuklasang mali, hindi tungkol sa doktrina kundi sa kanilang mga personal na opinyon. Halimbawa, isinulat ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972) sa unang edisyon ng kanyang aklat na *Answers to Gospel Questions,* "Kaduda-duda na papayagan ang tao na gumawa ng anumang instrumento o barko para maglakbay sa kalawakan at bumisita sa buwan o anumang malayong planeta."[4]

Kalaunan, kasunod ng mga paglapag ng Apollo sa buwan at ng pagkamatay ni Pangulong David O. McKay, si Joseph Fielding Smith ang naging Pangulo ng Simbahan. Sa isang press conference, tinanong siya ng isang reporter tungkol sa pahayag na ito. Sumagot si Pangulong Smith, "Nagkamali ako, hindi ba?"[5]

Tulad ng napuna ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "[Maaaring] ibinubuhos natin ang ating damdamin at espirituwalidad sa mahigpit na pagkapit sa . . . isang pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan na nagpatunay na patuloy na sisikapin ng mga mortal na tao na makaagapay sa inaasahan sa kanila ng Diyos."[6]

### Paghahanap sa Nakasisiglang Paraan

Napakaraming aklat ang naisulat at napakaraming oras ang nagugol sa pagsisiyasat sa kuwento tungkol sa Panunumbalik. Madalas itong humantong sa dagdag na pagkaunawa, ngunit maaari din itong magpahiwatig ng nakalilitong mga tanong, lalo na kapag hindi natin nauunawaan ang mga motibo ng mga tao noong panahong iyon. Madali ring makapagod ang pagsasaliksik sa mga nangyari sa kasaysayan na maaaring hindi maunawaan o nawala na sa atin ngayon, ngunit laging posibleng makakuha ng totoo at kaukulang impormasyon mula sa Kanya na nakakaunawa sa lahat.

Ito marahil ang pinakamahalagang susi sa lahat: *kapag tayo ay matatag sa pagtupad sa ating mga tipan at namumuhay nang tapat sa liwanag na taglay natin, pagpapalain ng Panginoon ang ating buhay at bibigyan tayo ng inspirasyon.* Nadama ko na ang magigiliw na awang ito; ang mga ito ay napakapersonal at tuwirang mga karanasan sa pagitan natin at ng ating Ama sa Langit. Ang mga ito ay liwanag at kaalaman. Walang pagbabasa o pag-aaral ng mga karanasan ng iba ang makakatumbas sa epekto ng sariling mga karanasang ibinibigay sa atin sa pamamagitan ng awa at pagmamahal ng ating Ama.

Patuloy na magkakaroon ng mga tanong sa araw-araw na pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan at iba pang pag-aaral ng ebanghelyo. Kapag gusto tayong turuan ng Panginoon, madalas Niya itong gagawin sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng isang tanong na pagninilayan. Dumarating ang mga sagot sa pagiging tapat sa ating mga tipan at paglilingkod sa iba habang nag-aaral tayo, dahil iyan ang landas tungo sa pagkakaroon ng mga personal na karanasan na sa paglipas ng panahon ay sumasagot sa lahat ng tanong. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Georgia, USA.*

*Ang mga sagot sa maraming tanong tungkol sa ebanghelyo ay matatagpuan sa lds.org/topics.*

**MGA TALA**


1. Tingnan, halimbawa, sa Genesis 25:21–23; Exodo 3:11–22; Mosias 26; Alma 40; 3 Nephi 27; Doktrina at mga Tipan 76; 77; 138.
2. Neil L. Andersen, "Pagsubok sa Inyong Pananampalataya," *Liahona,* Nob. 2012, 40.
3. Neil L. Andersen, "Sapat na ang Alam Ninyo," *Liahona,* Nob. 2008, 14.
4. Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions* (1958), 5 tomo, 2:191.
5. Personal na paggunita ni David Farnsworth; ang press conference ay naganap noong Ene. 23, 1970, anim na buwan matapos ang paglapag sa buwan.
6. Jeffrey R. Holland, "Ang mga Manggagawa sa Ubasan," *Liahona,* Mayo 2012, 32.




**MGA KATIYAKAN SA DOKTRINA**

"Kaya kong tiisin ang ilang kamalian ng tao, kahit ng mga propeta ng Diyos—likas na iyan sa mga mortal na nilalang. Kaya kong tanggapin ang sinasabing mga tuklas ng siyensya na salungat sa Aklat ni Mormon; darating ang panahon na malulutas din ang mga ito. At kaya kong tiisin ang tila masasamang pangyayari sa kasaysayan; maliliit na bagay lang ito kumpara sa buong katotohanan. Ngunit hindi ako mabubuhay kung wala ang mga katotohanan ng doktrina at mga ordenansang ipinanumbalik ni Joseph Smith, hindi ako mabubuhay kung wala ang priesthood ng Diyos na magpapala sa aking pamilya, at hindi ako mabubuhay kung hindi ko alam na ang aking asawa at mga anak ay nakabuklod sa akin sa kawalang-hanggan. Ito ang pagpili na ating haharapin—ilang tanong na hindi nasagot kumpara sa napakaraming katiyakan sa doktrina at kapangyarihan ng Diyos."

**Tad R. Callister, Sunday School general president, "Ano ang Blueprint ng Simbahan ni Cristo?" (CES devotional, Ene. 12, 2014); cesdevotionals.lds.org.**

# KAILANGAN MONG MANALANGIN

Noong Enero 12, 2010, ipinakita sa akin ng Ama sa Langit ang Kanyang kapangyarihan matapos gumuho ang apat-na-palapag na kongkretong gusali sa paligid ko at sa akin kasunod ng isang malakas na lindol na puminsala sa Haiti.

Habang sumisigaw ako sa ilalim ng mabigat na guho, isang banayad na tinig ang nangusap sa akin: "Jimy, bakit hindi ka manalangin sa halip na sumigaw?"

Gayunman, patuloy akong sumigaw, dahil natakot akong mamatay sa loob ng ilang minuto. Ang tinig, na parang nagmula sa isang mabuting kaibigan na nahikayat ng matinding hangaring tumulong, ay muling nangusap sa akin: "Jimy, kailangan mong manalangin."

Hindi ko na matiis ang sakit sa mga binti ko, at nauubusan na ako ng hangin sa kadiliman na nakapalibot sa akin. Minsan ko pang narinig ang tinig: "Jimy, kailangan mong manalangin."

Sa sandaling iyon sumunod ako. Sa mahinang tinig sinabi ko: "Ama sa Langit, alam po Ninyo ang aking lakas, at alam po Ninyo kung gaano katagal ko matitiis ang sakit na ito. Hinihiling ko po sa Inyo, alisin na po Ninyo ang sakit kong ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen."

Agad-agad matapos kong sambitin ang simpleng panalanging ito, nakatulog ako. Hindi ko maalala ang sumunod na nangyari, ngunit nang magising ako mula sa mahimbing na pagkatulog, wala na ang sakit. Hindi naglaon, natagpuan ako ng mga tagasagip nang hanapin nila ang mga biktima sa mga guho ng gusali ng aking opisina.

Pagkatapos ay nalaman ko na sa limang empleyado sa ikalawang palapag ng gusaling Port-au-Prince kung saan ako nagtatrabaho, ako lang ang iisang nakalabas nang buhay mula sa gumuhong gusali. Dahil sa aking mga pinsala, pinutol ang isang binti ko at ilang buwan akong nanatili sa ospital. Ngunit alam ko na hinikayat ako ng Espiritu Santo na manalangin at sinagot ng Ama sa Langit ang panalanging iyon.

Pinatototohanan ko na sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin sa sarili Niyang paraan at alinsunod sa sarili Niyang kalooban—saanman tayo naroon at tuwing tayo'y nananalangin. ■

Jimy Saint Louis, Haiti

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY H. CLARK



# NAGBAGO ANG PUSO KO SA NATUTUHAN KO

Nang mamatay ang aming 18-taong-gulang na anak na lalaki na si Jaxon, pinag-isipan kong mabuti ang kalidad at direksyon ng buhay ko. May anak ako sa mga kawalang-hanggan, at matindi ang hangarin kong mamuhay sa paraan na balang-araw ay magkasama kaming muli bilang pamilya. Gusto ko ring mas maunawaang mabuti ang mga banal na kasulatan para magabayan ako nito sa buhay.

Hindi ko tiyak kung kailan ko unang nadama sa puso ko ang hangaring ito, ngunit pinaigting ito ng pag-asa na makikita kong muli ang aming anak. Nang basahin ko ang Aklat ni Mormon, napansin ko kung paano ginamit ang puso bilang simbolo ng kalagayan ng buhay ng isang tao o ng direksyon o kalagayan ng mga tao.

Tuwing mababanggit ang puso, matigas man o malambot, nagdodrowing ako ng maliit na pulang puso sa gilid ng pahina. Nakakita ako ng mga huwaran. Nang lumambot ang puso ng mga tao, nagkaroon sila ng lakas na makayanan ang paghihirap, nag-ibayo ang kanilang pagmamahal sa iba, at naging mas mabait at magiliw sila. Natutuhan ko na pagsisisi ang nagpapabago ng puso kapag umasa tayo sa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Masaya ang naging pag-aaral ko ng Aklat ni Mormon. Nagbago ang puso ko sa natutuhan ko, kaya nagbago ang buhay ko. Nakatulong din sa trabaho ko ang natutuhan ko nang tulungan ko ang mga mag-asawa sa kanilang mga hamon sa buhay. Naunawaan ko na matuturuan at mapapaalalahanan ko ang mga mag-asawa tungkol sa mga karaniwang alituntunin na magpapasaya at tunay na maglalapit sa kanila bilang mag-asawa. Ngunit hangga't walang malambot na pusong nananaig sa kanilang pagsasama, malamang na hindi mangyari o magtagal ang pagbabago.

Simula nang magdrowing ako ng mga puso sa mga gilid ng pahina ng aking Aklat ni Mormon, madalas ko iyong balikan para muling basahin ang mga talatang iyon at patuloy akong natututo mula roon. May nakita pa nga akong mga bagong talata tungkol sa puso na hindi ko napansin sa una kong pagbabasa, na nagpapaalala sa akin na laging may bagong matututuhan, mauunawaan, at maipapamuhay sa mga banal na kasulatan.

Higit sa lahat, naaalala ko ang pagmamahal ng aking Ama sa Langit at ng aking Tagapagligtas. Dahil sa pagmamahal na iyan, makakasama ko ang aking pamilya magpakailanman. Alam ko ito nang buong puso, at lubos ko itong pinasasalamatan. ■

Darcy Logan, Alaska, USA



Hindi ko na matiis ang sakit sa mga binti ko, at nauubusan na ako ng hangin sa kadiliman na nakapalibot sa akin.



Matapos linisin at pakintabin nang mabilis ang sapatos ng kompanyon ko, maingat kong ibinabalik ang mga ito sa pinagkunan ko.

# ANG SELESTIYAL NA SAPATOS NG KOMPANYON KO

Ilang taon na ang nakalipas, matapos kong lisanin ang Provo Missionary Training Center, dumating ako sa Florida na handa at sabik na magsimula sa misyon. Nang makilala ko ang bagong kompanyon ko, marami kaming gusto na magkakapareho at parang akmang-akma kaming maging magkompanyon.

Gayunman, makalipas ang ilang linggo, napansin ko ang ilang pagkakaiba. Halimbawa, handa akong magbahay-bahay araw-araw, pero hindi masigasig ang kompanyon ko sa pagkatok sa mga pintuan. Katunayan, bagaman siya ang senior companion, pinili niyang huwag gaanong maghanap ng matuturuan.

Napansin ko rin na tila madalas kaming mag-usap ng kompanyon ko tungkol sa kanyang sarili. Mayaman ang pamilya niya, at marami na siyang bagay na naranasan na hindi ko pa naranasan, dahil mahirap lang kami.

Dahil sa mga bagay na ito, hindi na napanatag ang kalooban ko, at halos sumama ang loob ko. Naapektuhan ang espirituwalidad ko ng pagtatanim ko ng sama-ng-loob sa kompanyon ko, lalo na habang sinisikap kong ituro ang ebanghelyo. Kinailangan kong kumilos. Noong una inisip kong kausapin ang kompanyon ko at ilabas lang ang lahat ng inis ko. Pero iba ang pinili kong paraan.

Tuwing umaga naghahalinhinan kaming magkompanyon sa paliligo at paghahanda para sa maghapon. Habang nasa banyo siya, ipinasiya kong palihim na magpunta sa paanan ng kama niya at pakintabin ang sapatos niya. Matapos linisin at pakintabin nang mabilis ang mga ito, maingat kong ibinabalik ang sapatos niya sa pinagkunan ko. Ginawa ko ito tuwing umaga sa loob ng mga dalawang linggo.

Sa panahong ito napansin ko na nagsisimulang mawala ang sama-ng-loob ko. Nang paglingkuran ko ang kompanyon ko, nagsimulang magbago ang puso ko. Wala akong sinabi sa kanya tungkol sa munting paglilingkod ko. Gayunman, isang araw, binanggit ng kompanyon ko na biniyayaan siguro siya ng "selestiyal na sapatos" dahil parang hindi ito narurumihan.

Dalawang magandang aral ang natutuhan ko mula sa karanasang ito. Una, nalaman ko na nasa akin ang tunay na problema—kahit ang nagtulak sa akin na sumama ang loob ay nagmula sa labas. Hindi ang kompanyon ko ang problema.

Pangalawa, alam ko na karaniwan na nating pinaglilingkuran ang ating mga minamahal. Pero hindi ko natanto na ang alituntuning ito ay epektibo rin kapag binaliktad: napapamahal sa atin ang mga pinaglilingkuran natin. ■

Michael Reid, Arizona, USA

# NAKILALA KO ANG TINIG NG PROPETA

Isang Linggo ng gabi mga tatlong buwan matapos akong lumipat sa Estados Unidos mula sa aking bayang Mexico para mag-aral, nagpalipat-lipat ako ng istasyon ng radyo para makahanap ng magandang musika sa araw ng Linggo. Habang pinakikinggan ko ang ilang lokal na istasyon, narinig ko ang isang pamilyar na tinig at tumigil ako.

Naghinala ako na tinig iyon ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na siyang Pangulo ng Simbahan noon. Natanto ko na kakatwang makilala ko ang tinig niya. Sanay na akong makinig sa pangkalahatang kumperensya, mga Church Educational System fireside, at iba pang mga brodkast ng Simbahan sa pamamagitan ng tinig ng Spanish interpreter na humahalili sa tinig ng tagapagsalita. Ngunit sa di-mawaring dahilan alam ko na ang tinig sa radyo ay kay Pangulong Hinckley.

Hindi pa ako gaanong bihasa sa wikang Ingles para maunawaan ang sinasabi niya, pero pinakinggan ko pa rin ang mensahe sa radyo. Napanatag ako sa tinig niya. Nang matapos ang mensahe, sinabi ng radio announcer, "Narinig natin si Pangulong Gordon B. Hinckley."

Alam ko na nangungusap ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod at dumating man ang mensahe sa pamamagitan ng Kanyang tinig o sa tinig man ng Kanyang mga propeta, ito ay iisa (tingnan sa D at T 1:38).


Naisip ko na hindi karaniwan sa akin na makilala ang tinig ni Pangulong Hinckley. Dahil nakilala ko ito natanto ko na gusto kong makilala palagi ang tinig na ginagamit ng Panginoon para mangusap sa Kanyang mga anak—kaninumang tinig ito nagmula.

"Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin," sabi ng Tagapagligtas (Juan 10:27).

Sa isang mundong puno ng maraming tinig—maraming "istasyon"—na maililipat-lipat, sana'y lagi akong nakaayon para makilala ko ang tinig ng aking Pastol at ng Kanyang mga lingkod at maging handa akong sundin ang kanilang payo. ■

Miriam Ruiz, Utah, USA

Habang pinakikinggan ko ang ilang lokal na istasyon, narinig ko ang isang pamilyar na tinig at tumigil ako.



# Ang **Natutuhan** Namin mula sa Aming **mga Magulang**

**Ibinahagi ng mga young adult kung paano nila ginagamit ang mga aral na natutuhan nila mula sa kanilang mga magulang.**



KASIPAGAN

Sa bahay namin natuto akong magpakasipag. Ginamit ng pamilya ko ang sistemang tinawag naming "listahan ng kasipagan." Sa simula ng buwan, tumanggap kami ng isang listahan ng iba't ibang gawaing-bahay, tulad ng paghuhugas ng mga pinggan, pag-aalaga sa mga kabayo, at iba pa. Nilagyan namin ng tsek ang mga gawaing-bahay na natapos namin, at sa katapusan ng buwan, binigyan kami ng pera para sa aming kasipagan batay sa kung ilan ang minarkahan namin ng tsek sa tsart. Mula rito natuto akong magpakasipag at maging matipid sa pera.

Peter Stegeby ng
Västerbotten, Sweden

## PAGIGING MABUTING MAGULANG

Bilang nag-iisang magulang, maraming ginagawa ang nanay ko, pero lagi niya akong tinutulungan, inaalo, o pinakikinggan. Ang malaman na lagi siyang nariyan ay napakahalaga, at gusto kong gawin iyan sa sarili kong mga anak sa hinaharap.

Nang muling mag-asawa ang nanay ko, pinili ng kanyang bagong asawa na ituring kaming magkapatid na kanyang mga anak. Hindi nagtagal, nadagdagan kami ng isang kapatid na babae, pero hindi ko nadama kailanman na magkakaiba ang magiliw at mapagmahal niyang pangangalaga sa aming lahat. Salamat sa kanyang paguugali, lumaki kami ng kuya ko sa isang matatag at nagkakaisang pamilya na may priesthood sa tahanan. Ang araw na nabuklod kami bilang pamilya ay napaka-espesyal. Ang kanyang mapagmahal na halimbawa ay nagturo sa akin na ang isang ama ay hindi lamang kung sino ka—ito'y isang bagay na kinahihinatnan mo.

Amanda Cornelius ng Stockholm, Sweden





## BANAL NA PROTEKSYON

Noong bata pa ko, nagtrabaho si Itay sa napakalayong lugar at lagi siyang umuuwi nang napakadilim na. Hindi ako natutulog hangga't hindi siya nakakauwi. Pero isang araw hinatinggabi siya, at hindi ko siya matawagan sa telepono. Takot na takot ako. Naalala ko na itinuro sa akin ng mga magulang ko na laging manalangin at humingi ng tulong kapag natatakot ako, kaya lumuhod ako at nanalangin na makauwi nang ligtas si Itay. Nagulat ako, nang matapos akong magdasal, narinig ko na ang bisikleta ni Itay sa labas. Lubos akong nagpasalamat sa aking Ama sa Langit sa pagbabantay sa tatay ko.

Ngayong dalaga na ako, tuwing nalilito o natatakot ako, ang unang taong pumapasok sa isipan ko ay ang Ama sa Langit. Alam ko na lagi ko Siyang kasama at pinakikinggan Niya ang aking mga panalangin.

Rohini Krishnan ng Bangalore, India



## PANALANGIN

Isang gabi nagpunta ako sa silid ng mga magulang ko para may hingin sa tatay ko, pero nakaluhod siya at nagdarasal, kaya umalis ako at bumalik pagkaraan ng ilang minuto at nakita kong nakaluhod pa rin siya. Nagpasiya akong maghanda nang matulog, na iniisip na siguradong tapos na siyang magdasal kapag natapos na akong maghandang matulog. Bumalik ako sa kuwarto ng mga magulang ko makalipas ang mga 10 minuto at nakita ko na nagdarasal pa rin siya! Lumakas ang aking patotoo nang makita ko ang halimbawang iyon ng tatay ko. Talagang ibinuhos niya ang nilalaman ng kanyang puso sa panalangin sa Ama sa Langit.

Jen Hansen ng Idaho, USA

## KASAL SA TEMPLO

Nagpapasalamat ako na ikinuwento sa akin ng mga magulang ko ang tungkol sa kanilang pag-iibigan. Naging mabuti silang magkaibigan sa edad na 14, at lumaki sila na magkasamang natuto. Sa paglipas ng panahon, nauwi sa tunay na pag-iibigan ang kanilang pagkakaibigan, at ikinasal sila sa templo. Plano kong tularan ang halimbawa ng mga magulang ko na makasal sa templo at sana'y maranasan ko ang kaligayahan at tunay na pag-iibigan na tulad ng sa kanila.

Pasăre Ana Maria ng Prahova, Romania







## ISANG TAHANANG NAKASENTRO KAY CRISTO

Si Jesucristo ang palaging sentro ng pagsasama ng mga magulang ko noon pa man. Nakatuon ang pansin nila sa paglikha ng isang tahanan kung saan nananahan ang Espiritu at inuuna nila ang pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya, panalangin ng pamilya, at family home evening.

Tinawag si Inay bilang visiting teacher ng isang bata pang ina na nahihirapan matapos makipagdiborsyo. Madalas kong maabutan sa bahay si Inay na inaalagaan ang dalawang batang anak na lalaki ng babaeng ito. Paminsan-minsan ay tumitigil kami sa tapat ng bahay ng babaeng ito kapag may pupuntahan kami, at nag-iiwan si Inay ng maikling sulat sa pintuan. Nagpapasalamat ako sa halimbawa ni Inay na ang pag-ibig sa kapwa ay "hindi naghahangad para sa kanyang sarili" (Moroni 7:45).

Ang mga magulang ko ay laging nag-aaral ng mga bagong kasanayan at kaalaman at ginagamit nila ito sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Dahil sa kanilang halimbawa, inuna ko ang pag-aaral sa sarili kong buhay. Ang halimbawa ng aking mga magulang ay naghikayat sa akin na magpakasal sa isang lalaki na ang sentro rin ng kanyang buhay ay si Jesucristo.

Rachel Nielsen ng Utah, USA

## PANANALIG SA AMA SA LANGIT AT KAY JESUCRISTO

Kayang kumpunihin ng tatay ko ang kahit ano. Noong tinedyer ako, tinanong ko siya kung paano niya maayos na nakukumpuni ang mga bagay-bagay. Sabi niya, "Bago ko simulan ang trabaho, nagdarasal ako sa Ama sa Langit na tulungan ako. Pagkatapos ay nagtatrabaho na ako." Itinuro sa akin ng kanyang halimbawa na magpakumbaba at hilingin ang inspirasyon ng langit.

Nang malungkot ang nanay ko, humiling siya na mapagaling at mapanatag sa paanan ng Tagapagligtas. Nang maranasan ko ang gayong mga sandali, hinikayat niya akong manalig sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Ngayong binata na ako, patuloy akong nakadarama ng kapayapaan at kapanatagan sa pagmamahal ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mabuting halimbawa.

Isak Malm ng Jönköping, Sweden



## LIKAS NA KABANALAN

Noong bata pa ako, itinanim ng mga magulang ko sa aking kalooban ang dalisay na pagmamahal ng aking Ama sa Langit. Unti-unti ko Siyang nakilala nang kantahin ni Inay ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 189) sa akin, at sa paglipas ng panahon ang mga halimbawa ng mga magulang ko ang naging pinakamalaking inspirasyon ko na kilalanin at mahalin ang aking Ama sa Langit sa pamamagitan ng paglilingkod at palaging pagdalo sa mga miting at mga aktibidad ng Simbahan.

Marlin Ortega Vásquez ng Managua, Nicaragua

# Isang Bagong Destinasyon

**Ang buong buhay ko ay tila walang katapusang pagsakay sa eroplano. Gusto ko ng kapayapaan at seguridad ngunit hindi ko ito natagpuan hanggang sa talagang bumaling ako sa Panginoon.**

**Ni Amancay Kotecka-Miño**

Kung minsan ang buhay ko ay tila walang katapusang pagbibiyahe. Ang nanay ko ay taga-Ecuador at ang tatay ko ay taga-Poland. Isinilang ako sa Ecuador, pero noong 10 taong gulang ako lumipat kami sa Spain. Nanirahan kami roon nang dalawang taon lang. Sa edad na 12, sumakay muli ako ng eroplano at sa pagkakataong ito papunta sa Poland. Gusto ko ng seguridad, mga kaibigan at kalapit na pamilya, at wala nang pamamaalam.

### Unang Pagharap sa mga Elder

May kumatok sa pintuan namin. Binuksan ko ang pinto, may dalawang binatang nakatayo roon. Walang anu-anong isinara ko ang pintuan bago pa sila nakapagsalita.

"Buksan mo uli ang pinto at humingi ka ng paumanhin," ang utos ni Itay mula sa likuran ng bahay. "Hindi ka namin tinuruan na tratuhin mo nang ganyan ang mga tao!"

Medyo napahiya, binuksan ko ang pinto. "Sori po," sabi ko.

"Gusto kong malaman ang tungkol sa inyo, tungkol sa mga paniniwala ninyo. Pumasok kayo," pag-anyaya ng tatay ko. Nagpakilala ang mga binata bilang mga missionary mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Atubiling nakinig ako sa kanilang mensahe—sa edad na 13, wala akong nagawa kundi makibahagi.

Sa loob ng apat na buwan pinuntahan ng mga missionary na iyon ang aming tahanan, itinuro ang mga doktrina ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. "Iginagalang namin at hinahangaan ang inyong pagpupursigi, pero hinding-hindi namin babaguhin ang aming relihiyon," ang sa huli ay sinabi ng aking ama sa kanila, at hindi na namin kailanman nakita ang mga elder na iyon.

### Ang Hangaring Hanapin ang Katotohanan

Dalawang taon ang lumipas, at dahil sa mga pagbabago sa sitwasyon ng aming pamilya nakadama ako ng matinding kalungkutan. Nilisan ni Itay ang Poland para maghanap ng trabaho kaya't nahati ang aming pamilya. Nawawalan na ako ng pag-asa, at hinanap ko ang Diyos. Naging mas taimtim ang aking mga panalangin, sumasamo sa Ama sa Langit na tulungan ako na mahanap Siya.

Isang araw sinabi ni Inay, "May taong naghahanap sa iyo, Garling daw ang pangalan. Sinabi ko sa kanya na tumawag sa susunod na linggo." Alam niya na missionary iyon at hindi siya interesado sa mensahe, kaya hindi siya tumugon agad.

Nang Biyernes ng gabing iyon may kumatok muli sa pinto. Sa pagkakataong ito, tinanggap ko ang mga missionary nang malugod at may ngiti. "Maaari kayong bumisita rito sa bahay namin, pero kailangan ninyong malaman na hinding-hindi ako magiging Mormon," ang sabi ko sa kanila.

Tinuruan pa rin ako ng mga missionary na ito—tuwing Biyernes ng hapon sa loob ng anim na buwan. Matapos kumain ng maraming cookies na niluto ni Inay at maraming tanong kalaunan, nagsimulang masagot ang lahat ng pinakamahirap na tanong ko. Tila sa tuwing bibisita ang mga missionary, isa pang aspeto ng buhay ang naunawaan ko. Dahil gusto kong malaman kung totoo, sa wakas ay ginawa ko ang ipinagagawa sa akin ng mga missionary: magdasal at magtanong sa Ama sa Langit kung totoo ang mga sinabi nila at ang Aklat ni Mormon. Tiniyak nila sa akin na sinasagot ng Diyos ang mga panalangin.

PAGLALARAWAN NG IURII KOVALENKO/ISTOCK/THINKSTOCK

## Pagpapatunay at Pag-aatubili

Nang ipagdasal at pag-aralan ko ang mga banal na kasulatan nang mas taimtim, ang mga doktrinang ito ay naging kasiya-siya sa aking kaluluwa. Ilang buwan akong nag-atubili, nadama na kailangan ko ng matibay na katibayan, na kailangang malaman ko ang lahat tungkol sa ebanghelyo bago sumapi sa Simbahang ito. Sa huli, ang mga salita ng Tagapagligtas sa Juan 20:29 ay nangusap sa aking kaluluwa: "Mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya." Nagpasiya akong magpabinyag.

Hiniling ng mga magulang ko na saka na ako magpabinyag kapag nasa hustong gulang na ako, ngunit inisip ko na sapat na ang panahong hinintay ko para malaman ko nang husto ang ebanghelyo. Ang nakakalungkot nga lang, habang papalapit ang petsa ng aking binyag, hindi na ako sigurado sa pasiya ko. Natuon ang pansin ko sa mga bagay ng mundo at natakot na ang aking pasiyang magpabinyag ay hindi tanggapin ng mga mahal ko sa buhay.

Unti-unti, dahil sa mga pagkakamali at pagpapasiya, hindi ko na marinig ang mga bulong ng Espiritu. Ang mga banal na kasulatan ko ay nakatago na lamang sa lalagyan ko at hindi na ako nagdarasal.



## Ang Pagpapala ng Pagsisisi

Ang nangyari sa buhay ko ay hindi ko inaasahan—napakaraming luha at kabiguan. Mahirap maunawaan kung bakit dumaranas ang pamilya ko ng maraming pagsubok. Bago ang huling taon ko sa high school, kailangang umalis ang mga magulang ko sa Poland. Ang posibilidad na lumipat muli ng tirahan ay nagpalungkot sa akin. Sa huli, muli akong lumuhod at nanalangin, nang taos-puso: "Ama sa Langit, ang Inyo pong kalooban ang masusunod, hindi po sa akin."

Ang panalanging iyon ay tanda ng pagsisimula ng pagbalik ko sa Simbahan, at alam ko na kailangan kong magsisi. Nang Linggong iyon, sa unang pagkakataon sa loob ng halos isang taon, dumalo ako sa sacrament meeting. Kinabukasan nagpasiya akong muli na magpabinyag.

Tinulungan ako ng Panginoon na makabalik sa mga bagay na alam ko nang totoo noon. Ngayon masasabi ko na ang mahihirap na sitwasyong iyon ay ilan sa magagandang pagpapala mula sa Diyos. Hindi Niya ako kinalimutan. Nakinig Siya sa mga panalangin ko at naghintay na mahiwatigan ko ang Kanyang sagot. Tinulungan niya ako sa lahat ng pagdurusang dinanas ko, pinapalakas at pinoprotektahan ako. Dahil dito mas naunawaan ko ang kahulugan ng banal na misyon at Pagbabayad-sala ni Cristo.

Nabinyagan ako noong Abril 2011. Sumakay na naman ako ng eroplano—ako ngayon ay naninirahan sa France, na ibig sabihin ay mas maraming pagbabago. Gayunman, ako ngayon ay nagpapasalamat sa Kanya para sa buhay ko at sa mga pinagdaanan ko. Dahil sa aking patotoo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, nauunawaan ko na ngayon na hindi ako nag-iisa, saan mang destinasyon ako susunod na dadalhin ng buhay. Hindi ko alam kung lilipat pa ako ng ibang lugar. Ang tanging alam ko ay na ang bago kong destinasyon ay ang makitid na daang iyon tungo sa buhay na walang hanggan kasama ang Ama sa Langit at Kanyang Anak na si Jesucristo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa France.*

# LAKAS NA HIGIT PA SA TAGLAY NATIN

*Ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagpapalakas sa atin na gumawa ng mabuti at maging mabuti at maglingkod nang higit pa sa ating sariling hangarin at likas na kakayahan.*



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Palagay ko maraming miyembro ng Simbahan ang mas pamilyar sa nakatutubos at nakalilinis na katangian ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala kaysa sa kapangyarihan nitong magpalakas at [magbigay-kakayahan]. Mahalagang malaman na naparito si Jesucristo sa lupa upang mamatay para sa atin—iyan ay mahalagang bahagi ng doktrina ni Cristo. Ngunit kailangan din nating pasalamatan na hangad ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at kapangyarihan ng Espiritu Santo, na *mapasaatin*—hindi lamang patnubayan tayo kundi palakasin din tayo.

Alam ng marami sa atin na kapag nagkamali tayo, kailangan natin ng tulong para makayanan ang mga epekto ng kasalanan sa ating buhay. Binayaran ng Tagapagligtas ang halaga at dahil dito magiging malinis tayo sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan na tumubos. Malinaw na nauunawaan ng marami sa atin na ang Pagbabayad-sala ay para sa mga makasalanan. Gayunman, hindi ako gaanong nakatitiyak na alam at nauunawaan natin na ang Pagbabayad-sala ay para din sa mga banal—para sa mabubuting kalalakihan at kababaihan na masunurin, karapat-dapat, at lubos na nag-iingat at nagsisikap na maging mas mabuti at maglingkod nang mas tapat. Maaaring mali ang paniniwala natin na dapat tayong maglakbay mula sa pagiging mabuti tungo sa pagiging mas mabuti at maging banal sa sariling pagsisikap, sa pamamagitan ng determinasyon at katapangan, pagpupursigi, at disiplina, at sa ating limitadong mga kakayahan.

Ang ebanghelyo ng Tagapagligtas ay hindi lamang tungkol sa pag-iwas sa masama sa ating buhay; ito ay tungkol din sa paggawa ng mabuti at pagiging mabuti. At ang Pagbabayad-sala ay tumutulong sa atin upang madaig at maiwasan ang masama at gawin ang mabuti at maging mabuti. Tutulungan tayo ng Tagapagligtas sa buong paglalakbay natin sa mortalidad—mula sa pagiging masama tungo sa pagiging mabuti at mas mabuti pa at babaguhin ang ating pag-uugali.

Hindi ko ipinapahiwatig na ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na tumubos at [magbigay-kakayahan] ay magkahiwalay at magkaiba. Sa halip, ang dalawang bahaging ito ng Pagbabayad-sala ay magkaugnay at pinupunan ang isa't isa; ang dalawang ito ay kailangang magamit sa lahat ng yugto ng paglalakbay sa buhay. At mahalaga sa ating lahat sa kawalang-hanggan na matanto na ang *dalawang* mahalagang bagay na ito sa paglalakbay sa mortalidad—kapwa ang paghubad sa likas na tao at pagiging banal, kapwa ang pagdaig sa masama at pagiging mabuti—ay naisasagawa sa pamamagitan

ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Ang pagpupursigi ng bawat isa, matibay na determinasyon at sariling pagkukusa, mahusay na pagpaplano at pagtatakda ng mithiin ay mahalaga ngunit sa huli ay hindi sapat para matagumpay nating matapos ang paglalakbay sa mortal na buhay na ito. Talagang dapat tayong umasa sa "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8).

## Ang Biyaya at ang Nagbibigay-Kakayahang Kapangyarihan ng Pagbabayad-sala

Sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, nalaman natin na ang salitang *biyaya* ay madalas gamitin sa mga banal na kasulatan na nangangahulugan ng [nagbibigay-kakayahang kapangyarihan]:

"Ang [biyaya ay] salitang madalas banggitin sa Bagong Tipan, lalo na sa mga sulat ni Pablo. Ang pangunahing ideya ng salita ay *dakilang tulong o lakas,* na ibinigay sa pamamagitan ng saganang awa at pagmamahal ni Jesucristo.

"Sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesus, na nagawa dahil sa kanyang pagbabayad-sala, mabubuhay nang walang hanggan ang sangkatauhan, matatanggap ng bawat tao ang kanyang katawan mula sa libingan na mayroong buhay na walang hanggan. *Sa pamamagitan din ng biyaya ng Panginoon, na ang bawat tao,* sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, ay *makatatanggap ng lakas at tulong na gumawa nang mabuti na hindi nila magagawa sa sariling kakayahan lamang nila. Ang biyayang ito ay isang [nagbibigay-kakayahang kapangyarihan]* na nagtutulot sa kalalakihan at kababaihan na magtamo ng buhay na walang hanggan at kadakilaan matapos nilang magawa ang lahat ng makakaya nila." (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Biyaya"; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang biyaya ay banal na tulong o tulong mula sa langit na kailangang-kailangan ng bawat isa sa atin upang maging marapat sa kahariang selestiyal. Kaya nga, pinalalakas tayo ng [nagbibigay-kakayahang] kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na gumawa ng mabuti at maging mabuti at maglingkod nang higit pa sa ating hangarin at likas na kakayahan.

Sa pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan, madalas kong isingit ang salitang "[nagbibigay-kakayahang] kapangyarihan" kapag nababasa ko ang salitang *biyaya.* Isipin, halimbawa, ang talatang ito na pamilyar sa ating





lahat: "Nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa" (2 Nephi 25:23). Naniniwala ako na marami tayong matututuhan tungkol sa mahalagang aspetong ito ng Pagbabayad-sala kung isisingit natin ang mga katagang "[nagbibigay-kakayahan] at nagpapalakas na kapangyarihan" tuwing makikita natin ang salitang *biyaya* sa mga banal na kasulatan.

## Ang Halimbawa ni Nephi

Ang paglalakbay sa mortalidad ay ang pagiging mabuti ng masama at pagiging mas mabuti pa at pagbabago ng ating mga likas na pag-uugali. Ang Aklat ni Mormon ay puno ng mga halimbawa ng mga disipulo at propeta na nakaalam, nakaunawa, at nabago sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa paglalakbay na iyon. Kapag unti-unti nating mas naunawaan ang sagradong kapangyarihang ito, ang pananaw natin sa ebanghelyo ay lalong lalawak at uunlad. Babaguhin tayo ng gayong pananaw sa kamangha-manghang paraan.

Si Nephi ay halimbawa ng isang taong nakaalam, nakaunawa, at umasa sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Tagapagligtas. Alalahanin na bumalik ang mga anak ni Lehi sa Jerusalem para isama si Ismael at kanyang sambahayan sa kanilang paglalakbay. Naghimagsik si Laman at ang iba pang naglakbay kasama ni Nephi mula sa Jerusalem pabalik sa ilang, at pinagsabihan ni Nephi ang kanyang mga kapatid na manampalataya sa Panginoon. Sa puntong ito ng kanilang paglalakbay iginapos si Nephi ng kanyang mga kapatid at ipinlano ang pagpatay sa kanya. Alalahanin ang panalangin ni Nephi: "O Panginoon, alinsunod sa pananampalataya ko na nasa inyo, loobin ninyong maligtas ako mula sa mga kamay ng mga kapatid ko; oo, maging *bigyan ninyo ako ng lakas upang malagot ko ang mga lubid na ito* na gumagapos sa akin" (1 Nephi 7:17; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Alam ba ninyo ang ipagdarasal ko kung iginapos ako ng aking mga kapatid? "Sana po ay iligtas ninyo ako sa masamang sitwasyong ito NGAYON DIN!" Lalo akong naging interesado na hindi ipinagdasal ni Nephi na mabago ang nangyayari sa kanya. Sa halip, nagdasal siya na palakasin siya para mabago niya ang kanyang sitwasyon. At naniniwala ako na nagdasal siya sa ganitong paraan dahil alam niya, naunawaan, at naranasan ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Sa palagay ko hindi basta mahimalang nalagot ang mga gapos na nasa mga kamay at pulso ni Nephi. Sa halip, baka biniyayaan siya ng kapwa pagtitiyaga at lakas na higit pa sa kanyang likas na kakayahan, kaya't "sa lakas ng Panginoon" (Mosias 9:17) ay nabanat at napaluwag niya ang mga lubid, at sa huli ay literal na nalagot ang lubid.

Hayagan ang implikasyon ng sitwasyong ito sa atin. Kapag naunawaan natin at ginamit ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa ating sariling buhay, mananalangin at hihingi tayo ng lakas na mabago ang ating sitwasyon sa halip na manalanging baguhin ang ating sitwasyon. Tayo ay magiging mga taong kumikilos sa halip na mga bagay na pinakikilos (tingnan sa 2 Nephi 2:14).

## Alam at Nauunawaan ng Tagapagligtas

Sa kabanata 7 ng Alma nalaman natin kung paano at bakit nailaan ng Tagapagligtas ang kapangyarihang nagbibigay-kakayahan:


"Siya ay hahayo, magdaranas ng *mga pasakit* at *hirap* at lahat ng uri ng *tukso;* at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang *mga pasakit* at ang *mga sakit* ng kanyang mga tao.

"At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at

KALIWA: PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL

dadalhin niya ang kanilang *mga kahinaan*, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:11–12; idinagdag ang pagbibigay-diin).
Ang Tagapagligtas ay nagdusa hindi lamang para sa mga kasalanan kundi para din sa hindi pagkakapantay-pantay, sa pagiging di-makatarungan, sa hirap, sa dusa, at sakit ng kalooban na madalas nating maranasan.

Walang sakit sa katawan, walang paghihirap ng kaluluwa, walang pagdurusa ng espiritu, walang karamdaman o kahinaan na naranasan natin sa paglalakbay sa buhay na ito na hindi muna naranasan ng Tagapagligtas.



Kayo at ako sa sandali ng kahinaan ay maaaring magsabing, 'Walang nakauunawa. Walang nakaaalam." Walang tao, marahil, ang nakaaalam. Ngunit ang Anak ng Diyos ay lubos na nakaaalam at nakauunawa, dahil Kanyang dinanas at pinasan ang ating mga pasanin bago pa natin naranasan ang mga ito. At dahil binayaran Niya at pinasan ang pasaning iyan, lubos Niya tayong nauunawaan at maiuunat Niya ang Kanyang bisig ng awa sa napakaraming aspeto ng ating buhay. Maaabot Niya tayo, maaantig, matutulungan—literal na lalapit sa atin—at mapalalakas nang higit sa makakaya natin at matutulungan tayong gawin ang hindi natin kayang gawing mag-isa.


"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).

Ipinapahayag ko ang aking patotoo at pasasalamat sa walang katapusan at walang-hanggang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo. Alam kong buhay ang Tagapagligtas. Naranasan ko ang Kanyang kapangyarihang tumubos at ang Kanyang kapangyarihan na nagbibigay-kakayahan, at pinatototohanan ko na ang mga kapangyarihang ito ay totoo at makakamtan ng bawat isa sa atin. Tunay na "sa lakas ng Panginoon" magagawa natin at madadaig ang lahat ng bagay habang patuloy tayong naglalakbay sa mortalidad. ■

*Mula sa "Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad,"* Liahona, *Abril 2012, 12–19.*



**Ni Randall L. Ridd**
Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# Huwag Husgahan

## KUNG SINO ANG HANDA O HINDI

*Hindi mo talaga masasabi kung sino ang handa nang tanggapin ang ebanghelyo.*

Hindi ko malilimutan ang hapunan sa aming ika-40 reunion sa hayskul. Nasabik akong makita ang mga dati kong kaibigan na hindi ko nakita sa loob ng maraming taon at alamin kung ano ang nangyari sa kanilang buhay mula noong hayskul.


Habang nag-uusap kami sa isang mesa na may 8 o 10 iba pang kaklase na kasalo sa hapunan, binanggit ng isa sa mga dati kong kaibigan na si Greg Link na nabinyagan siya sa Simbahan noong siya ay mahigit 20 anyos na.

Pagkatapos ay tahasan niyang itinanong: "Bakit wala ni isa sa inyo ang nagbigay sa akin ng Aklat ni Mormon noong high school? Akala ba ninyo ay hindi ako nababagay sa inyong Simbahan?"

Isa pang dating kaibigan—na hindi miyembro ng Simbahan—ang nagsabi, "Kung gusto mo, sa iyo na ang isang kopya ko nito; nabigyan ako ng mga 50 nito!"

Nagulat ako. Noong high school, kung sasabihin mo sa akin na mabibinyagan si Greg at magiging mahusay na tagapagsalita, hindi ko paniniwalaan iyon. Gusto ko talagang kaibigan si Greg. Siya ay tapat na kaibigan na maaasahan mo kapag kailangan mo siya. Pero alam ko rin na mahilig siya sa kasiyahan, at madalas madawit sa kaguluhan. Hindi ko lang naisip na magiging interesado siyang makinig ng tungkol sa Simbahan. Ang nakakatuwa pa, inakala ko na ang isa pang kaibigan, na binahagi-nan ko ng ebanghelyo at binigyan ng kopya ng Aklat ni Mormon, ay sasapi sa Simbahan balang-araw. Sa katunayan, hindi mo talaga masasabi kung sino ang handa at hindi handang tanggapin ang ebanghelyo.

Medyo nahiya ako matapos sabihin iyon ni Greg dahil ako, tulad ng maraming iba pa, ay hindi ibinahagi sa kanya ang ebanghelyo. Itinanong ko kung paano siya naging miyembro ng Simbahan. Narito ang kanyang kuwento:




PAGLALARAWAN NI KATIE PAYNE

*Lumipat ang pamilya ko sa Salt Lake City, Utah, noong mga 11 anyos ako, pero edad 24 na ako nang sumapi sa Simbahan. Sa pagbabalik-tanaw ko, naunawaan ko kung bakit wala ni isang nagbahagi ng ebanghelyo sa akin. Parang hindi ako iyong taong magandang bahaginan ng ebanghelyo. Katunayan, may pagkapilyo ako. Palagi akong napapaaway at nasasangkot sa gulo sa paaralan.*


*Marami akong kaibigang LDS, pero isa lang ang nagbanggit sa akin tungkol sa Simbahan. At iyon ay dahil tinukso ko siya sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon habang binabantayan niya ako.*

*Pero mausisa ako tungkol sa mga bagay-bagay. Isinama ako ni Inay sa isang lokal na simbahang Kristiyano. Minsan tinanong ko sila kung bakit hindi pumunta si Jesus sa lupain ng Amerika. Pinagtawanan nila ako dahil sa tanong na iyon, kaya hindi na ako nagtanong pa tungkol doon.*

*Makalipas ang isang taon, nagpasiya akong pumunta sa Temple Square sa Salt Lake City. Mayroon doong diorama tungkol kay Cristo sa Amerika. Bigla ko na lang naalala ang mga tanong ko tungkol sa paksang iyon noong bata pa ako. Doon ko biglang nadama ang Espiritu, at alam ko na handa na akong makinig.*

*Naaalala ko pa ang halimbawa ng mga kaibigan ko sa hayskul. Katunayan, ang mga taong lubos kong iginagalang ay mga LDS. Si Randy Ridd at kanyang asawa ay pareho kong kaeskwela. Palagi silang nagpapakita ng mabubuting halimbawa at napakababait nilang tao. Malaki ang naging epekto niyan sa akin kalaunan. Naisip ko, "Kung naniniwala si Randy na ito ay totoo, siguro nga ay mahalaga ito."*

*Hindi ko alam kung ano sana ang nangyari noon kung ibinahagi nila noon ang marami pa tungkol sa ebanghelyo. Baka hindi ako handa. Ngunit sana ay ibinahagi na rin nila sa akin noon. Alam ko na magkakaroon ito ng epekto sa akin.*



**INIHAHANDA NG PANGINOON ANG KANYANG MGA ANAK**

"Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak. Nais Niya na makamtan ng lahat ang kabuuan ng Kanyang katotohanan at ang kasaganaan ng Kanyang mga pagpapala. Alam Niya kapag handa na sila, at nais Niya tayong makinig at sumunod sa Kanyang mga tagubilin tungkol sa pagbabahagi ng Kanyang ebanghelyo. Kapag ginawa natin ito, ang mga yaong handa ay tatanggapin ang mensahe Niya na nagsabing, 'Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig . . . at sila'y nagsisisunod sa akin' (Juan 10:27)."

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sharing the Gospel," *Liahona*, Ene. 2002, 9.

Lubos akong nagpapasalamat na nakabuti ang halimbawa ko kay Greg. Gayunman, mas maganda sana sa pakiramdam kung may ginawa ako noong panahong iyon. Kung ibinahagi ko ang ebanghelyo o ang Aklat ni Mormon o inanyayahan si Greg sa isang aktibidad, nabago sana ang buhay niya. Maaga sana siyang naging miyembro ng Simbahan. Siguro nagmisyon din siya.

Nalaman ko na ang pagiging isang mabuting halimbawa ay talagang mahalaga, ngunit gayon din ang responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo. Iniutos ng Panginoon na gawin natin ito: "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15).

Kaya huwag kayong matakot magbahagi. Bukod pa riyan, huwag agad husgahan kung sino ang handa at hindi handa. Baka magulat kayo kung kaninong puso ang napalambot, kahit na ang interes na iyon ay nakatago sa kaibuturan ng puso na hindi ninyo nakikita. ■

# MAGKAROON NG LAKAS-NG-LOOB NA IBAHAGI ANG EBANGHELYO



Kailangan ng lakas-ng-loob para maibahagi ang ebanghelyo sa isang estranghero. Tanungin lang ang isang bagong full-time missionary. Kung minsan ay kailangan ng dagdag na lakas-ng-loob para tanungin ang inyong mga kaibigan kung gusto nilang malaman ang tungkol sa Simbahan, sa Aklat ni Mormon, o sa ating mga paniniwala.

Maaaring maitanong ninyo: Paano kung hindi sila interesado? Paano kung masaktan sila? Paano kung pagtawanan nila ako? Paano kung sabihin nila na galit sila sa akin at ayaw na nila akong makita kailanman?

Huwag mag-alala. Malamang na hindi iyan mangyari. Malamang na sabihin lang ng mga kaibigan mo, "Hindi, salamat." Pero huwag magulat kung sasabihin ng ilan na, "Sige, kuwentuhan mo pa ako"—lalo na kung ipinamumuhay mo ang ebanghelyo.

Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Tayo'y mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, na binigyan ng kapangyarihan at isinugo ng Panginoon mismo upang hanapin, pangalagaan, at ligtas na dalhin sa Kanyang Simbahan ang lahat na naghahangad makaalam ng katotohanan."

Mula sa pananaw na iyon, ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay "napakasimple at napakalinaw." Ngunit, inamin ni Elder Ballard, "maraming hamon at nakakatakot kung minsan ang gawaing misyonero."


**UNA,** *manalanging mag-isa at kasama ang iyong pamilya* hilingin na tulungan ka ng Panginoon na makahanap ng mga paraan na maibahagi ang ebanghelyo. (Tingnan sa sidebar ang ginawa ng isang dalagita sa Brazil.) At, hilingin sa Panginoon na akayin ka sa mga taong handa.



**PANGALAWA,** *maging isang halimbawa*. Sa mundong patuloy na bumababa ang mga pamantayan, mapapansin ng mga kaibigan mo ang iyong liwanag. Magkakaroon ka ng lakas-ng-loob at espirituwal na lakas dahil sa iyong pagkamarapat.



**PANGATLO,** *sumampalataya at magtiwala sa Panginoon* at laging magpakita ng pagmamahal sa iba.



MGA PAGLALARAWAN NI MICHAEL MULLAN


Paano natin maaalis ang takot na iyan? Nagmungkahi si Elder Ballard ng tatlong paraan sa ibaba:

"Ang sabi ng ilang miyembro, 'Takot akong ibahagi ang ebanghelyo dahil baka makasakit ako ng damdamin,'" sabi ni Elder Ballard. "Ayon sa karanasan hindi nasasaktan ang mga tao kapag ang pagbabahagi ay dahil sa tunay na pagmamahal at malasakit. Paano masasaktan ang isang tao kapag sinabi nating: 'Natutuwa ako sa pagtulong sa akin ng aking Simbahan' at idagdag ang anumang paramdam ng Espiritu"?[1]

Tungkulin ng lahat ng miyembro ng Simbahan na ibahagi ang ebanghelyo—kasama ka na roon. Kaya maging matapang at hayaang pagpalain ng Panginoon ang mga pagsisikap mo. ■

**TALA**

1. M. Russell Ballard, "Ang Mahalagang Papel ng Gawaing Misyonero ng Miyembro," *Liahona,* Mayo 2003, 38, 39–40.



## ANG KAGITINGAN NG MGA NANANALIG

"Taglay ang kagitingan ng ating pananalig, nawa'y ipahayag natin, tulad ni Apostol Pablo, 'Hindi ko ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo]' (Mga Taga Roma 1:16). At taglay ang katapangan ding iyan, nawa'y sundin natin ang payo ni Pablo: 'Maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan'" (I Kay Timoteo 4:12).

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona,* Mayo 2014, 69.**

## ANG PINAKAMAHALAGANG BAGAY NA MAYROON AKO

Ni Mariana Santos

Sa aming multistake youth conference, tumanggap kaming lahat ng Aklat ni Mormon at inanyayahan kaming ibigay ito sa iba. Gusto kong ibigay ang aklat ko sa paborito kong mang-aawit.

Nang malaman kong may concert siya sa lungsod namin, naisip ko na magandang pagkakataon ito. Bawat concert niya ay may lottery kung saan pumipili ng 15 tagahanga na puwedeng pumunta sa backstage para makausap siya. Halos imposibleng mapili ako, pero sinubukan ko pa rin.

Ilang linggo bago ang concert, isinulat ko ang aking patotoo sa isang Aklat ni Mormon at nagdasal ako. Ipinaliwanag ko sa Ama sa Langit na malamang na hindi ako mapili at na kailangan ko ang tulong Niya.

Pagkasabi ko ng "amen," tumunog ang cell phone ko dahil may tawag mula sa opisina ng mang-aawit. Ako ang napili!

Sa backstage sa araw ng concert, ibinigay ko sa mang-aawit ang aklat. Binuksan niya ito at binasa ang aking patotoo: "Matagal kong pinag-isipan kung ano ang mahalaga at kapaki-pakinabang na maireregalo ko sa iyo. Naisip ko na kailangan kitang regaluhan ng isang bagay na mahalaga dahil sa nilalaman nito at hindi dahil sa presyo. Ito ang Aklat ni Mormon; ito ang pinakamahalagang bagay na mayroon ako. Magiging napakahalaga rin nito sa iyo kung babasahin mo."

Niyakap niya ako at sinabing babasahin niya ito. Hindi ko mapigilang lumuha!

Pambihirang karanasan ang makapagbigay ng Aklat ni Mormon sa isang sikat na tao. Ngunit ang pagbibigay ng aklat na ito ay dapat maging isang karaniwang karanasan. Puwede ko sana itong ibigay sa isang kaibigan sa paaralan, isang kapitbahay, o kaninuman.

Ang pagbibigay ng Aklat ni Mormon, pagbabahagi ng ating patotoo, pagsasalita tungkol sa Simbahan, at pagiging halimbawa ay mga tungkulin natin. Hindi tayo dapat mahiyang ibahagi ang ebanghelyo ni Jesucristo kailanman.

*Ang awtor ay naninirahan sa Brazil.*



# ALALAHANING *Sila ang Magpapasiya*

*Ang kalayaan ay angkop sa lahat, pati na sa mga inaanyayahan ninyong alamin ang tungkol sa Simbahan.*



Kapag inanyayahan ninyo ang iba na alamin ang tungkol sa ebanghelyo, mahalagang matanto na may kalayaan silang magpasiya kung pauunlakan nila o hindi ang inyong paanyaya. Ang inyong tagumpay ay hindi nasusukat sa kanilang tugon; nasusukat ito sa inyong tapat na pangako na magbahagi.

Kaya kung ang tagumpay ay hindi nasusukat sa kung sino ang pumayag o nagpabinyag, saan kayo *dapat* magtuon ng pansin kapag gumawa kayo ng mga mithiin para sa gawaing misyonero? Ituon ang inyong tingin sa magagawa *ninyo* kaysa sa paano tutugon ang iba. Alalahanin, may kalayaan din kayo. Maaari ninyong ipasiyang:



***MAG-ANYAYA NANG MADALAS, AT ANYAYAHAN ANG LAHAT.***
Dahil imposibleng malaman nang maaga kung sino ang magiging interesado o hindi interesado sa ebanghelyo, regular kayong mag-anyaya at ibahagi ito sa abot-kaya ninyo, na mas nakatuon sa mga pahiwatig ng Espiritu. Nagtatagumpay tayo bilang mga missionary kapag inanyayahan natin ang mga tao na pag-aralan at tanggapin ang katotohanan.

***MANATILING MAGILIW.***
Kung tatanggi ang isang tao sa paanyaya na dagdagan ang kaalaman niya, patuloy na maging magalang at mabait. Panatilihin ang pagkakaibigan basta't mataas ang mga pamantayan. Magpakita ng pagmamahal na katulad ni Cristo sa lahat sa abot-kaya ninyo, kahit hindi nila nauunawaan ang lahat ng pinaniniwalaan at ginagawa ninyo.

***MANATILING TAPAT.***
Napakaganda ng pagkasabi ng Tagapagligtas dito: "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16). Mahalin ang ebanghelyo at ipamuhay ito, at sa malao't madali *ay* makakakita kayo ng mga taong nais malaman ang dahilan at handang tanggapin ang ebanghelyo.

PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER



### PANANAMPALATAYANG MAGBAHAGI

"Iginagalang natin ang pasiya at takdang-panahon ng bawat tao. Sabi ng Panginoon, 'Hayaang ang bawat tao ay pumili para sa kanyang sarili' (D at T 37:4). Ang kawalan ng interes ng isang tao ay hindi kailangang makabawas sa ating pagkakaibigan at pagmamahalan. Tanggapin man ang paanyaya o hindi kapag inanyayahan ninyo ang iba na "magsiparito kayo, at inyong makikita," madarama ninyo ang pagsang-ayon ng Panginoon at, kasama sa pagsang-ayong iyan, ang dagdag na pananampalataya na patuloy na ibahagi ang inyong mga paniniwala."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ito ay Isang Himala,"** ***Liahona,*** **Mayo, 2013, 79.**

***Paano Maging Matagumpay na Missionary***

Naghahanap ba kayo ng iba pang mga tip kung paano maging mas matagumpay na missionary? Tingnan ang 10 magagandang ideya sa pahina 12 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004).

***PATULOY NA MAGTIYAGA.*** Tulad ng nakasaad sa kuwento sa kanan, kung minsan ay kailangan ng maraming paanyaya bago dumating ang tamang panahon. Patuloy na magbahagi, patuloy na maging magiliw, at huwag panghinaan ng loob. Alam ng Panginoon ang inyong mga pagsisikap at pagpapalain Niya kayo. (Tingnan sa D at T 98:2.) ■

## PAULIT-ULIT AKONG NAG-IMBITA

Ni Meiry Susana da Silva Rosa

Alam ko na dapat ibahagi nating lahat ang ebanghelyo, pero kailanman ay hindi pa ako nagtagumpay. Gayunman, sa isang Spanish course na kinuha ko, nakilala ko ang binatang si Tiago. Naging magkaibigan kami at madalas kaming maglakad nang sabay pauwi mula sa paaralan. Isang araw napadaan kami sa isang bagong tayong LDS chapel.

"Ilang taon na akong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," sabi ko. Ibinahagi ko sa kanya ang ilan sa mga bagay na pinaniniwalaan natin, at kung gaano pinagpala ang pamilya namin dahil sa ebanghelyo. Inimbitahan ko siyang dumalo sa mga pulong sa darating na Linggong iyon sa ganap na alas-9:00 n.u.

Sumapit ang Linggo at sabik akong naghintay, pero hindi siya dumating. Nang sumunod na linggo, inimbitahan ko siyang muli. Ginawa ko ito linggu-linggo sa loob ng dalawa o tatlong buwan. Lagi siyang may dahilan kung bakit hindi siya nakakapunta: "Gabing-gabi na akong natulog," "Pagod ako," "Nagkaproblema." Pero patuloy ko pa rin siyang inimbitahan, at parang ayos lang sa kanya.

Isang Linggo ng umaga naupo ako sa isa sa mga upuan sa bandang likod ng chapel. Ilang minuto pa bago magsimula ang pulong nang may tumawag nang mahina sa pangalan ko. Napatingin ako sa pintuan, at naroon si Tiago!

"Hindi ba nangako ako sa iyo na darating ako isang araw?" sabi niya. Dumalo siya sa sacrament meeting, at nagulat ako nang tapusin niya ang iba pang mga pulong at tila nasiyahan siya nang ipakilala ko siya sa mga missionary. Nagsimula siyang magpaturo sa kanila nang regular. Nag-uusap pa rin kami ni Tiago habang naglalakad pauwi mula sa paaralan, ngunit ang mga pag-uusap namin ay tungkol sa mga katotohanang natututuhan niya. Nasagot ko ang mga tanong niya at nakapagpatotoo ako. Sa wakas, nagkaroon siya ng sariling patotoo at sumapi sa Simbahan.

Ngayon ay full-time missionary ako sa Brazil Santa Maria Mission. Bago ako umalis papuntang misyon, nagsumite rin ng application si Tiago para maging full-time missionary, at naglilingkod siya ngayon sa Brazil Manaus Mission.

Tumanggap ako ng liham mula sa kanya kamakailan. "Salamat sa paulit-ulit mong pag-imbita sa akin na magsimba," pagsulat niya. "Walang hanggan ang pasasalamat ko." Masaya ako dahil hindi ko lamang naibabahagi ang ebanghelyo araw-araw kundi alam ko na ito rin ang ginagawa ni Tiago.

*Ang awtor ay mula sa São Paulo, Brazil.*

*Subukan ang 11 madaling paraang ito para maibahagi ang ebanghelyo sa karaniwang mga pakikipag-usap.*

# MAG-IMBITA AT MAG-FOLLOW UP

Kung gusto mong magbahagi ng ebanghelyo ngunit kinakabahan ka o hindi ka sigurado kung paano ito gawin, ang artikulong ito ay para sa iyo. Ang pagbahagi ng ebanghelyo ay higit pa sa pag-imbita sa mga kaibigan mo na magpaturo sa mga missionary. Magandang ideya iyan, ngunit napakarami pang ibang bagay na magagawa mo upang “imbitahin ang iba na lumapit kay Cristo” (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* [2004], 1). At ito ay mas madali kaysa inaakala mo. Siguro makakatulong ang analohiya ng football.

Alam ng mahuhusay na manlalaro kung paano at kailan ipapasa ang bola sa kanilang ka-team para mabigyan sila ng pagkakataong makasulong. Ang pag-aanyaya sa iba na alamin ang tungkol sa ebanghelyo ay tulad ng pagpapasa ng bola, kaya lang sa halip na bigyan sila ng pagkakataong makapuntos, binibigyan mo sila ng pagkakataong lumapit kay Cristo.

Narito ang ilang ideya na magagawa mo. Manalangin para sa inspirasyon at maging malikhain kapag iniangkop mo ang mga ideyang ito sa mga interes o sitwasyon ng iyong mga kaibigan. Pagkatapos ay suportahan sila!

PAGLALARAWAN NI SUZY GERHART; MGA PAGLALARAWAN NI DUSTON TODD



## Imbitahan ang isang kaibigan sa Mutwal

May kaibigan kang mahilig sa sports. Kaya kapag narinig mo na ang aktibidad sa Mutwal sa linggong ito ay gabi ng isports, matatanto mo na perpektong pagkakataon ito na imbitahin siya.

## Imbitahan ang isang kaibigan na magkasama ninyong panoorin ang pangkalahatang kumperensya

Nakikinig ka sa isang mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya sa iyong MP3 player habang naglalakad ka papasok sa paaralan. Nagtanong ang isang kaibigan kung ano ang pinakikinggan mo. Sabihin mo sa kanya ang totoo—nakikinig ka sa mga salita ng buhay na propeta ng Diyos. "Ano ang ibig sabihin niyan?" tanong ng kaibigan mo. Ipaliwanag ang tungkol sa mga makabagong propeta at apostol at pagkatapos ay itanong sa kaibigan mo kung gusto niyang sumama sa iyo sa Abril upang marinig ang sinasabi ng mga lider na iyon.


## Magbahagi ng isang artikulo mula sa *Liahona*

May isang artikulo sa huling isyu ng *Liahona* na nagpaalala sa iyo ng pag-uusap ninyo ng isa sa mga kaibigan mo. Ibahagi ang iyong kopya ng magasin (o isang online link) sa kanya at anyayahan siyang basahin ang artikulo.

## Ikuwento sa iba ang Aklat ni Mormon

Mithiin ng ward ninyo na mabasa ang buong Aklat ni Mormon bago matapos ang taon, kaya't dinala mo ang iyong mga banal na kasulatan sa paaralan. Napansin ng isa sa mga kaibigan mo ang aklat at nagtanong tungkol dito, kaya't ipinaliwanag mo kung ano ang Aklat ni Mormon at pinatotohanan mo ito.

*Basahin ang kuwento ni Kenneth sa katapusan ng artikulong ito para malaman ang nangyari nang makita niya ang isang miyembro ng Simbahan na may dalang Aklat ni Mormon sa eskuwelahan.*



**MAG-IMBITA AT MAG-FOLLOW UP**

"Pinatototohanan ko na kapag nagtulungan tayo, sa paghahanap sa isang tao, pag-iimbita, at pag-follow up nang may tiwala at pananalig, ang Panginoon ay ngingiti sa atin at matatagpuan ng libu-libo sa mga anak ng Diyos ang layunin at kapayapaan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pag-Follow Up," *Liahona,* Mayo 2014, 81.**

## Imbitahan ang isang kaibigan sa isang sayawan sa Simbahan

Inimbita ka ng matalik mong kaibigan nitong Biyernes, ngunit may sayawan sa Simbahan sa gabing iyon. Sa halip na tanggihan lang ang kanyang imbitasyon, yayain mo siya sa sayawan!

## Imbitahang magsimba ang isang kaibigan

Hinilingan kang magturo ng isang bahagi ng lesson sa Linggo. Kapag nagtanong ang isang kaibigan kung ano ang gagawin mo sa linggong ito, sa halip na hindi banggitin ang mga plano mo sa Linggo, ipaliwanag na magtuturo ka ng isang bahagi ng aralin sa simbahan. Mag-uusisa ang kaibigan mo, kaya yayain mo siyang sumama sa iyo para marinig ka niyang magturo.

## Ipakita sa mga kaibigan mo ang Mormon.org

Maraming tanong ang mga kaibigan mo tungkol sa ating mga pinaniniwalaan, kaya ipakita mo sa kanila ang Mormon.org na tutulong sa pagsagot sa kanilang mga tanong.



## MALILIIT NA HAKBANG SA LANDAS TUNGO SA PAGBABALIK-LOOB

Sa unang araw sa bago kong paaralan, napansin ko ang isang dalagita na kakaiba sa ibang estudyante. Mahirap ang kanyang buhay, at lagi siyang tinutukso ng iba pang mga estudyante. Dahil magkatabi ang locker namin, mas nakilala ko siya kalaunan. Siya ay mabait, pero nakasanayan na niyang magmura.

Ipinaliwanag ko sa kanya ang mga paniniwala ko at mga pamantayang itinuro sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Interesadung-interesado siya. Ilang linggo ko siyang inimbita sa Mutwal, at talagang sinikap niyang alisin ang kanyang pagmumura.

Kalaunan ay binigyan ko siya ng kopya ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at kopya ng *Tapat sa Pananampalataya*. Sa eskuwela kinabukasan sinabi niya na marami siyang bagong natutuhan sa dalawang buklet na iyon. Inimbita ko siya sa Mutwal nang gabing iyon, at habang magkasama kaming naglilinis pagkaraan niyon, sinabi niya, "Hannah, puwede ba akong magpabinyag?"

Natigilan ako. Hindi pa ako kailanman nakatulong sa iba na maging miyembro ng Simbahan. Sandali akong nanatiling nakatayo sa kinaroroonan ko—hindi ako makapagsalita—pero sa wakas ay hinawakan ko siya at nagpunta kami sa isang miyembro ng Young Men presidency, na tumulong sa aking kaibigan na makausap ang mga missionary para makapagsimula siya sa paghahanda para sa binyag.

Ang saya-saya ko na nagpasiya ang kaibigan ko na magpabinyag. Ang isiping nakatulong ako sa kanya sa landas ng pagbabalik-loob ay napakasaya. Nag-isip ako kaagad ng mga paraan kung paano ko tutulungan ang iba na madala sa landas ding iyon.

*Hannah Christensen, Idaho, USA*

### Ibahagi ang isang talata sa banal na kasulatan sa text message

Sa pag-aaral mo ng banal na kasulatan sa umaga, nabasa mo ang isang talata na talagang makakatulong sa isang kaibigang may problema nitong mga huling araw. Padalhan mo siya ng text message para ipaalam na naaalala mo siya at nakakita ka ng isang talata sa banal na kasulatan na maaaring magustuhan niya.

### Imbitahan ang isang tao sa hapunan

Magluluto si Itay ng masarap niyang spaghetti sa linggong ito! Napansin mo ang isang bagong estudyante sa inyong paaralan na tila walang gaanong kaibigan, kaya nagpasiya kang imbitahin siya na maghapunan kasama ng iyong pamilya. Kung Lunes ng gabi iyon, maaari mo ring hilingin sa kanya na sumali sa family home evening pagkatapos ng hapunan.

### Magpatulong sa isang kaibigan sa paggawa mo ng proyekto para sa Pansariling Pag-unlad o Tungkulin sa Diyos

Kapag nagplano ka ng isang malaking proyekto, alam mo na kakailanganin mo ng tulong, kaya magpasiya kang magpatulong sa mga kaibigan mong hindi miyembro. Ito ang magbibigay sa iyo ng pagkakataong ipaliwanag kung bakit ka naglilingkod, at maaari din kayong masiyahang maglingkod nang magkasama.

### Bigyan ang isang kaibigan ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*

Kung magtanong ang isang kaibigan kung bakit mo ipinamumuhay ang ilang pamantayan, bigyan siya ng kopya ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at sabihin kung paano ka sumaya sa pamumuhay ng mga pamantayan.

*Basahin ang kuwento ni Hannah sa artikulong ito para makita kung paano niya ibinahagi ang buklet na ito sa isang kaibigan.*

## GUSTO MO BANG MALAMAN ANG TUNGKOL SA RELIHIYON KO?

May kakaiba kay Apryl. Hindi ko masabi kung ano talaga iyon, pero anuman iyon, magandang kaibhan iyon. Kalaunan ay natuklasan ko na isa siyang Banal sa mga Huling Araw.

Isang araw sa tanghalian, naupo ako sa isang mesang bakante—bakante maliban sa mga aklat ni Apryl na maayos na nakasalansan. Nasa ibabaw ng salansan ang Aklat ni Mormon. Dumukwang ako at kinuha ko iyon.

"Tinitingnan ko ang aklat mo," sabi ko kay Apryl nang dumating siya makalipas ang ilang minuto dala ang lunch tray niya. "OK," sabi niya, na medyo nagulat.

Binasa ko ang ilang pahina at naging interesado ako. Naniniwala ako sa Diyos, pero bilib din ako sa siyensya. Gayunman, ang nabasa ko ay tila totoo. Maaaring nangyari nga ito. At kung talagang nangyari nga ito, ano ngayon ang gagawin ko? Naantig ang kaluluwa ko nang pag-isipan ko ito.

Pagkatapos ng tanghalian, ibinalik ko ang aklat kay Apryl at nagpunta sa kasunod na klase ko. Tuwang-tuwa ako sa nabasa ko sa Aklat ni Mormon, pero nahihiya pa rin akong kausapin siya tungkol dito.

Ilang linggo kalaunan, habang nag-aaral nilapitan ako ni Apryl na seryoso ang mukha. "Talaga bang interesado kang pag-aralan ang relihiyon ko?" tanong niya. Interesado ako, at sinabi ko iyon sa kanya. "May espesyal na pulong sa darating na Biyernes para sa mga taong gustong makaalam tungkol sa aming simbahan," sabi niya. "Naisip ko na baka gusto mong pumunta."

Pumunta nga ako. Sa pulong, ipinaliwanag ng mission president ang ilang pangunahing doktrina ng Simbahan. Lahat ng sinabi niya ay naging makabuluhan sa akin. Di-nagtagal nagsimula na akong magpaturo sa mga missionary. Hindi ako agad nagpabinyag, pero matapos ang pag-aayuno at pagdarasal, nagkaroon ako ng sariling patotoo at nabinyagan.

Malaki ang naging kaibhan ng buhay ko nang lubos kong tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo. At magandang kaibhan iyon.

*Kenneth Hurst, Alabama, USA*

### Huwag kalimutang mag-follow up

Matapos mag-imbita, ang susunod na hakbang ay mag-follow up. Sa football, alam ng pinakamahuhusay na manlalaro na hindi pa tapos ang kanilang trabaho kapag naipasa na nila ang bola—kailangan nilang magpatuloy at pumunta sa lugar na mapapasahan sila ng bola.

Ang pag-follow up ay kasing-simple ng pagtatanong sa kaklase mo kung ano ang saloobin niya tungkol sa talata sa banal na kasulatan na ibinahagi mo o kung ano ang nadama ng kaibigan mo pagkatapos siyang sumama sa iyong magsimba.

Para sa halimbawa kung paano nabago ng pag-follow up ang buhay ng isang binatilyo, basahin ang kuwento ni Kenneth.

Kapag nag-follow up ka matapos anyayahan ang iba na alamin ang tungkol sa iyong mga paniniwala, ipinapakita mo na nagmamalasakit ka sa kanilang kaligayahan. Madarama nila ang iyong taos-pusong hangaring tumulong at hindi sila maaasiwang magtanong pa sa iyo sa hinaharap. ■



*Ito ba ang sekreto na dapat itago ni Luisa?*



**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

*"Pagmamahal ko'y inyong tularan, ang bagong utos ay magmahalan" ("Mahalin ang Bawat t isa,"* Mga Himno, *blg. 196).*

Isinara ni Luisa ang kanyang aklat sa math nang tumunog ang bell. Hindi rin naman siya nakapagpokus sa mga sasagutan sa math sa nakaraang oras.

Naglabasan na ang iba pang mga estudyante. Iyon ang huling klase sa araw ng Biyernes. Karaniwan ay natutuwa si Luisa kapag katapusan na ng linggo. Pero ngayon ay wala siyang maramdaman kundi pag-aalala simula noong tanghalian. Iyon ay nang magtanong ang kanyang matalik na kaibigan na si Carlotta: "Kaya mo bang magtago ng sekreto?"


Sa oras na iyon, bumaling si Luisa at sabik na tumango. Mahusay siyang magtago ng sekreto. Naisip niya na tiyak na magkukuwento sa kanya si Carlotta tungkol sa cute na batang lalaking crush niya.

Pero hindi nakakatuwa ang sekreto ni Carlotta.

Naudlot ang pag-iisip ni Luisa dahil sa isang tinig. Kumurap siya at tumingala mula sa kanyang upuan. "May tanong ka ba tungkol sa

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

# Pagsasabi ng MGA SEKRETO



"Ang kaibigan ay kumakalinga. Ang kaibigan ay nagmamahal. Ang kaibigan ay nakikinig. At ang kaibigan ay dumadamay."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Sa Pagsaklolo," *Liahona*, Hulyo 2001, 59.**

homework mo, Luisa?" tanong ng kanyang guro. Lumabas na ng silid ang iba pang mga estudyante.

"Wala po," sagot ni Luisa. Tumitig siya sa mga mata ng kanyang guro. Talagang *kailangan* niyang sabihin iyon sa iba! Pero nangako siya kay Carlotta na hindi gagawin iyon.

"Kailangan ko pong humabol sa bus," mabilis na sinabi ni Luisa. Isinuot niya ang kanyang coat at nagmamadaling lumabas sa malamig na hangin.

Habang sakay ng bus pauwi, kabadong-kabado si Luisa at halos hindi niya ito makayanan. Dama niyang nagsikip ang kanyang dibdib, na para bang mahirap huminga.

Patuloy na naiisip ni Luisa ang tungkol sa sekreto ni Carlotta. Sa tanghalian sinabi ni Carlotta na may ginagawa siyang mapanganib. Hindi pa rin makapaniwala si Luisa sa narinig niya. Akala niya kilala niya ang matalik niyang kaibigan! Hindi niya akalain na gagawa si Carlotta ng isang bagay na nakakatakot tulad niyon. Pagkatapos ng tanghalian, pinapangako ni Carlotta si Luisa na hinding-hindi niya iyon sasabihin kahit kanino.

Pero paano kung masaktan si Carlotta?

Sinikap ni Luisa na huwag pakinggan ang tawanan at usapan sa kanyang paligid sa bus habang nakapikit siya at nananalangin sa kanyang puso.

"Ama sa Langit, ipaalam naman po Ninyo sa akin kung ano ang dapat kong gawin. Ayaw ko pong magalit ang kaibigan ko sa akin. Pero ayaw ko rin po na may masamang mangyari sa kanya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen."

Parang mas mahaba ang nilakad niya pauwi kaysa rati. Mahalata kaya ni Inay na may problema si Luisa pagdating nito sa bahay? Ano ang dapat niyang sabihin?

Habang nakatingin sa niyebe sa lupa, naalala ni Luisa ang batuhan ng snowball na sinimulan nila ni Carlotta kasama ang ilang mga bata sa parke noong nakaraang linggo. Napakasaya niyon! Naisip niya ang iba pang mga bagay na gustung-gusto nilang gawin ni Carlotta nang magkasama. Paggugol ng oras nang magkasama. Hiking. Paggawa ng homework. Paglalaro ng isports.

Ano kaya kung ipagsabi ni Luisa ang kanyang sekreto at ayaw na siyang kaibiganin ni Carlotta? Lalong sumama ang pakiramdam ni Luisa sa kaiisip.

Pagkatapos ay may iba pa siyang naisip. Ang pinakamahalaga ngayon mismo ay kung ano ang pinakamainam para kay *Carlotta*—hindi kung ano ang iisipin ni Carlotta tungkol sa *kanya*. Kailangan ni Carlotta ng isang tunay na kaibigan, isang kaibigan na tutulungan siyang maging ligtas. Alam ni Luisa na ginagawa palagi ni Jesus ang pinakamainam para sa iba, kahit hindi Siya gusto ng ilang tao.

Alam ni Luisa kung ano ang kailangan niyang gawin. Kailangan niyang kausapin si Inay tungkol dito. Tatawagan din niya si Carlotta at sasabihin sa kanya kung gaano siya nag-aalala at kailangan niya ang tulong ng isang nakatatanda. Baka pagkatapos noon ay kausapin din ni Carlotta ang nanay niya.

Gumaan ang pakiramdam ni Luisa nang makarating siya sa pintuan nila sa harapan ng bahay.

"Inay?" pagtawag niya nang pumasok siya. "Puwede po ba tayong mag-usap?"

Baka magalit si Carlotta, pero alam ni Luisa na ito ang tamang gawin. Magiging tunay siyang kaibigan.

May ilang sekreto na napakahalagang itago. ■

# KAILAN Ako Dapat Magsumbong?

**Ni Jan Pinborough**
Mga Magasin ng Simbahan



### *Kung may isang tao na—*

Gumagawa ng masama
Umiinom ng gamot na hindi inireseta sa kanila
Kumakain, umiinom, o sumisinghot ng isang bagay na kakaiba
Sinasaktan ang kanilang katawan
Gumagawa ng isang bagay na ayaw nilang malaman ng matatanda

### *Kung may isang tao na—*

Pinipilit kang gawin ang anuman mula sa nakalista sa itaas
Nagpapakita ng mga larawan ng mga taong nakahubad
Sinasabihan kang tingnan o hawakan ang kanilang katawan o ipatingin o pahawakan mo sa kanila ang iyong katawan
Inuutusan ka na ilihim ang isang bagay na alam mong mali
Nananakot o walang galang makipag-usap sa iyo o sa ibang tao—nang harapan, sa pamamagitan ng text, o online

### *Kung may anuman—*

Na sa pakiramdam mo ay nanganganib ka o asiwa ka
Na tila hindi tama o pakiramdam mo ay masama

Makinig sa Espiritu Santo at magtiwala sa nararamdaman mo!

### Kanino Ako Dapat Magsumbong?


Sa magulang, lolo o lola, o tagapag-alaga
Guro o tagapayo sa paaralan
Guro o lider sa Simbahan
Nakatatandang kapatid na lalaki o babae
Doktor
Isang kaibigan na matutulungan ka na magsumbong sa isang matanda

Hindi mo kailangang itagong mag-isa ang sekreto. Matutulungan ka ng isang matanda na malaman kung ano ang dapat mong gawin. Magsumbong ka lang sa mga tao hanggang sa makuha mo ang tulong na kailangan mo.

Maging matapang! Ikaw ay malakas. Ang pagsasalita at pagsusumbong ay makatutulong sa iyo at sa iba pa na maging ligtas! ■

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

# Bakit tayo dapat **MAKINIG** sa pangkalahatang kumperensya?



**Ni Elder Robert D. Hales**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay natatanging mga saksi ni Jesucristo.*



PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

*Mula sa "Pangkalahatang Kumperensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo,"* Liahona, *Nob. 2013, 6–8.*

Nangangako ako na kung makikinig kayo, madarama ninyo ang Espiritu.

Matatanggap natin ang salita ng Panginoon na nakalaan para sa atin.

Sa pamamagitan ng mga [pangkalahatang] kumperensya ang ating pananampalataya ay tumatatag at ang ating patotoo ay lumalalim.

Kung mananalangin kayo nang may taimtim na hangaring marinig ang tinig ng inyong Ama sa Langit sa mga mensahe ng kumperensya, matutuklasan ninyo na nagsalita Siya sa inyo para tulungan kayo.

# Paghahanda

Nagpakita si Jesucristo ng perpektong halimbawa na dapat nating tularan. Magagamit ninyo ang aktibidad na ito para malaman ang iba pa tungkol sa Kanya at maging handa kayo para sa Paskua. Magsimula sa numero 1 sa Linggo bago sumapit ang Paskua. Bawat araw, magbasa tungkol kay Jesus at sagutin ang tanong. Pagkatapos ay gupitin ang katugmang larawan at idagdag ito sa tsart.







1. Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng Kanyang mga disipulo at inaliw sila sa pagsasabing, “Huwag magulumihahan ang inyong puso, ni matakot man (Juan 14:27). Ano ang magagawa ninyo para mapaglingkuran o mapanatag ang kalooban ng isang kaibigan ngayon?

2. Sa Huling Hapunan, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na tumanggap ng sakramento. Sinabi Niya sa kanila, “Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin” (Lucas 22:19). Ano ang isang paraan na magiging mas mapitagan kayo sa oras ng sakramento?

3. Nang simulan ni Jesus ang Pagbabayad-sala sa Halamanan ng Getsemani, ginawa Niya ang ipinagawa sa Kanya ng Ama sa Langit, kahit napakahirap nito. “Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo” (Lucas 22:42). Ano ang isang paraan na magiging mas masunurin kayo sa simbahan, paaralan, o tahanan?

MGA PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

# para sa Paskua



4

4. Nang saktan ng mga tao si Jesus habang nakapako Siya sa Krus, sinabi Niya, "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34). Bakit mahalagang patawarin ang ibang tao?



5. Siniguro ni Jesus na maaalagaan ang Kanyang ina pagkamatay Niya. Sinabi niya kay Juan, "Narito, ang iyong ina," o ituring niya si Maria na parang sarili niyang ina (Juan 19:27). Ano ang magagawa ninyo para matulungan ang inyong mga magulang o tagapag-alaga?

5



6

6. Bago Siya namatay, nanalangin si Jesus sa Ama sa Langit at sinabi, "Sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu" (Lucas 23:46). Paano ninyo magagawang mas espesyal ang inyong mga panalangin?



7. Pagkamatay ni Jesus, muli Siyang nabuhay! Iyan ang dahilan kaya natin ipinagdiriwang ang Paskua. Binisita ni Cristo ang Kanyang mga disipulo matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli at sinabi, "Huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin" (Juan 20:27). Bakit napakahalaga ng Paskua?

7

# DAGLAING

**Batay sa panayam kay Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

Ako si Magnolia. Nagsisimba ako sa isang ward na Espanyol ang wikang ginagamit. Isang araw pumunta si Mia sa klase namin sa Primary. Ingles lang ang alam niyang wika. Gusto kong madama ni Mia na kabilang siya, kaya nagpasiya akong tulungan siya. Ako ang kanyang magiging *interpreter*!

### MARAMING PAGKAKATULAD

***Pareho kaming nabinyagan at nakumpirma. Pareho kaming mahilig sa musika, lalo na sa mga awitin sa himno at sa Primary. Pareho naming gusto ang family home evening. At pareho naming gustong basahin ang mga kuwento sa Liahona.***

### PAG-AGAPAY

***Noong una nahirapan akong umagapay sa pag-interpret para kay Mia. Binagalan ng mga guro ang pagsasalita para mabigyan ako ng sapat na panahon. Masaya kaming lahat na matulungan si Mia.***

Isinasalin ng interpreter ang mga salita ng isang taong nagsasalita sa ibang wika.



MAGNOLIA

### TULUNGAN MO KAMI!

Paano ka magpapakita ng pagmamahal sa pagtulong sa iba? Bakatin ang kamay mo at ipadala sa amin ang iyong kuwento at retrato, kasama ang pahintulot ng iyong magulang. Bumisita sa liahona.lds.org o mag-email sa liahona@ldschurch.org.



# Pagkaunawa



## IBINULONG NA TULONG

*Ako si Mia. Espanyol ang salita ng mga magulang ko, kaya nagsimba kami sa ward na Espanyol ang wikang ginagamit. Hindi ko maunawaan kung ano ang sinasabi ng mga tao. Nakita ni Magnolia na malungkot ako. Lumipat siya sa tabi ko at bumulong sa akin sa wikang Ingles.*

## PAANO KA MAKAKATULONG

Mga Tip mula kina Mia at Magnolia:

Kung may isang tao na:

- Bago lang sa simbahan o paaralan, ipadama sa kanya na kabilang siya.
- Di-gaanong nagsisimba, isama mo siya sa pagsisimba.
- Inaapi o sinasaktan, ipagtanggol siya. Magsumbong sa guro ninyo.
- Mukhang malungkot, isali mo siya.
- Kailangan ng kaibigan, kaibiganin mo siya. Sa pahintulot ng mga magulang mo, yayain mo siyang maglaro sa bahay ninyo.

Kung marunong ka ng ibang wika, magboluntaryo kang mag-interpret.



MIA

## MABUTING MAGKAIBIGAN

*Pagkatapos ng Primary, tinanong ko si Magnolia kung puwede ko siyang maging kaibigan. Pumayag siya. Mula noon, naging kaibigan at interpreter ko na si Magnolia. Tinulungan din niya akong magkaroon ng iba pang mga kaibigan.*

## GAWIN ANG GAGAWIN NI JESUS

*Kahit sino ay puwedeng makatulong sa mga tao, tulad ng pagtulong sa akin ni Magnolia. Manalangin. Ipapaalam sa iyo ng Ama sa Langit kung sino ang tutulungan. Parang katulad lang ito ng awiting, "If the Savior Stood Beside Me"* (Friend, *Okt. 1993, 14). Maaari nating subukang gawin ang ipinagagawa sa atin ni Jesus.* ■

Sabay-sabay na pag-aralan ang Bagong Tipan sa taong ito!

# Ang Kuwento Tungkol sa Taong Matalino at sa Taong Mangmang



## ANO ANG TALINGHAGA?

Ang talinghaga ay isang espesyal na uri ng kuwento. Ito ay kuwento tungkol sa mga simpleng bagay, gaya ng isang malakas na ulan o isang perlas, na pamilyar. Nagkuwento ng mga talinghaga si Jesus para ipaunawa sa mga tao ang mga espirituwal na katotohanan. Isang talinghaga ang nasa Mateo 13:44–46. Ano ang itinuturo nito tungkol sa kung gaano kahalaga ang ebanghelyo? Mahahanap ba ninyo ang iba pang mga talinghaga?

**Ni Jean Bingham**

Isang araw ninais ni Jesus na turuan ang mga tao kung paano manatiling malakas kahit mangyari ang mahihirap na bagay. Nagkuwento Siya sa kanila tungkol sa isang malakas na ulan, isang taong matalino, at isang taong mangmang. Nang bumagsak ang ulan, hindi bumagsak ang bahay ng taong matalino dahil nakatayo iyon sa ibabaw ng bato. Ngunit ang bahay ng taong mangmang ay bumagsak dahil nakatayo iyon sa buhanginan.

Itinuturo ni Jesus kung gaano kahalaga ang sumampalataya sa Kanya at sumunod sa Kanyang mga turo. Kapag nagkaroon tayo ng malakas na patotoo, nagiging sapat ang lakas natin para makatindig, anumang mahihirap na bagay ang mangyari. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## BATO O BUHANGINAN?

Sumulat ng mga aktibidad na gaya ng nasa ibaba sa mga piraso ng papel. Maghalinhinan sa pagpili at pagbasa sa mga ito nang malakas. Talakayin kung bakit maitutulad ang pagsasagawa ng bawat isa sa pagtatayo ng bahay sa ibabaw ng bato o buhanginan. Paano tayo natutulungan ng pakikinig sa mga propeta na masunod ang mga turo ni Jesus at makagawa ng matatalinong pasiya?

| | |
|---|---|
| Pagbabasa ng mga banal na kasulatan nang magkasama | Pandaraya sa mga aktibidad sa paaralan |
| Pagtanggap sa hamon | Pagsasali sa isang taong bagong salta |
| Pagsisimba | Paggamit ng masasamang salita |
| Isinisisi ang pagkakamali sa iba | Pakikipaglaro sa kapatid |
| Paggawa ng iyong homework | Pagbabahagi sa iba |
| Paggalang sa iba | Pag-uukol ng maraming oras sa paglalaro sa computer |
| Pagsasabi ng katotohanan | Pagkuha ng isang bagay na hindi sa iyo |
| Pagtahimik sa ginagawang pananakot ng iba sa isang tao | Pagdarasal tuwing umaga at gabi |
| Pakikinig sa pangkalahatang kumperensya | Pagsasali sa isang taong napag-iwanan |

## SINING SA BATO

Pumili ng isang makinis na bato. Gamit ang isang marker o pintura, sulatan ito ng "Jesucristo." Pag-usapan kung bakit napakahalagang itatag ang ating buhay sa Kanyang mga turo. Ilagay ang bato sa lugar na madalas ninyo itong makikita.




## TIP SA BANAL NA KASULATAN

Matutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na maunawaan ang Bagong Tipan. Basahin ang Helaman 5:12. Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa kahulugan ng salitang *bato* sa pagbasa sa talatang iyan? Hanapin ang "Bato" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan para tingnan kung may makikita kayong iba pang mga talata na tutulong sa inyo na mas maunawaan ito.


## PAG-UUSAP NG PAMILYA

Basahin ang Mateo 7:24–29 nang sabay-sabay. Maidodrowing din ninyo ang nangyayari sa kuwento. Pagkatapos ay maaari ninyong pag-usapan ang mga tanong na ito: Anong mga bagay sa buhay natin ang katulad ng ulan at hangin? Paano maitutulad ang paggawa ng mga desisyon ayon sa kung ano ang popular sa pagtatayo ng ating bahay sa buhanginan? Paano tayo napoprotektahan sa pagsunod sa mga turo ni Jesus at nagiging kasintibay ng bahay na nakatayo sa ibabaw ng bato? Pag-usapan ang mga paraan na mapapatatag ninyo ang inyong pananampalataya kay Jesucristo.

**Awit:** "Ang Matalino at ang Hangal" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 132)

**Banal na kasulatan:** Mateo 7:24–29


PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH



PAGLALARAWAN NI DAVID HELTON

**AKO AY MAHAL NG AMA SA LANGIT**

***"Mata'y likha N'ya nang makita, sari-saring kulay. At mga himig naririnig sa likha N'ya sa 'king pandinig. . . . Ako ay mahal ng Ama sa Langit"***
**(Aklat ng mga Awit Pambata, *16*).**



**Ni Bonnie L. Oscarson**
Young Women
General President

# MGA BANAL NA KASULATAN sa Ilalim ng mga Bituin



*"Espiritu'y dama, sa puso ko t'wina, nalalamang aklat ay tunay" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *66).*

Noong bata pa ako, mahilig kaming magkakapatid na matulog sa labas ng bahay tuwing tag-init. Naglalatag kami ng tulugan sa balkon, pagkatapos ay naghahanap kami ng mga konstelasyon sa mga bituin at nakikinig sa mga kuliglig hanggang sa makatulog kami.

Isang gabi nasa balkon kami ni Kuya Larry. Humiga kami at tiningnan ang mga bituin. Karaniwan ay hindi masyadong madaldal si Kuya Larry, pero nang gabing iyon ay sinabi niya na kukuwentuhan niya ako. Nagkuwento siya sa akin mula sa Aklat ni Mormon, simula kay Lehi at sa kanyang pamilya nang lisanin nila ang Jerusalem.

Narinig ko na noon ang mga kuwento mula sa Aklat ni Mormon sa Primary, pero nang ikuwento iyon ni Kuya Larry, kakaiba iyon. Parang mas totoo. Nang tumingala ako sa mga bituin at nakinig sa kuya ko, sumigla at sumaya ang puso ko. Bagaman hindi ko pa alam noon, nadama ko ang Espiritu Santo na sinasabi sa akin na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

Pagkaraan ng ilang buwan, nakakita ako ng isang aklat ng isinalarawang mga kuwento mula sa Aklat ni Mormon sa bahay namin. Nang simulan kong basahin ito, natuwa ako at napanatag tulad noong ikuwento sa akin ni Kuya Larry ang mga kuwentong iyon.

Pagkaraan ng ilang taon, habang sinisikap kong magpasiya kung mayroon na akong patotoo, medyo nalungkot ako na hindi pa ako nakatanggap ng malaki o matinding sagot. Ibig bang sabihin nito ay wala akong patotoo? Pagkatapos ay naalala ko ang nadama ko noong magkuwento sa akin ang kuya ko mula sa Aklat ni Mormon, at nabatid ko na *talagang* alam ko na ang Simbahan ay totoo.

Ang patotoo ay hindi laging dumarating nang biglaan at malakihan. Kadalasan ay dumarating ito sa maraming maliliit at tahimik na sandali kung saan ang Espiritu Santo ay bumubulong sa atin na ang mga bagay na ito ay totoo. ■

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY H. CLARK

# Pagtulog nang Maaga sa Araw ng Sabado at Pagngiti sa Araw ng Linggo

**Ni Miche Barbosa**

Batay sa tunay na buhay

*"Masaya ako sa tuwing ako'y nagsi-simba" (*Children's Songbook, *157).*

Gustung-gusto ni Mara na napapangiti ang mga tao. Napapangiti niya ang kanyang titser sa eskuwelahan kapag nagtataas siya ng kamay para magtanong. Napapangiti niya ang kanyang kapatid na si Marcella kapag magaganda ang sinasabi niya rito.

At ngumingiti rin si Mara. Ang ganda ng pakiramdam na napapangiti mo ang mga tao.

Pero may oras sa bawat linggo na halos hindi ngumi-ngiti si Mara. Ang oras na iyon ay tuwing Linggo ng umaga. Iyon ang oras na palaging pagod na pagod sina Mara at Marcella. Nagiging bugnutin sila dahil nagmamadali silang maghanda para magsimba. Pagkatapos ay mahaba pa ang lalakarin nila papunta sa simba-han. Mahigit sa isang milya ang layo niyon! Madalas mahuli sina Mara at Marcella. Hindi sila nakakadalo sa unang bahagi ng Primary.

"Nami-miss namin kayo kapag wala kayo rito sa takdang oras," sabi ni Sister Lima isang araw. Siya ang Primary presi-dent ng kanilang ward sa Brazil.

Alam ni Mara na dapat siyang makasimba sa takdang oras. Pero paano? Pagkatapos ay may naisip si Mara. Sa sumunod na Sabado ng gabi, nagpasiya





si Mara na gawin ang isang bagong bagay.

Sa halip na kumain ng meryenda pagkatapos ng hapunan, nagsipilyo ng ngipin si Mara. Kadalasan ipinapaalala ni Inay sa mga batang babae na isara ang TV at matulog na. Gayunpaman naglalaro pa sila at nagbubulungan habang nakatalukbong ng kanilang mga kumot hanggang maghating-gabi. Kung minsan dahil napuyat sila, hindi nila halos maidilat ang kanilang mga mata. Kinailangan nilang gumalaw-galaw para hindi sila makatulog.

Ngayong gabi isinuot ni Mara ang kanyang padyama at nahiga na sa kama. Hindi na siya kailangang paalalahanan ni Inay. Sinimulan niyang tingnan ang mga larawan sa harap ng kanyang Aklat ni Mormon.

"Ano ang ginagawa mo?" tanong ni Marcela.

"Isang eksperimento," sabi ni Mara. Ang isipan niya ay puno ng masasayang kaisipan. At inaantok na rin siya.

Nagising na lang si Mara na pumapasok na ang sinag ng araw sa kanyang bintana. Oras na para maghandang magsimba. Sa halip na makadama ng pagkayamot, maganda ang pakiramdam ni Mara. Hindi masakit ang ulo niya. Hindi pagod ang katawan niya.

Dumating siya sa Primary bago pa nagdatingan ang ilan sa mga lider.

"Salamat sa pagiging mabuting halimbawa mo sa ibang mga bata," sabi ni Sister Lima.

Ngayon napapangiti na si Mara. Nagpasiya siya na laging matutulog nang maaga sa araw ng Sabado. Sa ganyang paraan makakangiti siya sa lahat ng tao sa buong araw ng Linggo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK



**Ni Elder Orson F. Whitney (1855–1931)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



NAGPAKITA ANG PANGINOON SA KIRTLAND TEMPLE, NI DEL PARSON

# NAKATAYO SA BATO

*Hindi sapat ang malaki o magandang aklat para mamuno sa Simbahang ito.*

Maraming taon na ang nakalipas dumating sa Utah ang isang matalinong pastor ng [ibang] simbahan. Galing siya sa isang "Mormon" sacrament meeting at maraming pintas sa paraan ng pangangasiwa natin sa Hapunan ng Panginoon, lalo na sa paggamit natin ng tubig sa halip na alak sa gayong mga pagkakataon. Kinilabutan daw siya nang makita niyang hinihigop ng mga tao ang tubig; at binigyang-diin ang isang katotohanan, at totoo naman, na ayon sa Biblia ang Tagapagligtas, nang pasimulan Niya ang sakramento sa mga Judio, ay gumamit ng alak, at sinabing ito ang Kanyang dugo o sagisag ito ng Kanyang dugo. Masasabi kong nakasaad din sa Aklat ni Mormon na gumamit ng alak ang Tagapagligtas nang pasimulan Niya ang sakramento sa mga Nephita.

Batid man o hindi ng aking . . . kaibigan, napuna niya ang kakaibang katangian ng Simbahan ng Diyos sa lahat ng iba pang simbahan sa lupa—ito ay, na samantalang nakasalig sila sa mga aklat at tradisyon at mga panuntunan ng tao, ang Simbahang ito ay nakatayo sa bato ni Cristo, sa alituntunin ng agaran at patuloy na paghahayag. Hindi ginagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga bagay-bagay dahil lamang sa nakasaad ang mga ito sa isang aklat [ng banal na kasulatan]. Hindi nila ginagawa ang mga bagay-bagay dahil sinabi ng Diyos sa mga Judio na gawin ang mga ito; ni hindi nila ginagawa o iniiwang hindi nagawa ang anumang bagay dahil sa mga tagubilin ni Cristo sa mga Nephita.

Anuman ang [opisyal na] ginagawa ng Simbahang ito ay dahil sa ang Diyos, na nangungusap mula sa langit sa ating panahon, ay nag-utos sa Simbahang ito na gawin ito. . . . Ganyan ang pagkakatatag ng Simbahan ni Cristo. Gumagamit man tayo ng tubig sa halip na alak sa [sakramento] ng Hapunan ng Panginoon, iyon ay dahil iniutos ito ni Cristo [tingnan sa D at T 27:1–4].

Ang banal na paghahayag ay umaakma sa mga sitwasyon at kalagayan ng tao, at nagkakaroon ng mga pagbabago habang patuloy na sumusulong ang gawain ng Diyos tungo sa tadhana nito. Hindi sapat ang malaki o magandang aklat para mamuno sa Simbahang ito.

Sa pagsasabi nito, nagsasalita ako nang may lubos na pagpipitagan sa nakasulat na salita ng Diyos, na nakalimbag sa mga aklat, na may bahaging maaaring lipas na, dahil natupad na ang layunin nito at naitabi na [tulad ng pagsasakripisyo ng mga hayop; tingnan sa 3 Nephi 9:19–20], samantalang ang ibang bahagi ay may bisa pa, puno ng buhay, at angkop sa kalagayan natin sa kasalukuyan—sa antas ng ating pag-unlad ngayon. Ngunit kahit ang bahaging ito ay dapat unawain nang wasto. Hindi dapat makipagtalo ang sinuman tungkol sa nakasulat sa mga aklat, para labanan ang sugo ng Diyos, na nangungusap para sa Kanya at nagbibigay-kahulugan sa Kanyang salita [tingnan sa D at T 1:37–38]. Ang gayong pakikipagtalo ay pagpanig sa lumang sulat kaysa sa mga salita ng buhay na propeta, na palaging maling pagpanig.

Ang sinabi ng Panginoon sa mga Judio at Nephita 2,000 taon na ang nakalipas o sa mga Banal sa mga Huling Araw 50 o 60 taon na ang nakalipas ay walang bisa maliban kung umaayon ito sa paghahayag sa kasalukuyang panahon, sa pinakabagong mga tagubilin ng Panginoon sa Kanyang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang pinili o hinirang na lingkod o mga lingkod; at sila na nagbabalewala sa katotohanang ito ay mapapahamak. ■

*Mula sa mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Okt. 7, 1916, ayon sa muling pagkalimbag sa "Nakatayo sa Bato,"* Liahona, *Hunyo 2010, 12–13.*

# MGA KABATIRAN



## Ano ang papel ng ama bilang magulang?

"Ang mga ama ay nagbabasbas at nagsasagawa ng mga sagradong ordenansa para sa kanilang mga anak. Ito ang magiging pinakamahalagang espirituwal na pangyayari sa kanilang buhay. Ang mga ama ang personal na namumuno sa mga panalangin ng pamilya, araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan, at lingguhang family home evening. Ang mga ama ang lumilikha ng mga tradisyon sa pamilya… Ang mga espesyal na panahong ito na magkakasama ang pamilya ay hinding-hindi malilimutan ng kanilang mga anak. Regular na kinakausap nang sarilinan ng mga ama ang kanilang mga anak at tinuturuan sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Itinuturo ng mga ama sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng pagtatrabaho at tinutulungan silang magtakda ng mabubuting mithiin sa sarili nilang buhay. Ang mga ama ay nagpapakita ng halimbawa ng katapatan sa paglilingkod sa Simbahan. Tandaan sana ninyo, mga kapatid, ang inyong sagradong tungkulin bilang ama sa Israel—ang inyong pinakamahalagang tungkulin sa panahong ito at sa kawalang-hanggan."

**Elder L. Tom Perry** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagkakaroon ng Walang-Hanggang Kapayapaan at Pagbubuo ng mga Walang-Hanggang Pamilya," *Liahona,* Nob. 2014, 44–45.

# Makitipon sa Pamilya, mga Kaibigan, at Kapitbahay

## Para sa Ika-185 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

**Abril 4–5, 2015:** Pangkalahatang mga sesyon para sa lahat ng miyembro

**Marso 28, 2015:** Ang pangkalahatang sesyon ng kababaihan para sa mga babaing walong taong gulang pataas

**Abril 4, 2015:** Ang sesyon ng priesthood para sa mga lalaking 12 taong gulang pataas

Lahat ng sesyon ay idaraos sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, at ibobrodkast sa mga meetinghouse sa iba't ibang panig ng mundo. Maaari ninyong panoorin o pakinggan ang kumperensya nang live sa maraming wika sa LDS.org at sa limitadong mga wika sa BYUtv, mga Mormon Channel platform, at sa LDS general conference YouTube channel. Ang mga archive ng mga mensahe ay makukuha sa LDS.org at sa Gospel Library app.



TAGALOG
4 02125 63893 7

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW